
2025
JAN - MAR

Vol. 101, No. 1

**Pansabadong mga Aralin sa Biblia**

Sangay ng Nakatatanda



UNANG BAHAGI

# *Mga Aral Mula sa Ebanghelyo* Ayon kay Juan

Ang inibig na alagad ay ipinakilala si Jesu-Cristo,
ang walang hanggang Anak ng Dios at banal na panlunas
para sa kasalanan ng buong sanglibutan.

# Mga Nilalaman


1. Ang Ebanghelyo Ayon kay Juan ........ 5
2. Ang Kordero ng Diyos ........ 10
3. Ang Kasalalan sa Cana ........ 15
4. Si Hesus sa Templo ........ 20
5. Si Jesus at si Nicodemo ........ 26
6. Ang Pagkilos ng Banal na Espiritu ........ 31
7. Si Jesus at si Juan Bautista ........ 36
8. Si Jesus at ang Babaeng Samaritana ........ 41
9. Ang Kapanganakan ng Isang Misyonero ........ 47
10. Si Jesus at ang Anak na Lalaki ng Mahal na Tao ........ 52
11. Si Jesus at ang Paralitiko sa Bethesda ........ 57
12. Ang Kapamahalaan ng Anak ........ 62
13. Jesus Feeds the Multitude ........ 67


*Pansabading Mga Aralin sa Biblia*, isang programang pang-araw araw na pag-aaral, ay nakabatay lamang sa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maikli hangga't maaari upang makapagbigay ng buod, direktang mga kaisipan. Ang mga panaklong [ ] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon upang magbigay-linaw, wastong pagkakaugnay ng kahulugan, at maalwang pagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga sinipinh babasahin ay mariing iminumungkahi.


**Mga Ilustrasyon**: Goodsalt on the front cover; Map Resources on pp. 4, 46, 72.



Copyright © 2025 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA.


Telephone: 1-540-362-1800 • Web: www.sdarm.org • E-mail: info@sdarm.org



*Sabbath Bible Lessons* (USPS 005-118), Vol. 101, No. 1, Enero–Marso 2025. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

**U.S.A. and Canada**
Contact: Telephone 1-540-366-9400 • Website: www.reformationherald.com • E-mail: info@reformationherald.org

Annual subscriptions in U.S.A.: U.S. $22.00. Large print $33.00. International $21.00 plus shipping. Large print international $31.00 plus shipping. Single copies $6.00. Large print $9.00. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons , P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.

**Australia**
Contact: Telephone 61-2-9627-7553 • Fax 61-2-9627-7554 • Website: www.sdarm.org.au • E-mail: info@sdarm.org.au

Annual subscriptions in Australia: AU $34.00 (individual copies $8.50). Other countries, AU $34.00 plus shipping. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address below. Pansabadong mga Aralin sa Biblia, P.O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.

**South Africa**
Contact: Telephone & Fax 27-011-336-7064 • Website: www.sdarm sa.org.za • E-mail: admin@sdarm sa.org.za

Annual subscriptions in South Africa: R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.

# Paunang Salita

Sa taong ito, ating pag-aaralan sa apat na quarter Ang Ebanghelyo Ayon kay Juan. Sa kapakumbabaan, ang may-akda ng ikaapat na ebanghelyo ay hindi ipinakilala ang kanyang sarili, ni hindi siya gumawa ng anumang pagtukoy sa kanyang sarili bilang isa sa dalawang disipulo na unang sumunod kay Jesus (Juan 1:37). Sa halip, tinutukoy niya ang "ang isa pang alagad," "ang alagad na yaon," "ang alagad . . . na kaniyang inibig," "ang alagad na inibig ni Jesus," at "ang alagad na nagpapatotoo sa mga bagay na ito" (Juan 18:15; 19:26; 21:20, 23, 24). Ang katunayan na binanggit ang pangalan ng iba pang kilalang mga alagad habang ang pangalan ni Juan ay inalis, ay waring nagpapahiwatig na siya ang may-akda ng ebanghelyong iyon.

Ayon sa Espiritu ng Hula, ang may-akda ng ikaapat na ebanghelyo ay si Juan, "ang alagad na iniibig` ni Jesus." Isa siya sa tatlong alagad na nakasaksi ng kaluwalhatian ni Kristo sa bundok ng pagbabagong-anyo at ng Kanyang paghihirap kasunod sa hardin bago ang paghuli sa Kanya. Ang kaniyang buhay ay isang namumukod-tanging halimbawa na nagpapakita kung paano ang kapangyarihan ng Diyos ay ganap na makapagpapabago ng isang "anak ng kulog" tungo sa isang taong may maibiging disposisyon at may malalim na espirituwal na pananaw.

"Si Juan ay kumapit kay Kristo gaya ng baging na kumapit sa matatag na haligi. Para sa kapakanan ng kanyang Guro ay nilabanan niya ang mga panganib sa bulwagan ng hukuman at nagtiis sa paligid ng krus, at sa pabalita na si Kristo ay nabuhay na mag-uli, siya ay nagmadali sa libingan, sa kanyang kasigasigan ay nahigitan maging ang mapusok na si Pedro.

"Ang nagtitiwalang pag-ibig at hindi-makasariling pagtatalaga na ipinakita sa buhay at katangian ni Juan ay naghahatid ng mga aral na hindi masayod ang halaga sa iglesiang Kristiyano. Si Juan ay hindi likas na taglay ang kagandahan ng pag-uugali na ipinakita sa kanyang huling karanasan. Sa likas na katangian, siya ay may malubhang mga depekto. Siya ay hindi lamang mapagmataas, mapanindigan sa sarili, at mapaghangad para sa karangalan, kundi mapusok, at mapaghinanakit kapag nasasaktan. Siya at ang kanyang kapatid ay tinawag na 'mga anak ng kulog.' Ang mainitin ang ulo, ang pagnanais na maghiganti, ang espiriitu ng pamumuna, ay lahat nasa minamahal na alagad. Ngunit sa ilalim ng lahat ng ito ang banal na Guro ay nakita, ang pagiging masigasig, matapat, at mapagmahal na puso. Si Jesus ay sinaway ang pagkamakasariling ito, binigo ang kanyang mga hangarin, sinubukan ang kanyang pananampalataya. Ngunit inihayag Niya sa kanya ang inaasam-asam ng kanyang kaluluwa—ang kagandahan ng kabanalan, ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng pag-ibig."—The Acts of the Apostles, pp. 539, 540.

Lahat ng matandang mga awtoridad ay nagsasabi na ang ebanghelyo ni Juan ay isinulat sa Efeso bandang A.D. 90 o mas maaga. Ang alagad ay inilagay sa isang kaldero ng kumukulong mantika at natakasan ang kamatayan sa isang mahimalang paraan, at pagkatapos ay pinatapon sa pulo ng Patmos (Pahayag 1:9). Doon niya isinulat ang Pahayag. Ang pag-akyat ni Nerva sa trono (A.D. 96) ay naging posible para sa kanya na makabalik sa Efeso, kung saan pinaniniwalaan na siya ay patuloy na nanirahan hanggang sa kanyang kamatayan sa panahon ng paghahari ni Trajan (A.D. 98–117).

Nawa'y ang Espiritu ni Kristo ang gumabay sa ating pag-aaral ngayong quarter, at hipuin ang ating mga puso bilang tugon sa Kanyang pag-ibig!

*Ang General Conference Sabbath School Department*

# Handog sa Unang Sabbath

Sabbath, Enero 4, 2025






## Multipurpose Center para sa Health and Education sa Paraguay

Ang Republica ng Paraguay ay isang landlocked (halos napapaligiran ng lupa, walang baybayin o daungan) na bansa sa South America, kung saan ito ay hangganan ng Argentina, Bolivia, at Brazil. Ang populasyon ay humigit-kumulang 6.1 milyong naninirahan, 96.1% sa kanila ay nagsasabing Cristiano (88.3% Catholicism at 7.8% iba pang mga pananampalatayang Kristiyano); 2.6% ang nag-aangking walang relihiyon, at ang natitira ay sa ibang mga relihiyon o hindi na tinukoy. Ang pambansang ekonomiya ay pangunahing nakabatay sa agrikultura—lalo na sa soybeans—at sa nakalipas na 50 taon, ang Paraguay ay naglinang din ng malawak na hydroelectric power industry.

Ang unang mga kaanib ng SDA Reform Movement ay dumating dito mula sa Hungary noong dekada ng 1940 at mas lumawak ang gawain noong dekada ng 1950 sa pamamagitan ng gawain ng colporteur at nang maglaon noong dekada ng 1970 sa pamamagitan ng gawain ng medical missionary. Tayo sa kasalukuyan, ay mayroong napakagandang grupo ng matatapat na kaanib sa mga pangunahing lungsod.

Sa loob ng maraming taon, tayo ay nagkaroon ng natural health center na nagpapatuloy sa kabiserang lungsod ng Asunción, na nagbibigay-daan sa atin na ibahagi ang ebanghelyo sa maraming kaluluwa at maituro ang paraan ng pamumuhay ng nalalabing bayan ng Diyos. Sa tulong ng Diyos at ng ating inter-disciplinary team ng mga propesyonal, umaasa kaming pasiglahin ang klinika—ngunit ngayon upang ito ay mangasiwa bilang outreach sa lungsod, na may karugtong sa kanayunan upang ganapin ang banal na utos na: "'Lumabas sa mga lungsod. Itayo ang inyong mga sanitarium, inyong mga paaralan, at mga opisina na malayo sa mga sentro ng populasyon.' "—Selected Messages, bk. 2, p. 357.

Sa adhikaing ito, nakakuha kami ng isang kapirasong lupa sa isang magandang lugar na kanayunan sa departamento ng Paraguarí, mga 66 km. (41 milya) mula sa kabisera. Mayroon na tayong sanctuario at tirahan ng pastor sa pag-aari, ngunit ito ay simula pa lamang. Ang layunin ay magtatag ng isang multifunctional center na may maliit na health center, church school, chapel, at isang pasilidad para sa pagpapalago ng self-supporting health food enterprises.

Kami ay nagsusumamo sa kabutihang-loob ng ating mga kapatid sa buong daigdig na tulungan kaming maisakatuparan ang layuning ito. Ang inyong pakikipagtulungan ay magbibigay ng bagong pagpapasigla sa huling bahagi na kinakailangan upang makumpleto ang proyekto. Tayo ay nananalig sa kapangyarihan at kahanga-hangang biyaya ng Diyos at nakatitiyak na pagpapalain ng Panginoon ang mga pagsisikap ng ating komunidad sa buong mundo na bigyang kapangyarihan at palawakin ang pagbahagi ng ebanghelyo sa bahaging ito ng Kanyang ubasan.

*Ang inyong mga kapatid na lalaki at babae mula sa Paraguayan Field*

SABBATH, ENERO 4, 2025

LEKSIYON 1

# Ang Ebanghelyo Ayon kay Juan

**Memory verse:** : “At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan” (Juan 1:14).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Patriarchs and Prophets,* pp. 44–51, 111–116.

“Mula sa buong walang-hanggan si Kristo ay kaisa ng Ama, at nang kinuha Niya ng Kanyang sarili ang likas ng tao, Siya ay kaisa pa rin ng Diyos.”—Selected Messages, bk. 1, p. 228.

## 1. SI HESUS, ANG AMA AY IISA

Lin, Dis 29

a. Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol kay Jesus bago ang Kanyang pagkakatawang-tao? Juan 1:1, 2 .

“Mula sa mga panahon ng walang-hanggan ang Panginoong Jesu-Cristo ay kaisa ng Ama; Siya ay ‘ang larawan ng Diyos,’ ang larawan ng Kanyang kadakilaan at kamahalan, ‘ang ningning ng Kanyang kaluwalhatian.’ Ito ay upang ipakita ang kaluwalhatiang ito sa Kanyang pagdating sa ating mundo. Sa mundong ito na pinadilim ng kasalanan ay naparito Siya upang ihayag ang liwanag ng pag-ibig ng Diyos—upang maging ‘Diyos na kasama natin.’ ”—The De-sire of Ages, p. 19.

“Si Kristo, ang Salita, ang bugtong na anak ng Diyos, ay kaisa ng walang hanggang Ama—isa sa likas, sa katangian, sa layunin—ang tanging persona na maaaring pu-masok sa lahat ng mga payo at layunin ng Diyos.”—Patriarchs and Prophets, p. 34.

b. Paano si Jesus itinuring ng Ama at ng mga anghel? Awit 45:6; Isaias 9:6; Mga Hebreo 1:3, 6–8.

“Ang mga anghel ay mga ministro ng Diyos, maningning sa liwanag na patuloy na nagmumula sa Kanyang presensya at mabilis na lumilipad upang isagawa ang Kanyang kalooban. Subali’t ang Anak, ang pinahiran ng Diyos, ‘ang tunay na larawan ng Kanyang pagka-Dios,’ ‘ang sinag ng Kanyang kaluwalhatian,’ ‘at umaalalay sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng salita ng Kanyang kapangyarihan,’ ang may hawak kapangyarihan sa kanilang lahat.”—Ibid.

## 2. ANG PARAAN NG PAGLALANG

Lun, Dis 30

a. Sino ang lumikha ng lahat ng mga bagay? Juan 1:3, 10; Colosas 1:15–17; Mga Hebreo 1:2.

“Si Kristo ang naglatag ng langit, at naglagay ng mga pundasyon ng lupa. Ang Kanyang kamay ang humahawak ng mga sanglibutaan sa kalawakan, at nag-aayos ng mga bulaklak sa parang. ‘Ang Kaniyang kalakasan ang nagpapatibay ng mga kabundukan’ ‘Ang dagat ay Kaniya, at Kaniyang ginawa.’ Awit 65:6; 95:5. Siya ang pumuno sa lupa ng kagandahan, at sa hangin ng awit. At sa lahat ng mga bagay sa lupa, at hangin, at langit, ay isinulat Niya ang mensahe ng pag-ibig ng Ama.”—The Desire of Ages, p. 20.

b. Ilarawan ang paraan kung paano nilikha ang sanglibutan at ang Sandaig-digan. Awit 33:6, 9; 104:1–6..

“Ang Diyos ay nagsalita, at ang Kanyang mga salita ay nilikha ang Kanyang mga gawa sa natural na mundo. Ang nilikha ng Diyos ay isang imbakan la-mang ng mga pamamaraang Kanyang inihanda upang Kaniyang magamit kaagad sa paggawa ng Kaniyang kaluguran.”—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 1, p. 1081.

“Nang ang lupa ay lumabas mula sa kamay ng Maylalang nito, ito ay talagang napakaganda. Ang ibabaw nito ay ginawang iba’t iba na may mga bundok, burol, at kapatagan, na pinaghiwa-hiwalay ng mga marilag na ilog at ma-gagandang lawa; ngunit ang mga burol at kabundukan ay hindi matarik at mabato, sagana sa nakakakilabot na dalisdis at nakakatakot na mga bangin, tulad ngayon; ang matutulis at sira-sirang gilid ng mabatong kaanyuan ng lupa ay ibinaon sa ilalim ng mabungang lupa, na kahit saan ay nagbibigay ng malagong paglaki ng mga halaman. Walang mga nakakapandiring matubig na mababang lupain o tigang na disyerto. Ang mga magagandang mababang punong kahoy at napaka-gagandang mga bulaklak ay bumabati sa mga mata sa bawat pagbaling. Ang mga kaitaasan ay nakokoronahan ng mga punong mas marilag kaysa sa alinmang nabubuhay ngayon. Ang hangin, na walang bahid ng mabahong singaw, ay dalisay at nakapagpapalusog. Ang buong tanawin ay dinaig ang kagandahan ng pinalamutiang mga hardin ng pinaka-ipinagmamalaking palasyo. Ang maka-langit na hukbo ng mga anghel ay minamasdan ang tanawin nang may nag-uumapaw na kagalakan, at lubos na nagagalak sa mga nakakamanghang mga gawa ng Diyos.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 44.

“Ang Bibliya ay hindi kinikilala ang mahabang kapanahunan kung saan ang mundo ay unti-unting gumanda mula sa ganap na kaguluhan. Sa bawat mag-kakasunod na araw ng paglalang, ang sagradong talaang ito ay binubuo ng gabi at umaga, tulad ng lahat ng iba pang mga araw na sumusunod. Sa pagtatapos ng bawat araw ay ibinibigay ang resulta ng gawa ng Maylalang.”—Ibid.,

## 3. ANG LIWANG NG SANDAIGDIGAN

Mar, Dis 31

a. Sino ang Gumawa ng lahat ng buhay at liwanag—at paano ito magiging kapakipakinabang sa atin? Juan 1:4–9; Gawa 17:28

"Si [Kristo] ang nagsasalita sa bawat isa na sa buong kapanahunan ay ipinahahayag ang salita ng Diyos sa tao. Ang lahat ng mga kahusayang makikita sa pinakadakila at pinakamarangal na mga kaluluwa sa mundo ay paglalarawan ng Kanyang katang-ian."—*Education*, p. 73.

"Si Kristo ang 'Ilaw, na lumiliwanag sa bawat tao na pumaparito sa sanglibutan.' Juan 1:9. Kung paanong sa pamamagitan ni Kristo ang bawat tao ay may buhay, gayundin sa pamamagitan Niya ang bawat kaluluwa ay tumatanggap ng ilang sinag ng banal na liwanag."—Ibid., p. 29.

"Ang kapangyarihan ng Diyos ay ginagamit pa rin sa pagtataguyod ng mga bagay na Kanyang nilikha. Ito ay hindi dahil sa mekanismo na sa sandaling iniayos sa pagkilos ay patuloy na kumikilos sa pamamagitan ng sarili nitong likas na enerhiya na ang pulso ay tumibok, at ang hininga ay sumusunod sa paghinga. Ang bawat hininga, bawat pintig ng puso, ay isang katibayan ng pangangalaga Niya kung kanino tayo nabubuhay at kumikilos at nagtataglay ng ating pagkatao. Mula sa pinakamaliit na insekto hanggang sa tao, ang bawat buhay na nilalang ay umaasa araw-araw sa Kanyang probidensya. . . .

"Ang napakalakas na kapangyarihan na kumikilos sa buong kalikasan at nagpapanatili sa lahat ng mga bagay ay hindi, gaya ng sinasabi ng ilang mga tao ang agham, na isa lamang prinsipyong nangingibabaw sa lahat, isang kumikilos na enerhiya. Ang Diyos ay isang espiritu; ngunit Siya ay isang personang nabubuhay, sapagkat ang tao ay ginawa ayon sa Kanyang larawan. Bilang isang personang nabubuhay, ang Diyos ay ipinahayag ang Kanyang sarili sa Kanyang Anak."—Ibid., p. 131.

b. . Ano ang sinasabi ni Jesus tungkol sa Kanyang sarili? Juan 9:5; 8:12; 3:19; 12:46..

"Sa mga salitang, 'Ako ang ilaw ng sanglibutan,' ipinahayag ni Jesus ang Kanyang sarili bilang Mesiyas. Ang matandang Simeon . . . ay nagsalita tungkol sa Kanya bilang 'Isang ilaw upang ipahayag sa mga Gentil, At ang kaluwalhatian ng iyong bayang Israel.' Lucas 2:32. Sa mga salitang ito ay iniaangkop sa Kanya ang isang propesiyang pamilyar sa buong Israel. Sa pamamagitan ng propetang si Isaias, ang Banal na Espiritu ay nagpahayag, kaniyang sinasabi, 'Totoong magaan ang bagay na ikaw ay naging aking lingkod upang ibangon ang mga lipi ng Jacob, at isauli ang iningatan ng Israel, ikaw ay aking ibibigay na pinakailaw sa mga Gentil upang ikaw ay maging aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa.' Isaiah 49:6, R.V. Ang propesiyang ito ay karaniwang nauunawaan ayon sa binanggit tungkol sa Mesiyas, at nang sabihin ni Jesus, 'Ako ang ilaw ng sanlibutan,' ang mga tao ay hindi maitangging kilalanin ang Kanyang pag-aangkin na Siya ang Ipinangako."—*The Desire of Ages,* p. 465.

## 4. ANG DIYOS AY SUMASA ATIN

Miy, Ene 1

**a. Ano ang Inihula ni Isaias tungkol sa pangalan ni Kristo? Isaias 7:14. Kailan ang hulang ito natupad? Mateo 1:22, 23.**

"Nang si Jesus ay dumating upang manahan kasama natin, alam natin na nalalaman ng Diyos ang ating mga pagsubok, at nakikiramay sa ating mga dalamhati. Ang bawat anak na lalaki at anak na babae ni Adan ay maaaring maunawaan na ang ating Maylalang ay kaibigan ng mga makasalanan. Sapagkat sa bawat doktrina ng biyaya, bawat pangako ng kagalakan, bawat gawa ng pag-ibig, bawat banal na pantawag-pansin na ipinakita sa buhay ng Tagapagligtas sa lupa, ay makikita natin na ang 'Diyos ay sumasa atin.' "—*The Desire of Ages*, p. 24.

**b. Ano ang ginawa ni Jesus upang maabot tayo sa ating pagkalugmok na kalagayan? Juan 1:14; Filipos 2:5–8; Mga Hebreo 2:14–18.**

"Upang ating makilala ang Kanyang banal na katangian at buhay, si Kristo ay kinuha ang ating likas at nanahan sa atin. Ang pagka-Diyos ay nahayag sa sangkatauhan; ang hindi-nakikitang kaluwalhatian sa nakikitang anyo ng tao. Ang mga tao ay maaaring matutunan ang hindi nalalaman sa pamamagitan ng hayag; ang mga bagay sa langit ay nahayag sa pamamagitan ng makalupa; Ang Diyos ay nahayag sa wangis ng mga tao."—*Christ's Object Lessons*, p. 17.

"Ang Anak ng Diyos ay sinasalakay sa bawat paghakbang ng mga kapangyarihan ng kadiliman. Pagkatapos ng Kanyang bautismo ay itinaboy Siya ng Espiritu sa ilang, at nagtiis ng panunukso sa loob ng apatnapung araw. . . . Kung hindi Siya nakikibahagi ng ating likas, hindi sana Siya tinukso gaya ng tao. Kung hindi posible para sa Kanya na sumuko sa tukso, hindi Siya maaaring maging katulong natin. Ito ay isang solemneng kaganapan na si Kristo ay dumating upang ipakipaglaban ang ating mga pagbabaka bilang tao, sa kapakanan ng tao. Ang panunukso sa Kanya at tagumpay ay nagsasabi sa atin na ang sangkatauhan ay dapat tularan ang Huwaran; ang tao ay dapat maging kabahagi ng banal na likas."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1082.

"Upang panatilihing ang Kanyang kaluwalhatian ay natatakpan bilang anak ng isang nahulog na lahi, ito ang pinakamatinding disiplina kung saan ang Prinsipe ng buhay ay maaaring magpasakop ng Kanyang sarili. Kaya sinukat Niya ang Kanyang lakas kay Satanas. Siya na pinalayas mula sa langit ay lubos na nakipaglaban para sa pagwawagi sa Isa na kung kanino ang mga hukuman sa itaas ay kanyang kinainggitan. O anong pakikipag-baka ito! Walang wika ang sapat upang ilarawan ito. Subali't sa malapit na hinaharap ito ay mauunawaan ng mga nagtagumpay sa pamamagitan ng dugo ng Kordero at ng salita ng kanilang patotoo."—Ibid., pp. 1081, 1082.

## 5. ANG LAYUNIN NG PAGKAKATAWANG TAO — Huw, Ene 2

a. Ano ang layunin ng pagparito ni Jesus para sa sangkatauhan? Juan 3:16, 17; 1:12; Lucas 19:10.

---

"Si Kristo ay itinuring na dapat ay para sa atin, upang tayo ay ituring na nararapat para sa Kanya. Siya ay hinatulan dahil sa ating mga kasalanan, na kung saan Siya ay walang bahagi, upang tayo ay ariing-ganap sa pamamagitan ng Kanyang katuwiran, na kung saan ay wala tayong bahagi. Siya ay nagdanas ng kamatayan na dapat ay sa atin, upang matanggap natin ang buhay na sa Kanya. 'Sa Kanyang mga latay tayo ay nagsigaling.' "—*The Desire of Ages*, p. 25.

b. Paano tayo maipapanumbalik sa dati sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo? Galacia 4:5–7; Mga Hebreo 2:10.

---

"Si Cristo ay gumawa ng isang buo at ganap na hain, isang haing sapat upang iligtas ang bawat anak na lalaki at babae ni Adan na dapat magpakita ng pagsisisi sa Dios sa pagsalangsang ng Kanyang kautusan, at magpakita ng pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo. . . . Si Kristo ang Kapitan ng ating kaligtasan, at sa pamamagitan ng Kanyang sariling mga pagtitiis at sakripisyo ay nagbigay Siya ng isang halimbawa sa lahat ng Kanyang mga tagasunod na ang pagbabantay at pananalangin, at matiyagang pagsisikap, ay kinakailangan sa kanilang bahagi kung nais nilang sila ay wastong kumakatawan sa pag-ibig na nananahan sa Kanyang sinapupunan para sa nahulog na lahi."—*Testimonies for the Church*, vol. 2, p. 664.

"Ang Diyos ay iniibig ang Kanyang masunuring mga anak. Siya ay may isang kaha-riang inihanda, hindi para sa hindi matapat na mga sakop, kundi para sa Kanyang mga anak na Kanyang sinubok at sinuri sa isang mundong nasira at nadungisan ng kasalanan. Bilang masunuring mga anak, mayroon tayong pribilehiyo ng pakiki-pag-ugnayan sa Diyos. 'Kung mga anak,' sabi Niya, 'kung gayon ay mga tagapagma-na nga' ng isang walang kamatayang pamana. . . . Si Kristo at ang Kanyang bayan ay iisa."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Ene 3

1. Anong likas ang taglay ni Jesus mula sa walang-hanggan?
2. Sino ang naglatag ng langit at naglagay ng mga pundasyon ng lupa?
3. Kanino nagmumula ang lahat ng tunay na liwanag?
4. Ano ang tawag kay Jesus sa Isaias 7:14?
5. Ano ang naging kalagayan ni Jesus nang tanggapin ang ating likas bilang tao?

# Ang Kordero ng Diyos

**SAULUHING TALATA:** "Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig" (Isaias 53: 7).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Desire of Ages,* pp. 132–143.

"Hayaan ang nagsisising makasalanan na ituon ang kanyang mga mata sa 'Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.' "—The Faith I Live By, p. 107.

## 1. ANG PATOTOO NI JUAN BAUTISTA — Lin, Ene 5

a. Ano ang ipinahayag ni Juan Bautista tungkol kay Jesus? Juan 1:15–18.

b. Paano ipinakilala ni Juan ang kanyang sarili sa mga relihiosong pinuno? Juan 1:19–23. Anong hula ang kanyang tinupad—at paano tayo makakaugnay dito? Isaias 40:3–5.

"Sa bawat yugto ng kasaysayan ng mundong ito, ang Diyos ay may Kanyang mga kinatawan upang isulong ang Kanyang gawain, na dapat gawin sa Kanyang itinakdang paraan. Si Juan Bautista ay may natatanging gawain, kung para saan siya ipinanganak at kung saan siya itinalaga—ang gawain ng paghahanda ng daan ng Panginoon. . . .

"[Ang kaniyang ministeryo sa ilang] ay isang pinakakapansin-pansing, literal na katuparan ng hula."— *The Southern Watchman*, Marso 21, 1905.

"Ang Panginoon ay ibinigay kay [Juan Bautista] ang Kanyang mensahe. Pumunta ba siya sa mga saserdote at mga tagapamahala at nagtanong kung maaari niyang ipahayag ang mensaheng ito?—Hindi, inilayo siya ng Diyos sa kanila upang hindi siya maimpluwensiyahan ng kanilang espiritu at turo. Siya ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, [Sipi sa Isaias 40:3–5]. Ito ang mismong mensahe na dapat ibigay sa ating bayan; tayo ay nalalapit na sa katapusan ng panahon, at ang mensahe ay, Linisin ang daan ng Hari; tipunin ang mga bato; itaas ang pamantayan para sa bayan. Ang bayan ay dapat magising. Hindi na panahon ngayon para sumigaw ng kapayapaan at kaligtasan."—*Selected Messages*, bk. 1, p. 410.

## 2. ANG MISYON NG PAGTITIIS

Lun, Ene 6

a. **Nang lumapit si Jesus kay Juan upang magpabautismo, paano Siya nakilala ni Juan at nagpatotoo sa Kanyang misyon sa publiko? Juan 1:29, 34. Anong hula ang natupad nito? Isaias 53:4–7.**

"Si Kristo ay ang manunubos ng tao sa pasimula pa ng sanglibutan at siya pa rin hanngang ngayon. Bago Niya binihisan ang Kanyang pagka-Diyos ng pagkatao at dumating sa ating mundo, ang mensahe ng ebanghelyo ay ibinigay na nina Adan, Seth, Enoc, Methuselah, at Noah. Si Abraham sa Canaan at si Lot sa Sodoma ay nagdala ng mensahe, at mula sa henerasyon hanggang sa sumusunod na henerasyon ay ipinahahayag ng mga matapat na mensahero ang Isang Darating. Ang mga palatuntunan ng ekonomiya ng mga Hudyo ay itinatag ni Kristo Mismo. Siya ang pundasyon ng kanilang sistema ng mga haing inihahandog, ang dakilang katuparan ng lahat ng kanilang pangrelihiyong paglilingkod. Ang dugong dumanak bilang hain ay nakaturo sa hain ng Kordero ng Diyos. Ang lahat ng simbolong handog ay natupad sa Kanya."—*Christ's Object Lessons,* p. 126.

b. **Paano ipinakilala ni Juan si Jesus sa kanyang mga alagad? Juan 1:35, 36. Ano ang epekto ng kaniyang mga salita sa kanila—at ano ang sumunod na nangyari sa kaniyang sariling buhay? Juan 1:37.**

"Nang sumunod na araw [pagkatapos ng bautismo ni Kristo], habang ang dalawang alagad ay nakatayo sa malapit, si Juan ay nakita muli si Jesus sa gitna ng mga tao. Muli ang mukha ng propeta ay naliwanagan ng kaluwalhatian mula sa Hindi Nakikita, habang siya ay sumisigaw, 'Narito ang Kordero ng Diyos!' Ang mga salita ay nagpanginig sa puso ng mga alagad. Hindi nila lubos na naiintindihan ang mga ito. Ano ang ibig sabihin ng pangalang ibinigay sa Kanya ni Juan—'ang Kordero ng Diyos'? Si Juan mismo ay hindi ipinaliwanag ito. Iniwan si Juan, sila ay pumunta upang hanapin si Jesus."—*The Desire of Ages*, p. 138.

"Si Juan ay ibinalita sa kanyang mga alagad na si Jesus ang ipinangakong Mesiyas, ang Tagapagligtas ng sanglibutan. Habang nagtatapos ang kanyang gawain, tinuruan niya ang kanyang mga disipulo na tumingin kay Jesus, at sumunod sa Kanya bilang ang Dakilang Guro. Ang buhay ni Juan ay malungkot at mapagtanggi sa sarili. Siya ang nagpahayag ng unang pagdating ni Kristo, ngunit hindi pinahintulutang masaksihan ang Kanyang mga himala, at masiyahan sa kapangyarihang ipinakita Niya. Nang si Jesus ay kinailangan ng patunayan ang Kanyang sarili bilang isang guro, alam ni Juan na siya mismo ay dapat mamatay. Ang kanyang tinig ay bihirang marinig, maliban sa ilang. Ang kanyang buhay ay malungkot. Hindi siya kumapit sa pamilya ng kanyang ama, upang magsaya sa kanilang pagsasama, kundi iniwan sila upang matupad ang kanyang misyon."—*Early Writings,* p. 154.

## 3. ANG UNANG MGA ALAGAD NI HESUS — Mar, Ene 7

a. Sino ang ilan sa mga unang alagad ni Jesus? Mateo 4:18, 21. Anong interes kay Kristo ang ipinakita nila at gaano katagal ang kanilang unang pakikipagkita sa Kanya? Juan 1:38, 39.

"Isa sa dalawa [na sumunod kay Jesus] ay si Andres, na kapatid ni Simon; ang isa ay si Juan na ebanghelista. Sila ang mga unang disipulo ni Kristo. Pinakilos ng hindi mapaglabanang simbuyo ng damdamin, sila ay sumunod kay Jesus—sabik na makipag-usap sa Kanya, gayunpaman, namamangha at tahimik, nabighani dahil sa pag-iisip ng napakalaking kahalagahan na, 'Ito ba ang Mesiyas?'

"Alam ni Jesus na ang mga alagad ay sumusunod sa Kanya. Sila ang mga unang bunga ng Kanyang ministeryo, at nagkaroon ng kagalakan sa puso ng banal na Guro nang tumugon ang mga kaluluwang ito sa Kanyang biyaya. Ngunit sa paglingon, Siya ay nagtanong lamang, 'Ano ang inyong hinahanap?' Maaari Niyang hayaan silang tumalikod ng malaya o magsalita ng kanilang ninanais.

"Sa isang layunin lamang sila ay may kamalayan. Isang presensya ang pumuno sa kanilang kaisipan. Sumigaw sila, 'Rabbi, . . . saan Ka tumitira?' Sa isang maikling panayam sa tabi ng daan ay hindi nila matanggap ang kanilang inaasahan. Ninais nilang mapag-isa kasama si Jesus, maupo sa Kanyang paanan, at makinig ng Kanyang mga salita. . . .

"Kung sina Juan at Andres ay nagtataglay ng hindi sumasampalatayang espiritu ng mga saserdote at mga pinuno, hindi sila masusumpungan bilang mga mag-aaral sa paanan ni Jesus. Lalapit sana sila sa Kanya bilang mga kritiko, upang husgahan ang Kanyang mga salita. Marami sa gayon ang nagsasara ng pinto sa pinakamahahalagang pagkakataon. Ngunit hindi ganoon ang ginawa ng mga unang alagad na ito. Sila ay tumugon sa panawagan ng Banal na Espiritu sa pangangaral ni Juan Bautista. Ngayon ay nakilala nila ang tinig ng makalangit na Guro. Para sa kanila ang mga salita ni Jesus ay puno ng bagong kaalaman at katotohanan at kagandahan. Ang banal na liwanag ay ibinuhos sa pagtuturo ng Lumang Tipan na Kasulatan. Ang maraming panig na mga tema ng katotohanan ay namumukod-tangi sa bagong liwanag."—*The Desire of Ages*, pp. 138, 139.

b. Ano ang ginawa ng unang mga alagad pagkatapos na makilala si Jesus? Juan 1:41, 42 .

"Si Andres ay sinikap na ibahagi ang kagalakan na pumupuno sa kanyang puso. Hinahanap ang kanyang kapatid na si Simon, sumigaw siya, 'Nasumpungan namin ang Mesiyas.' Hindi na naghintay si Simon ng pangalawang panawagan. Narinig din niya ang pangangaral ni Juan Bautista, at nagmadali siya sa Tagapagligtas."—Ibid., p. 139.

## 4. PAGBALI NG HINDI MATUWID NA PALAGAY

Miy, Ene 8

a. Ilarawan ang nangyari nang inanyayahan ni Jesus ang sumunod na alagad na susunod sa Kanya. Juan 1:43–45.

“Si Felipe ay sinunod ang utos, at kaagad din siyang naging manggagawa para kay Kristo. Tinawagan ni Felipe si Nathanael.”—*The Desire of Ages*, p. 139.

b. Ano ang matututunan natin mula sa pamamaraan kung paano ni Kristo napagtagumpayan ang pag-aalinlangan ni Natanael? Juan 1:46–49.

“Habang si Natanael ay nakatingin kay Jesus, siya ay nalungkot. Ang tao bang ito, na nagtataglay ng mga tanda ng pagpapagal at kahirapan, ay maaaring maging Mesiyas? Ngunit hindi makapagpasiya si Natanael na tanggihan si Jesus, dahil ang mensahe ni Juan ay nagdulot ng pananalig sa kanyang puso.

“Sa oras nang tinawagan siya ni Felipe, si Natanael ay umalis tungo sa isang tahimik na kakahuyan upang pagnilayan ang pahayag ni Juan at ang mga propesiyang patungkol sa Mesiyas. Nanalangin siya na kung ang ipinahayag ni Juan ay ang tagapagligtas, ito ay maipaalam sa kanya, at ang Banal na Espiritu ay sumakanya na may katiyakan na dinalaw ng Diyos ang Kanyang bayan at nagtaas ng sungay ng kaligtasan para sa kanila. . . .

“ ‘Sumagot si Jesus at sinabi sa kanya, Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos, ay nakita kita.’

“Iyon ay sapat na. Ang banal na Espiritu na nagpatotoo kay Natanael sa kanyang mag-isang pananalangin sa ilalim ng puno ng igos ngayon ay nagsalita sa kanya sa mga salita ni Jesus. Bagama’t may pag-aalinlangan, at halos sumuko sa maling palagay, si Natanael ay lumapit kay Kristo na may tapat na pagnanais para sa katotohanan, at ngayon ay natugunan ang kanyang hangarin. Ang kanyang pananampalataya ay humigit pa sa nagdala sa kanya kay Jesus. Sumagot siya at sinabi, ‘Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos; Ikaw ang Hari ng Israel.’

“Kung si Natanael ay nagtiwala sa mga rabbi para sa patnubay, hinding-hindi niya matatagpuan si Jesus. Ito ay sa pamamagitan ng pagtingin at pagpapasya para sa kanyang sarili na siya ay naging isang alagad. Kaya sa kalagayan ng marami ngayon na pinipigilan ng hindi matuwid na palagay mula sa mabuti. Ibang-iba ang magiging resulta kung sila ay ‘lalapit at titingnan’!

“Habang sila ay nagtitiwala sa patnubay ng kapamahalaan ng tao, walang makakarating sa nakapagliligtas na kaalaman sa katotohanan. Tulad ni Nathanael, kinakailangan nating pag-aralan ang salita ng Diyos para sa ating sarili, at manalangin upang maliwanagan ng Banal na Espiritu. Siya na nakakita kay Natanael sa ilalim ng puno ng igos ay makikita tayo sa lihim na lugar ng panalangin. Ang mga anghel mula sa sanglibutan ng liwanag ay malapit sa mga taong may kababaang-loob na naghahanap ng banal na patnubay.”—Ibid., pp. 139–141.

## 5. ANG NAKABUKAS NA LANGIT — Huw, Ene 9

a. Ano ang ipinangako ni Kristo kay Natanael—at bakit? Juan 1:50, 51.

---

"[Sininpi ang Juan 1:50, 51.] Dito sa katunayan ay sinabi ni Kristo, Sa pampang ng Jordan ang mga langit ay nabuksan, at ang Espiritu na tulad sa isang kalapati ay bumaba sa Akin. Ang kaganapang iyon ay isang tanda lamang na Ako ang Anak ng Diyos. Kung ikaw ay nananampalataya sa Akin ng gayon, ang iyong pananampalataya ay pasisiglahin. Makikita mo na ang langit ay nakabukas, at hindi kailanman sasarhan. Aking binuksan sila para sa iyo. Ang mga anghel ng Diyos ay umaakyat, nagdadala ng mga panalangin ng nangangailangan at nababagabag patungo sa Ama sa itaas, at bumababa, na nagdadala ng pagpapala at pag-asa, lakas ng loob, tulong, at buhay, sa mga anak ng tao."—*The Desire of Ages*, pp. 142, 143.

b. Ano ang mangyayari kapag tinanggap natin si Kristo? Juan 4:14; Pahayag 22: 17.

---

"Kapag tinanggap ng isang tao ang katotohanan sa pag-ibig dito, ito ay kanyang ipakikita sa pagpapasakop ng kanyang pamamaraan at tono ng kanyang boses. Ipinaaalam niya ang kanyang narinig, nakikita, at panghawakan sa salita ng buhay, upang ang iba ay magkaroon ng pakikisama sa kanya sa pamamagitan ng kaalaman kay Kristo. Ang Kanyang patotoo, mula sa mga labi na dinampian ng buhay na baga mula sa dambana, ay katotohanan sa pusong tumatanggap, at gumagawa ng pagpapabanal sa pag-uugali. . . .

"Ang Dios ay maaaring maabot ang Kanyang layunin ng pagliligtas sa mga makasalanan nang wala ang ating tulong; ngunit upang tayo ay lumago ang paguugali na tulad ng kay Kristo, ay dapat tayong makibahagi sa Kanyang gawain. Upang makapasok sa Kanyang kagalakan—ang kagalakan na makita ang mga kaluluwang tinubos ng Kanyang pagsakripisyo—kinakailangan nating makibahagi sa Kanyang mga gawain para sa kanilang katubusan."—Ibid., p. 142.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Ene 10

1. Bakit si Juan Bautista tinawagan na pumunta sa ilang?
2. Paano natin iaangkop ang pamumuhay ni Juan Bautista sa ating sarili?
3. Ano ang matututunan natin kina Juan at Andres nang makilala nila si Jesus?
4. Paano tayo mapapasigla ng maagang pagpapahayag ni Nathanael?
5. Ano ang nagpapakita kung ang aking pananampalataya kay Kristo ay tunay o hindi?

# Ang Kasalan sa Cana

**SAULUHING TALATA:** "Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin." (Juan 2:5, huling bahagi).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Desire of Ages,* pp. 144–153; *Messages to Young People,* pp. 403–418.

"Si Jesus ay sinimulan ang gawain ng pagbabago sa pamamagitan ng ng napakalapit na pagdamay sa sangkatauhan*."—The Desire of Ages*, p. 150.

## 1. ANG SIMULA NG MINISTERYO NI CRISTO — Lin, Ene 12

a. Saan sinimulan ni Jesus ang Kanyang ministeryo sa lupa? Juan 2:1, 2.

"Si Jesus ay hindi sinimulan ang Kanyang ministeryo sa pamamagitan ng ilang kahanga-hangang gawain sa harapan ng Sanhedrin sa Jerusalem. Sa isang pagtitipon ng sambahayan sa isang maliit na nayon ng Galilea ay inilabas ang Kanyang kapangyarihan upang magdagdag ng kagalakan sa isang piging ng kasalan. Sa gayon ipinakita Niya ang Kanyang pagdamay sa mga tao, at ang Kanyang pagnanais na maglingkod sa kanilang kaligayahan. Sa pagtukso sa ilang, Siya mismo ay uminom sa saro ng aba. Siya ay dumating upang ibigay sa mga tao ang saro ng pagpapala, sa pamamagitan ng Kanyang bendisyon na pabanalin ang mga relasyon ng buhay ng tao."—*The Desire of Ages,* p. 144.

b. Ano ang nangyari bago pa natapos ang piging ng kasalan? Juan 2:3.

"Si [Maria] ay ninais na si [Jesus] ay patunayan sa mga panauhin na Siya talaga ang Pinarangalan ng Diyos. Siya ay umaasa na maaaring may pagkakataon para sa Kanya na gumawa ng himala sa harapan nila.

"Ito ay nakaugalian ng mga panahon para sa pagdiriwang ng kasal na magpatuloy ng ilang mga araw. Sa pagkakataong ito, bago matapos ang piging ay napag-alaman na kulang ang nakahandang alak. Ang pagkatuklas na ito ay nagdulot ng labis na kaguluhan at panghihinayang. Hindi pangkaraniwan ang pag-aalis ng alak sa mga okasyong may kasiyahan, at ang kawalan nito ay tila nagpapahiwatig ng kawalan ng mabuting pagtanggap."—Ibid., pp. 145, 146.9

## 2. SI KRISTO AT ANG KANYANG INA — Lun, Ene 13

a. Ano ang sinabi ng ina ni Kristo, at ano ang Kanyang sagot? Juan 2:3, 4.

---

"[Sinipi ang Juan 2:4.] Ang sagot na ito, na tila matalas sa atin, ay hindi nagpapahayag ng kalamigan o kawalan ng paggalang. Ang paraan ng pakikipagusap ng Tagapagligtas sa Kanyang ina ay alinsunod sa kaugalian ng Silangan. Ito ay ginagamit sa mga taong nais ipakita ang paggalang. Ang bawat pagkilos sa buhay ni Kristo sa lupa ay naaayon sa utos na ibinigay Niya Mismo, 'Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina.' Exodo 20:12. Sa krus, sa Kanyang huling paggawa ng pagmamalasakit sa Kanyang ina, si Jesus ay muling nagpahayag sa kanya sa parehong pamamaraan, habang ipinagkakatiwala Niya siya sa pangangalaga ng Kanyang pinakamamahal na alagad. Kapwa sa piging ng kasal at sa krus, ang pag-ibig na ipinahayag sa tono at pagtingin at pamamaraan ay nagpapaliwanag ng Kanyang mga salita."—*The Desire of Ages*, p. 146.

b. Ano ang sinabi ng ina ni Kristo sa mga lingkod—at paano ang mga salitang ito rin ay naaangkop sa atin sa ngayon? Juan 2:5.

---

"Ang mga tagasunod [ni Cristo] ay dapat na maging mas higit na kapangyarihan sa pagpapahayag ng katotohanan habang papalapit sila sa pagpapakasakdal ng pananampalataya at pag-ibig sa kanilang mga kapatid. Ang Diyos ay nagbigay ng banal na tulong para sa lahat ng mga hindi inaasahang pangyayari kung saan ang ating mga mapagkukunan ay hindi sapat. Ibinibigay Niya ang Banal na Espiritu upang makatulong sa bawat kagipitan, upang patatagin ang ating pagasa at katiyakan, upang liwanagan ang ating mga kaisipan at dalisayin ang ating mga puso. Ang ibig niyang sabihin ay sapat na mga pribisyon ang ipagkakaloob para sa pagsasakatuparan ng kanyang mga plano. Hinihiling ko sa iyo na humingi ng payo mula sa Diyos. Hanapin Siya nang buong puso, at 'anomang sa inyo'y Kaniyang sabihin, ay inyong gawin.' Juan 2:5."—*Testimonies for the Church*, vol. 6, pp. 414, 415.

c. Ano ang sinabi ni Jesus sa alila sa kasalan na gawin? Juan 2:6–8.

"Sa tabi ng pintuan ay nakatayo ang anim na malalaking tapayang bato, at iniutos ni Jesus sa mga alila na punuin ito ng tubig. Nagawa ito. Pagkatapos, dahil sa ang alak ay kinakailangan para sa agarang paggamit, sinabi Niya, 'Kunin ninyo ngayon, at dalhin sa pangulo ng kapistahan.' Sa halip ng tubig kung ano ang pumuno sa mga tapayan, doon ay umapaw ang alak."—*The Desire of Ages*, p. 148.

## 3. ANG ALAK NI CRISTO

Mar, Ene 14

a. Nang ihain ang alak, paano ang pangulo ng kapistahan nagbigay ng reaksyon? Juan 2:9, 10.

---

"Ni ang pangulo ng kapistahan o ang mga panauhin sa pangkalahatan ay hindi alam na ang nakahandang alak ay nagkulang. Nang matikman ang dinala ng mga alila, ang pinuno ay napansin na ito ay nakahihigit sa alinmang nainom niya noon, at talagang ibang-iba sa inihain sa pasimula ng kapistahan."—*The Desire of Ages,* p. 148.

b. Anong uri ng alak ang ibinigay ni Kristo? Isaias 65:8.

---

---

"Ang alak na inilaan ni Kristo para sa kapistahan, at ang ibinigay Niya sa mga disipulo bilang simbolo ng Kanyang sariling dugo, ay ang purong katas ng ubas. Tinukoy ito ng propetang si Isaias nang magsalita siya tungkol sa bagong alak 'sa kumpol,' at nagsabi, 'Huwag mong sirain; sapagkat iyan ay may pagpapala.' Isaias 65:8 . . . .

"Ang alak na (*unfermented*) hindi pinaasim na Kanyang ibinigay para sa mga panauhin sa kasal ay nakakabuti sa katawan at nakakapagpasiglang inumin. Ang epekto nito ay upang maiayon ang panlasa sa isang nakapagpapalusog na gana sa pagkain."—Ibid., p. 149.

c. Ano ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa pinaasim (*fermented*) na alak? Kawikaan 20:1; 23:29–35.

---

"Si Kristo ang nagbigay ng babala sa Israel sa Lumang Tipan, 'Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo: at sinomang napaliligaw sa kanya ay hindi pantas.' Kawikaan 20:1. At Siya mismo ay hindi nagbigay ng ganoong inumin. Si Satanas ay tinutukso ang mga tao sa pagpapakabuyo na magpapadilim sa pagpapasya at magpapamanhid sa espirituwal na mga pang-unawa, ngunit itinuro sa atin ni Kristo na dalhin ang mababang likas sa pagpapasakop. Ang kanyang buong buhay ay isang halimbawa ng pagtanggi sa sarili. Upang wasakin ang kapangyarihan ng panlasa, Siya ay nagtiis para sa ating kapakanan nang pinakamatinding pagsubok na maaaring pagtiisan ng sangkatauhan. Si Kristo ang nag-utos na si Juan Bautista ay hindi dapat uminom ng alak o matapang na inumin. Siya rin ang nag-utos ng katulad na pag-iwas ng asawa ni Manoah. At Siya ay nagpahayag ng sumpa sa taong maglalagay ng bote sa labi ng kanyang kapwa. Si Kristo ay hindi sinasalungat ang Kanyang sariling aral."—Ibid.

a. Anong mga layunin ang nakamit kapwa sa pamamagitan ng presensya ni Kristo at ng Kanyang himala sa kapistahan ng kasalan, maging para sa atin ngayon? Juan 2:11.

"Si Kristo ay nalalaman ang lahat ng mga bagay; Siya ay nakatingin mula noong mga kapanahunan hanggang sa ating panahon, at nakikita kung ano ang magiging kalagayan ng lipunan sa pagtatapos ng kasaysayan ng sanglibutan. Nakita niya ang mga libu-libong namamatay sa paggamit ng alak at matapang na inumin. Ang sangsibutan ay unti-unting darating sa parehong kalagayan tulad noong mga araw bago ang baha. Ngunit ang langit ay nagtaas ng hudyat ng panganib, upang ang mga tao ay makatanggap ng babala, at makipagtulungan sa Diyos para sa kanilang sariling pangangalaga. Siya ay nagbigay sa atin ng mga halimbawa ng lubusang pag-iwas, at nagbigay ng tagubilin na, kung susundin, ay magreresulta sa nilikha at pangangalaga ng kalusugan, ng kasanayan, at kahusayan ng ating mga anak." — *The Signs of the Times,* Abril 16, 1896.

b. Ilarawan ang nakakapagpasiglang uri ng pag-uugali na ipinakita ni Kristo sa buong Kanyang ministeryo. Mateo 11:29.

"Si Jesus ay sinimulan ang gawain ng pagbabago sa pamamagitan ng malapit na pagdamay sa sangkatauhan. Habang Siya ay nagpapakita ng pinakadakilang paggalang sa kautusan ng Diyos, sinasaway Niya ang mapagkunwaring kabanalan ng mga Pariseo, at sinubukang palayain ang mga tao mula sa walang kabuluhang mga tuntunin na gumagapos sa kanila. Sinisikap niyang wasakin ang mga hadlang na naghihiwalay sa iba't ibang uri ng lipunan, upang mapagsama-sama ang mga tao bilang mga anak ng isang sangbahayan. Ang kanyang pagdalo sa kapistahan ng kasal ay nilayon upang maging isang hakbang tungo sa pagsasakatuparan nito."—*The Desire of Ages,* p. 150.

"Si Jesus ay sinaway ang nagpapakabuyo sa sarili sa lahat ng anyo nito, ngunit Siya ay maibigin sa kapwa sa Kanyang likas. Tinanggap niya ang pagkamapagpatuloy sa lahat ng antas, pagdalaw sa mga tahanan ng mayayaman at mahihirap, ng mga may pinag-aralan at ng mga walang alam, at nagsisikap na itaas ang kanilang mga kaisipan mula sa mga punto ng karaniwang pamumuhay tungo sa mga bagay na espirituwal at walang hanggan. Hindi Siya nagbigay ng pahintulot sa pagwawalang-bahala, at walang anino ng makamundong kahalayan ang nakasira sa Kanyang pag-uugali; gayunpaman, Siya ay nakatagpo ng kasiyahan sa mga kaganapan ng hindi masamang kaligayahan, at sa pamamagitan ng Kanyang presensya ay pinahintulutan ang pakikipag-kapwang pagtitipon. Ang kasal ng mga Judio ay isang marangal na pagdiriwang, at ang kagalakan nito ay hindi nagpapagalit sa Anak ng tao. Sa pagdalo sa kapistahan na ito, pinarangalan ni Jesus ang kasal bilang isang banal na institusyon."— Ibid., pp. 150, 151.

## 5. MABUTING PAKIKIPAG-KAPWANG PAKIKIPAG-UAGNAYAN — Huw, Ene 16

a. Ano ang dapat nating matutunan mula sa halimbawa ni Kristo na nagpakita ng Kanyang kaibahan kumpara sa mga relihiyosong pinuno noong Kanyang kapanahunan? Kawikaan 18:24 .

"Ang ministeryo ni Kristo ay lubos na naiiba sa mga matatandang Judio. Ang kanilang pagsasaalang-alang sa tradisyon at mahigpit na pagsunod sa mga seremonya ang sumira sa lahat ng tunay na kalayaan ng kaisipan o pagkilos. Sila ay nabuhay sa patuloy na pagkatakot na madungisan. Upang maiwasan ang pakikipag-ugnayan sa 'marumi,' sila ay nanatiling malayo, hindi lamang sa mga Gentil, kundi sa karamihan ng kanilang sariling bayan, na hindi nagsisikap na makinabang sila o makuha ang kanilang pakikipag-kaibigan. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasaalang-alang sa mga bagay na ito, pinaliit nila ang kanilang kaisipan at pinasikip ang nasasaklaw ng kanilang pamumuhay. Ang kanilang halimbawa ay naghikayat ng pagkamakasarili at hindi pagpaparaya sa lahat ng uri ng mga tao."—*The Desire of Ages*, p. 150.

b. Ano ang dapat nating maging layunin sa lahat ng pakikipag-kapwang pakikipag-ugnayan? Kawikaan 11:30.

"Maaari nating maipakita ang isang libong maliliit na mga pagmamalasakit sa mga magiliw na pananalita at kaaya-ayang tingin, na muling maibabalik sa atin. Ang mga walang pag-iingat na mga Kristiyano ay nagpapakita sa pamamagitan ng kanilang pagpapabaya sa iba na sila ay hindi kaisa ni Kristo. Imposibleng maging kaisa ni Kristo ngunit hindi mabait sa iba at nakakalimutan ang kanilang mga karapatan.

"Tayong lahat ay dapat maging saksi para kay Jesus. Ang kakayahan sa pakikipag-kapwa, na pinabanal ng biyaya ni Kristo, ay dapat pagbutihin sa pag-akit ng mga kaluluwa sa Tagapagligtas. Hayaang makita ng sanlibutan na tayo ay hindi nahuhumaling sa ating pansariling kapakanan, kundi nais nating ibahagi sa iba ang ating mga pagpapala at mga pribilehiyo. Hayaan silang makita na ang ating relihiyon ay hindi tayo ginagawang walang malasakit o mahigpit. Hayaan ang lahat na nag-aangking natagpuan na si Kristo ay maglingkod gaya ng ginawa Niya para sa kapakinabangan ng mga tao. Hindi natin dapat ibigay sa sanglibutan ang maling impresyon na ang mga Kristiyano ay malungkutin, hindi

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Ene 17

1. Ilarawan ang mga espirituwal na bunga na dala ng himala ni Kristo sa Cana.
2. Ilarawan ang ugnayan sa pagitan ni Kristo at ng Kanyang ina.
3. Bakit ang pangulo ng kapistahan ay nagpakita ng pagkamangha?
4. Anong uri ng alak ang angkop na sumisimbolo sa dugo ni Kristo?
5. Sa mga pakikipag-kapwang pagtitipon, ano ang dapat nating alalahanin mula sa halimbawa ni Jesus?

# Si Hesus sa Templo

**SAULUHING TALATA:** "Nguni't ang Panginoo'y nasa kaniyang banal na templo: tumahimik ang buong lupa sa harap niya." (Habakkuk 2:20).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 491–500.

"Ang mga nasasaklaw ng simbahan ay dapat bigyan ng sagradong paggalang."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 494.

## 1. ANG TEMPLONG NILAPASTANGAN Lin, Ene 19

a. Ilarawan ang situwasyon na umiiral sa templo ng Jerusalem sa pasimula ng pampublikong ministeryo ni Kristo. Juan 2:13, 14.

"Ang bawat Judio ay kinakailangang magbayad taun-taon ng kalahating siklo bilang 'isang katubusan para sa kanyang kaluluwa.'. . . Bukod dito, ang malalaking halaga ay dinadala bilang kusang-loob na mga handog, upang ilagak sa kabang-yaman ng templo. At kinakailangang ang lahat ng barya ng taga-ibang bansa ay dapat mapalitan ng baryang tinatawag na siklo ng templo, na tinatanggap para sa paglilingkod sa santuario. Ang pagpapalit ng salapi ay nagbigay ng pagkakataon para sa pandaraya at sapilitang paghingi, at ito ay naging isang kahiya-hiyang pangangalakal, na pinagmumulan ng pagkakakitaan ng mga pari.

"Ang mga mangangalakal ay humihingi ng napakataas na halaga para sa mga hayop na ibinebenta, at ibinahagi ang kanilang mga kita sa mga pari at mga pinuno, na sa gayo'y nagpayaman sa kanilang mga sarili sa kapinsalaan ng mga tao."—*The Desire of Ages,* p. 155.

b. Paano ito nakaapekto sa mga serbisyo sa templo? Ezekiel 22:26 (huling bahagi).

"Maraming bilang ng mga hain ang inihahandog sa panahon ng Paskuwa, at ang mga benta sa templo ay napakalaki. Ang resulta ng kaguluhan ay ang maingay na pamilihan ng baka sa halip ng sagradong templo ng Diyos. Maririnig ang malalakas na pakikipagtawaran, ang pag-ungol ng mga baka, ang pag-iyak ng mga tupa, ang huni ng mga kalapati, na may halong ingay ng barya at pagalit na pagtatalo. Napakatindi ng kaguluhan kung kaya't ang mga mananamba ay nagagambala, at ang mga salita na iniaalay sa Kataas-taasan ay natatabunan ng pagsisigawang sumakop sa templo."—Ibid.

## 2. PAGGALANG SA BAHAY NG DIYOS

Lun, Ene 20

a. Paano isinasaalang-alang ng Diyos ang lugar kung saan Siya nagpapakita ng Kanyang presensya—at ano ang Kanyang unang tagubilin sa Bundok ng Sinai? Exodo 3:1–5; 19:12, 13.

"Nang ang Panginoon ay bumaba sa Bundok Sinai, ang lugar ay napabanal sa pamamagitan ng Kanyang presensya. . . . Sa gayon itinuro ang aral na saanman ipakita ng Diyos ang Kanyang presensya, ang lugar ay banal."—*The Desire of Ages*, pp. 155, 156.

b. Paano si Kristo kumilos sa paglapastangan sa templo? Juan 2:15, 16 .

"Sa pagpasok ni Jesus sa templo, nasaksihan Niya ang buong mga kaganapan. Nakita niya ang hindi patas na mga transaksyon. Nakita niya ang paghihirap ng mga dukha, na nag-iisip na kung walang pagbubuhos ng dugo ay walang kapatawaran ang kanilang mga kasalanan. Nakita Niya ang panlabas na patyo ng Kanyang templo na ginawang isang lugar ng hindi banal na kalakalan. Ang sagradong templo ay naging isang malawak na kalakalan."—Ibid., p. 157.

"Dahan-dahang bumababa sa mga hagdanan, at itinataas ang panghagupit na mga lubid na natipon sa pagpasok sa bakuran, Inutusan Niya ang mga pangkat ng nakikipagtawaran na umalis mula sa mga nasasakop ng templo. Sa gayong sigasig at matinding galit na hindi pa Niya ipinamalas, ibinagsak Niya ang mga dulang ng mga namamalit ng salapi. Ang mga salapi ay tumapon, tumutunog nang husto sa sahig na yari sa marmol. Walang nangahas na magtanong sa Kanyang karapatan. Walang maglakas-loob na pahintuin upang tipunin ang kanilang nakuha sa masamang pakinabang. Sila ay hindi hinampas ni Jesus ng mga lubid, ngunit sa Kanyang kamay ang simpleng panghampas na iyon ay tila nakakakilabot na parang nagniningas na tabak. Ang mga pinuno ng templo, nakikipagsapalarang mga pari, mga ahente at mga mangangalakal ng mga hayop, kasama ang kanilang mga tupa at baka, ay nagmamadaling umalis mula sa lugar, na may iisang pag-iisip na makatakas mula sa pagkondena ng Kanyang presensya."—Ibid., p. 158.

c. Ano ang ipinapahiwatig ng pagkilos ni Kristo sa paglilinis ng templo? Malakias 3:1–3.

"Ang mga looban ng templo sa Jerusalem, na puno ng kaguluhan ng hindi banal na kalakalan, ay sinisimbolohan ng lahat ng tunay na templo ng puso, na nadungisan ng mahalay na pagnanasa at hindi banal na kaisipan. Sa paglilinis ng templo mula sa mga namimili at nagbebenta sa sanlibutan, ipinahayag ni Jesus ang Kanyang misyon na linisin ang puso mula sa karumihan ng kasalanan—mula sa makalupang pagnanasa, makasariling kahalayan, masasamang gawi, na sumisira sa kaluluwa."—Ibid., p. 161.

## 3. ANG PRESENSYA NG DIYOS

Mar, Ene 21

a. Ano ang orihinal na layunin ng Diyos sa pagtatatag ng Kanyang santuario sa gitna ng Kanyang bayan? Exodo 25:8.

“Ang templong iyon, na itinayo para sa tahanan ng banal na Presensya, ay idinisenyo upang maging isang bagay na magtuturo para sa Israel at para sa sanlibutan. Mula sa mga walang hanggang kapanahunan ay layunin ng Diyos na ang bawat nilikhang nilalang, mula sa maliwanag at banal na serapin hanggang sa tao, ay dapat maging isang templo para panahanan ng Maylalang”—*The Desire of Ages*, p. 161.

b. Bakit ang mga mananampalataya ay tinutukoy bilang templo ng Diyos—at paano nang buong puso mapapangalagaan natin ang kabanalan ng templong ito? 1 Corinto 3:16, 17; Isaias 57:15.

“Dahil sa kasalanan, ang pagiging templo ng sangkatauhan para sa Diyos ay nagtapos. Nagdilim at nadungisan ng kasamaan, ang puso ng tao ay hindi na nagpahayag ng kaluwalhatian ng Isang Banal. Ngunit sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos, ang layunin ng Langit ay natupad. Ang Diyos ay nananahan sa sangkatauhan, at sa pamamagitan ng nagliligtas na biyaya ang puso ng tao ay muling nagiging Kanyang templo.”—Ibid.

“Kung tayo ay naniniwala na ang wakas ng lahat ng bagay ay malapit na, ‘ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain?’

“Ang bawat kaluluwa na tunay na nananampalataya sa katotohanan ay magkakaroon ng katumbas na mga gawa. Lahat ay magiging masigasig at taimtim, at hindi mapapagod sa kanilang mga pagsisikap na akayin ang mga kaluluwa kay Kristo. Kung ang katotohanan ay unang itinanim nang malalim sa kanilang sariling mga kaluluwa, kung gayon ay sisikapin nilang itanim din ito sa puso ng iba. Ang katotohanan ay lubos na iniingatan sa labas ng tabernakulo. Dalhin ito sa pinakaloob na templo ng kaluluwa, iluklok ito sa puso, at hayaang kontrolin nito ang pamumuhay. Ang salita ng Diyos ay dapat pag-aralan at sundin, kung gayon ang puso ay makakatagpo ng kapahingahan at kapayapaan at kagalakan, at ang mga mithiin ay patungo sa langit; ngunit kapag ang katotohanan ay inihiwalay sa buhay, sa labas ng tabernakulo, ang puso ay hindi mapapainit ng nagniningas na apoy ng kabutihan ng Diyos.

“Ang relihiyon ni Jesus, sa marami ay, nakalaan para sa ilang araw, o ilang pagkakataon, at sa ibang mga panahon ay isinasantabi at napapabayaan. Ang matibay na prinsipyo ng katotohanan ay hindi lamang para sa ilang oras sa Sabbath, o para sa ilang mga gawa ng pag-ibig sa kapwa, kundi ito ay dapat dalhin sa puso, dinadalisay at pinapabanal ang pag-uugali.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 547.

## 4. ANG PAGLILINIS NG BUHAY NA TEMPLO

Miy, Ene 22

a. Ano ang dapat nating maunawaan tungkol sa ating walang magawang kakayahang kalagayan sa pagsisikap na linisin ang templo? Jeremias 2:22; Job 14:4.

---

"Walang tao sa kanyang sarili ang maaaring makapagpapalayas sa masasamang pulutong na sumasakop ng puso."—*The Desire of Ages,* p. 161.

b. Ano ang lihim upang makatayo sa harapan ng isang banal na Diyos na may malinis na puso? Ezekiel 36:25–27; Zacarias 3:3–5.

---

"Si Jacob ay nagkasala ng isang napakalaking kasalanan sa kanyang ginawa kay Esau; ngunit siya ay nagsisi. Ang kanyang pagsalangsang ay napatawad, at ang kanyang kasalanan ay nilinis; kaya nakayanan niya ang paghahayag ng presensya ng Diyos. Ngunit saanman ang mga tao makarating sa harapan ng Diyos habang kusang inalagaan ang kasamaan, sila ay mawawasak. Sa ikalawang pagdating ni Kristo ang masasama ay papatayin 'sa Hininga ng Kanyang bibig,' at 'sa pamamagitan ng pagkahayag ng Kanyang pagparito ay lilipulin.' 2 Tesalonica 2:8. Ang liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos, na nagbibigay ng buhay sa matuwid, ang papatay sa masasama.

"Sa panahon ni Juan Bautista, si Cristo ay malapit nang magpakita bilang tagapaghayag ng katangian ng Diyos. Ang mismong presensya Niya ang maghahayag sa mga tao ng kanilang kasalanan. Kung sila lamang ay handang linisin mula sa kasalanan maaari silang makapasok sa pakikipagkaisa sa Kanya. Tanging ang malinis ang puso ang maaaring manatili sa Kanyang presensya."—Ibid., p. 108.

"Tanging si Kristo lamang ang maaaring makapaglilinis ng templo ng kaluluwa. Ngunit hindi Siya mamimilit sa pagpasok. Hindi siya papasok sa puso na gaya ng sa templo noong una; subali't sinasabi Niya, 'Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.' Pahayag 3:20. Siya ay papasok, hindi para sa isang araw lamang; sapagka't sinasabi Niya, Mananahan Ako sa kanila, at lalakad Ako sa kanila; . . . at sila'y magiging Aking bayan.' 'Kaniyang yayapakan ang ating kasamaan: at Kaniyang ihahagis ang lahat nilang kasalanan sa mga kalaliman ng dagat..' 2 Corinto 6:16; Mikas 7:19. Ang Kanyang presensya ay maglilinis at magpapabanal sa kaluluwa, upang ito ay maging isang banal na templo sa Panginoon, at 'isang tahanan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu.' Efeso 2:21, 22."—Ibid., pp. 161, 162.

"Habang si Jesus ay naglilingkod sa santuwaryo sa itaas, Siya pa rin sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu ang Tagapangasiwa ng iglesia sa lupa."—Ibid., p. 166.

## 5. PAGLILINIS NG TEMPLO NGAYON — Huw, Ene 23

a. Paano ang Diyos bibigyan ng pananagutan ang mga pinuno ng Kanyang iglesia na masigasig na itinataguyod ang kasagraduhan ng Kanyang tahanan? Habakuk 2:20; Ezekiel 44:23.

"Ang mga nasasaklaw ng templo ng Diyos ay dapat na ituring na sagrado. Ngunit sa pagsisikap para sa pakinabang, ang lahat ng ito ay nakakaligtaan.

"Ang mga saserdote at mga pinuno ay tinawagan upang maging mga kinatawan ng Diyos sa bansa; dapat sana ay itinutuwid nila ang mga pang-aabuso sa looban ng templo. Dapat sana sila ay nagbibigay sa bayan ng halimbawa ng katapatan at pagkahabag."—*The Desire of Ages*, p. 156.

"Totoo na ang paggalang sa tahanan ng Diyos ay halos nawawala na. Ang mga sagradong bagay at lugar ay hindi na nakikilala; ang banal at marangal ay hindi na napapahalagahan. . . . Ang Diyos ay nagbigay ng mga tuntunin ng kaayusan, matuwid at wasto, sa Kanyang sinaunang bayan. Ang Kanyang katangian ba ay nagbago? Hindi ba Siya ang dakila at makapangyarihang Diyos na namamahala sa langit ng mga langit? Hindi ba't makabubuti para sa atin na basahin nang madalas ang mga tagubiling ibinigay ng Diyos Mismo sa mga taga Hebreo, upang tayo na may liwanag ng maluwalhating katotohanan na sumisinag sa atin ay tularan ang kanilang paggalang sa bahay ng Diyos?"—*Testimonies for the Church*, vol. 5, pp. 495, 496.

b. Ipaliwanag ang kinakailangang tagumpay na dapat matamo sa kalakasan ni Kristo. Mateo 5:8; 1 Juan 3:1–3.

---

"Ako ay nananawagan sa lahat na nag-aangking anak ng Diyos na huwag kalimutan ang dakilang katotohanang ito, na kinakailangan natin ang Espiritu ng Diyos sa kalooban natin upang maabot ang langit, at ang gawain ni Cristo sa panlabas natin upang tayo ay mabigyan ng katibayan sa pag-aari ng walang kamatayang pamana."—*Testimonies to Ministers*, p. 442.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Ene 24

1. Sino ang mga pasimuno ng napakasamang pakikipagkalakan sa templo?
2. Ano ang dapat na maging pag-uugali ng sinumang lumalapit sa harapan ng Diyos?
3. Ipaliwanag ang espirituwal na kahalagahan mayroon ang templo ng Jerusalem.
4. Ano ang ipinahayag ni Kristo sa paglilinis ng templo?
5. Paano lamang ang ating may depektong puso malilinis?

# Handog sa Unang Sabbath

Sabbath, Pebrero 1, 2025





## World Disaster Relief

Walang alinlangan na ang mga digmaan, alingawngaw ng mga digmaan, nakakakilabot na mga aksidente, mga tagtuyot, mga baha, mga bagyo, mga lindol, mga sunog, at mga salot ay dumarami sa buong daigdig na may mapanganib na bilis—lahat ay bilang katuparan ng mga hula sa Bibliya na ating pinag-aaralan. Tiyak, sa lahat ng mga trahedyang ito, malinaw nating mauunawaan ang mga paghakbang ng papalapit na Diyos. Libu-libo ang labis na nagdurusa sa matinding paghihirap na ito, na humihiling ng iba't ibang uri ng tulong mula sa mga kinatawan ni Jesu-Kristo upang ipahid ang nakapagpapagaling na balsamo ng Gilead.

Sa mga masasakit na suliraning ito, ang GC Welfare Department ay ibinahagi ang mga biyayang ibinigay mula sa ating pondo sa pamamagitan ng mga handog na inyong ipinadala, ng ating mga kapatid sa buong mundo. Ang mga ito ay ipinadala sa isang personal at tiyak na paraan upang matugunan ang mga pangangailangan, gayundin sa pamamagitan ng Mga Handog sa Unang Sabbath. Mahal na mga kapatid, ang inyong mga handog ay nagsilbing kanlungan para sa mga nawalan ng tahanan sa mga trahedya ng kalikasan; nakapagbigay sila ng pagkain para sa daan-daang mga pamilya at pangangalaga sa mga ulila at balo, na nagbibigay ng kabuhayan at tulong sa kanila. Ang mga handog na ito ay nakatulong din sa mga magulang sa pagkuha ng mga binhing itatanim at upang mapakain ang kanilang mga pamilya o magsimula ng isang maliit na negosyo upang ang hindi mabilang na mga tao sa ating pananampalataya ay magkaroon ng mapagkakakitaan at trabaho na sa ibang paraan ay imposible para sa kanila.

Salamat sa Diyos na sa mga panahong ito ng pagsubok, marami ang naantig na magbigay ng kanilang mga donasyon sa altar ng Panginoon. Sa ngalan ng mga pinaglilingkuran, kami ay lubos na nagpapasalamat sa inyo!Gayunpaman, ang mga pangangailangan ay hindi tumitigil sa kabaligtaran, ang mga ito ay dumarami araw-araw, kaya ang inyong kagandahang-loob ay nakakatulong nang lubusan.

"Ang krus ni Kristo ay nagsusumamo sa kabutihan ng bawat tagasunod ng mapalad na Tagapagligtas. Ang prinsipyong inilalarawan doon ay ang magbigay, magbigay. Ito, kung isinasagawa sa aktuwal na kabutihan at mabubuting gawa, ay ang tunay na bunga ng buhay Kristiyano."-—Counsels on Steward-ship, p. 14.

Ngayon, habang inyong inihahandog ang inyong natatanging handog para sa unang Sabbath, pakiusap na mangyaring gawin ang inyong makakaya upang parangalan ang Diyos. Maliit man o marami, ang lahat ay maaaring gawin ang kanilang makakaya. Mula sa kabuuan ng ibinahaging pag-ibig na ito, patuloy tayong mamamahagi ng mga pagpapala sa ating mga kapatid sa buong mundo. "Siya na nagbibigay sa nangangailangan ay nagpapala sa iba, ay pinagpapala ang kanyang sarili sa mas mataas na antas" (Ibid., p. 13). Pagpalain nawa kayo ng Diyos!

*General Conference Welfare Department*

# Si Hesus at si Nicodemo

**SAULUHING TALATA:** "Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios" (Juan 3:3).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Steps to Christ,* pp. 67–75.

"Ang bukal ng puso ay Kinakailangang linisin bago ang mga pagdaloy maging malinis. Siya na nagsisikap na maabot ang langit sa pamamagitan ng kanyang sariling mga gawa sa pagsunod sa kautusan ay sumusubok ng imposible."—*The Desire of Ages,* p. 172.

## 1. ISANG KILALANG TAO ANG NAGHAHANAP KAY JESUS Lin, Ene 26

a. Sino si Nicodemo, at paano siya itinuturing sa paningin ng mga tao? Juan 3:1, 10 .

---

"Si Nicodemo ay may mataas na katungkulan ng pagtitiwala sa bansang Judio. Siya ay mataas ang pinag-aralan, at nagtataglay ng mga talento na hindi pangkaraniwan ang katangian, at siya ay isang respetadong kaanib ng pambansang konseho. . . . Bagama't mayaman, may pinag-aralan, at kinikilala, siya ay naakit sa pambihirang pamamaraan ng mapagpakumbabang Nazareno."—The Desire of Ages, p. 167.

"Siya ay isang mahigpit na Pariseo, at ipinagmamalaki ang kanyang sarili sa kanyang mabubuting gawa. Siya ay lubos na pinahahalagahan dahil sa kanyang kagandahang-loob at kanyang pagiging bukas-palad sa pagtaguyod ng paglilingkod sa templo, at nadama niyang siya ay nakatitiyak sa biyaya ng Diyos."—Ibid., p. 171.

b. Anong oras pumunta si Nicodemo upang makipagkita kay Jesus? Juan 3:2 (unang bahagi).

---

"Sa pamamagitan ng maingat na pagtatanong ay nalaman ang lugar na pahingahan ng Tagapagligtas sa Bundok ng mga Olibo, siya ay naghintay hanggang sa ang lungsod ay mahimbing nang natutulog, at pagkatapos ay hinanap Siya."—Ibid., p. 168.

## 2. ANG PERSONAL NA PAKIKIPAG-USAP

Lun, Ene 27

a. Ano ang nagpapakita ng mabuting pang-unawa ni Jesus sa pagtanggap sa Kanyang panauhin sa napakalalim na oras ng gabi? Awit 31:20, 21.

"Si [Nicodemus] ay lubos na ninais ang isang pakikipag-usap kay Jesus, ngunit umiwas sa paghahanap sa Kanya nang hayagan. Ito ay lubos na masyadong nakakahiya para sa isang pinuno ng mga Judio na tanggapin ng kanyang sarili ang pagsang-ayon sa isang guro na hindi pa gaanong kilala. At kung sakaling ang kanyang pagdalaw ay makarating sa kaalaman ng Sanhedrin, ito ay magdadala sa kanya ng kanilang panunuya at pagtuligsa. Kaya siya ay nagpasiya na sa isang lihim na pakikipag-usap, na idinadahilan ito na kung siya ay pupunta ng hayagan, ang iba ay maaaring sumunod sa kanyang halimbawa."—*The Desire of Ages,* p. 168.

b. Ilarawan kung paano sinimulan ni Nicodemo ang kanyang pakikipag-usap kay Jesus. Juan 3:2.

"Sa presensya ni Kristo, si Nicodemus ay nakadama ng kakaibang pagkamahiyain, na sinikap niyang itago sa ilalim ng hangin ng katahimikan at dignidad. 'Rabi,' ang sabi niya, 'alam namin na Ikaw ay isang guro na nagmula sa Diyos: sapagka't walang sinumang makagagawa ng mga himalang ito na Iyong ginagawa, maliban kung ang Diyos ay sumasakaniya.' Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng hindi pangkaraniwang kaloob ni Kristo bilang guro at ng Kanya ring nakakamanghang kapangyarihang gumawa ng mga himala, umaasa siyang mabigyang daan ang kanyang pakikipag-usap. Ang kanyang mga salita ay idinisenyo upang ipahayag at akitin ang pagtitiwala; ngunit talagang nagpahayag sila ng kawalan ng pananampalataya. Hindi niya kinilala na si Jesus ang Mesiyas, kundi isang guro lamang na ipinadala ng Diyos."—Ibid.

c. Sa anong konsepto biglang pinamangha ni Kristo si Nicodemo? Juan 3:3.

"Sa halip na tanggapin ang papuring ito, itinuon ni Jesus ang Kanyang mga mata sa nagsasalita, na parang binabasa ang kanyang kaluluwa. Sa Kanyang walang hanggang karunungan ay nakita Niya sa Kanyang harapan ang isang naghahanap ng katotohanan. Alam Niya ang layunin ng pagdalaw na ito, at sa pagnanais na palalimin ang pananalig na nasa isipan ng Kanyang tagapakinig tinukoy Niya ng deretso sa punto, sinabi ng taimtim, ngunit may kabaitan, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios' Juan 3:3, margin.

"Si Nicodemo ay lumapit sa Panginoon na nag-iisip na makipag-usap sa Kanya, ngunit inihayag ni Jesus ang pundasyon ng mga prinsipyo ng katotohanan."—Ibid., pp. 168–171.

## 3. ANG BAGONG KAPANGANAKAN Mar, Ene 28

a. Paano tumugon si Nicodemus sa sinabi ni Kristo na kinakailangan niya—at, tulad niya, bakit kinakailangan nating lahat ng karanasan ng bagong kapanganakan? Juan 3:4–8.

"Ang anyo ng bagong kapanganakan, na ginamit ni Jesus, ay hindi lubos na pamilyar kay Nicodemo. Ang mga nahikayat mula sa pagano tungo sa pananampalataya ng Israel ay kadalasang inihahambing sa mga batang kasisilang pa lamang. Samakatuwid, tiyak na naunawaan niya na ang mga salita ni Kristo ay hindi dapat tanggapin sa literal na kahulugan. Ngunit dahil sa bisa ng kanyang kapanganakan bilang isang Israelita ay itinuring niya na ang kanyang sarili na may isang tiyak na lugar sa kaharian ng Diyos. Pakiramdam niya ay hindi niya kinakailangan ng pagbabago. Kaya naman nagulat siya sa mga salita ng Tagapagligtas. Siya ay nayamot sa malapit na pag-aangkop sa kanyang sarili. Ang pagmamataas ng Pariseo ay nakikipagpunyagi laban sa matapat na hangarin ng paghahanap ng katotohanan. Siya ay namangha na si Kristo ay nakipag-usap sa kanya tulad ng Kanyang ginagawa, na hindi isina-saalang-alang ang kanyang katungkulan bilang tagapamahala sa Israel.

"Nagulat dahil nawala sa kanyang pagtitimpi, sinagot niya si Kristo sa mga salitang puno ng panunuya, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na?' Katulad ng marami kapag ang nakakasakit na katotohanan ay dinadala sa konsensya, siya ay nagpapakita ng katunayan na ang likas na tao ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos. Wala sa kanya ang pagtugon sa mga espirituwal na bagay; sapagka't ang mga bagay na espirituwal ay pang-espirituwal ang pagkilala.

"Subali't ang Tagapagligtas ay hindi nakipagtalo sa argumento. Itinaas ang Kanyang kamay nang may solemne, tahimik na dignidad, idiniin Niya ang katotohanan sa nang may higit na katiyakan, Maliban na ang tao'y ipanganak sa tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makakapasok sa kaharian ng Dios.' "—*The Desire of Ages,* p. 171.

b. Kailan at paano ang isang tao maipapanganak muli? Juan 1:12, 13.

"'Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak,' upang ang tao ay makipagkasundo sa Diyos. Sa pamamagitan ng mga merito ni Kristo ang tao ay maibabalik sa pakikipagkaisa sa kanyang Maylalang. Ang kanyang puso ay dapat na mabago sa pamamagitan ng banal na biyaya; siya dapat magkaroon ng bagong buhay mula sa itaas. Ang pagbabagong ito ay ang bagong kapanganakan, kung wala ito, sabi ni Jesus, 'hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.' "—*The Great Controversy,* p. 467.

"Sa pamamagitan [ng] simpleng gawa ng may pananalig sa Diyos, ang Banal na Espiritu ay lumilikha ng bagong buhay sa inyong puso. Tayo ay katulad ng isang batang ipinanganak sa sambahayan ng Diyos, at iniibig ka Niya gaya ng pag-ibig Niya sa Kanyang Anak."—*Steps to Christ*, p. 52.

## 4. PAGLILINIS AT PAGBABAGONG-BUHAY



a. **Ano ang sumisimbolo sa paglilinis at pagbabagong-buhay na dulot ng bagong kapanganakan? Marcos 16:16 (unang bahagi).**

---

"Ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng Diyos ang maaaring magpabago sa minana at nilinang na mga hilig; sapagkat ang relihiyon ni Hesus ay nagpaparangal. Ang 'Ipanganak muli' ibig sabihin ay isang pagbabago, isang bagong kapanganakan kay Kristo-Hesus."—*The Adventist Home,* p. 206.

"Si Kristo ay ginawa ang bautismo bilang tanda ng pagpasok sa Kanyang espirituwal na kaharian. Ginawa niya itong positibong kondisyon kung saan ang lahat ay dapat sundin kung nais kilalanin sa ilalim ng kapangyarihan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Bago makahanap ng tahanan ang tao sa iglesia, bago dumaan sa pintuan ng espirituwal na kaharian ng Diyos, dapat niyang tanggapin ang tatak ng banal na pangalan, 'Ang Panginoon ay ating Katuwiran.' Jeremias 23:6.

"Ang bautismo ay isang pinakataimtim na pagtalikod sa sanglibutan. Yaong mga nabautismuhan sa tatlong pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu, sa mismong pagpasok sa kanilang buhay Kristiyano ay ipinapahayag sa publiko na kanilang tinalikuran ang paglilingkod kay Satanas at nagiging mga kaanib ng maharlikang sambahayan, mga anak ng makalangit na Hari. Kanilang sinusunod ang kautusan: 'Magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, . . . at huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi.' At sa kanila ay natupad ang pangako: 'At kayo'y aking tatanggapin, At ako sa inyo'y magiging ama, At sa akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat.' 2 Corinto 6:17, 18." —T*estimonies for the Church, v*ol. 6, p. 91.

b. **Ano ang ipinahayag tungkol sa kasamaan ng ating likas bilang tao at ang plano ng Diyos na baguhin tayo? Juan 3:6; Jeremias 17:9; Efeso 5:26, 27.**

---

"Imposible para sa atin, sa ating sarili, na makatakas mula sa hukay ng kasalanan kung saan tayo ay nakalublob. Ang ating mga puso ay masasama, at hindi natin ito mababago. . . . Ang edukasyon, kultura, pagsasagawa ng kalooban, pagsisikap ng tao, lahat ay may kani-kaniyang saklaw, ngunit dito sila ay walang kapangyarihan. Maaari silang gumawa ng panlabas na kawastuhan ng pag-uugali, ngunit hindi nila mababago ang puso; hindi nila malilinis ang mga bukal ng buhay. Kinakailangang mayroong kapangyarihang gumagawa mula sa loob, isang bagong buhay mula sa itaas, bago ang mga tao ay mabago mula sa kasalanan tungo sa kabanalan. Ang kapangyarihang iyon ay si Kristo. Ang Kanyang biyaya lamang ang makapagbibigay-sigla sa walang buhay na mga kakayahan ng kaluluwa, at makakapaghikayat nito sa Diyos, sa kabanalan."—Steps to Christ, p. 18.

## 5. BAGONG BUHAY AT BAGONG MGA PAGKILOS — Huw, Ene 30

a. Anong mensahe nang maglaon ang isinulat ng mga apostol tungkol sa pagbabago ng pinagtutuonan na nagmumula sa bagong kapanganakan? Galacia 2:20; 1 Juan 2:15–17.

"Ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng Diyos ang maaaring magpabago sa minana at nilinang na mga hilig; sapagkat ang relihiyon ni Hesus ay nagpaparangal. Ang 'Ipanganak muli' ibig sabihin ay isang pagbabago, isang bagong kapanganakan kay Kristo-Hesus."—*The Adventist Home,* p. 206.

"Si [Pablo] ay nakumbinsi na kung ang isipan ng mga tao ay mauunawaan ang nakakamanghang sakripisyong ginawa ng Kamahalan ng langit, ang lahat ng pagkamakasarili ay maaalis sa kanilang mga puso. Itinuturo niya muna ang isipan sa kalagayan na nasasaklaw ni Kristo sa langit, sa sinapupunan ng Kanyang Ama; inihahayag niya Siya pagkatapos na inaalis ang Kanyang kaluwalhatian, kusang-loob na ipinapasakop ang Kanyang sarili sa lahat ng mababang kalagayan ng likas ng tao, inaako ang mga pananagutan ng isang alipin, at naging masunurin hanggang sa kamatayan, at ang kamatayan na iyon ang pinaka-nakakamuhi at nakakarimarim, ang pinaka-nakakahiya, ang pinakamasakit—ang kamatayan sa krus. Maaari bang pagnilayan ng mga Kristiyano ang kahanga-hangang pagpapakita ng pag-ibig na ito ng Diyos sa tao na walang mga damdamin ng pag-ibig at pag-unawa sa katunayan na hindi tayo sa ating sarili? Ang gayong Guro ay hindi nararapat paglingkuran na nagmumula sa masamang loob, mapagimbot, makasariling motibo."—*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 458.

"Nais ko kayong paalalahanan gaya ng pakikipag-usap ni Kristo kay Nicodemus: 'Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli.' Sa kanila na si Kristo ay namamahala sa kalooban ay hindi makadarama ng pagnanais na tularan ang pagtatanghal ng sanlibutan. Dadalhin nila saanman ang pamantayan ng krus, na laging nagpapatotoo sa mas matataas na layunin at mas marangal na mga tema kaysa kung saan ang mga makasanlibutan ay nahuhumaling. Ang ating pananamit, ang ating mga tahanan, ang ating pagkamamamayan, ay dapat magpatotoo sa ating pagtatalaga sa Diyos. Anong kapangyarihan ang tutulong sa mga napatunayang isinuko nila ang lahat para kay Kristo."—Ibid., vol. 5, p. 189.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Ene 31

1. Dahil sa kaniyang mabubuting gawa, paano ni Nicodemus tinitingnan ang kaniyang sarili?
2. Paano si Nicodemus kumilos sa presensya ni Kristo?
3. Ano ang ibig sabihin ng "ipanganak na muli"?
4. Paano nagaganap ang bagong kapanganakan?
5. Anong pagbabago sa pag-uugali ang dumarating bilang resulta ng bagong kapanganakan, at bakit?

# Ang Pagkilos ng Banal na Espiritu

**SAULUHING TALATA:** "At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao; Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:14, 15).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Christ's Object Lessons,* pp. 95–102.

"Tumingin, O tumingin kay Jesus at mabuhay!"—*Christian Education,* p. 76.

## 1. PAGHIHIKAYAT NG PAGTATANONG

Lin, Peb 2

a. Anong tanong ni Nicodemus ang nagpapakita na lumalambot ang kanyang puso? Juan 3:9.

"Si Jesus ay talagang sinabi kay Nicodemus: Hindi pakikipagtalo ang makakatulong sa iyong kalagayan: hindi ang mga argumento ang magdadala ng liwanag sa kaluluwa. Dapat kang magkaroon ng bagong puso, o hindi mo makikilala ang kaharian ng langit. Hindi ang mas malaking katibayan ang magdadala sa iyo sa tamang kalagayan, kundi mga bagong layunin, mga bagong pagsimula ng pagkilos. Kinakailangan ninyong ipanganak na muli. Hanggang sa maganap ang pagbabagong ito, ginagawang bago ang lahat ng bagay, ang pinakamatibay na katibayan na maaaring iharap ay magiging walang silbi. Ang kinakailangan ay nasa inyong sariling puso; ang lahat ay dapat baguhin, o hindi mo makikita ang kaharian ng Diyos.

"Ito ay isang nakakahiyang pahayag kay Nicodemus. . . . Siya ay hindi espirituwal ang pag-iisip na sapat upang maunawaan ang kahulugan ng mga salita ni Kristo. Ngunit ang Tagapagligtas ay hindi nakipagtalo sa argumento. . . .

"Ang ilang mga sinag ng katotohanan ay tumatagos sa isipan ng pinuno. Ang mga salita ni Kristo ay pumuno sa kanya ng pagkamangha, at humantong sa pagtatanong, 'Paano mangyayari ang mga bagay na ito?' Si Jesus ay sumagot ng may katapatan, 'Ikaw ba ay isang guro ng Israel, at hindi mo nalalaman ang mga bagay na ito?', sa halip na makaramdam ng inis sa mga payak na salita ng katotohanan, at pagbigyan ang panunuya, siya ay dapat magkaroon ng mas mapagpakumbabang opinyon sa kanyang sarili, dahil sa kanyang espirituwal na kamangmangan. Gayunpaman ang mga salita ni Kristo ay binigkas nang may gayong kasolemnehan ng dignidad, at kapwa ang pagtingin at tono ay nagpahayag ng gayong taimtim na pag-ibig sa kanya, na hindi siya nasaktan nang naunawaan niya ang kanyang nakakahiyang kalagayan."—*Testimonies to Ministers,* pp. 368, 369.

## 2. PAGBABAGO NG KARANIWANG PAG-UUGALI — Lun, Peb 3

a. Anong punto ang ipinagmamalaki ng mga Pariseo sa kanilang sarili? Lucas 18:9–12.

"Ang mga Judio ang unang tinawag sa ubasan ng Panginoon, at dahil dito sila ay naging mapagmataas at matuwid sa sarili. Ang kanilang mahabang taon ng paglilingkod ay itinuring nila na karapat-dapat silang tumanggap ng mas malaking gantimpala kaysa sa iba. Wala nang mas nagpapagalit sa kanila kaysa sa pagpapakilala na ang mga Gentil ay dapat tanggapin na may pantay na mga pribilehiyo sa kanilang mga sarili sa mga bagay ng Diyos."—*Christ's Object Lessons,* p. 400.

b. Paano inilarawan ni Jesus ang gawain ng Banal na Espiritu sa puso? Juan 3:8.

"Ang hangin ay naririnig sa gitna ng mga sanga ng mga puno, pinapagaspas ang mga dahon at bulaklak; gayon ma'y hindi nakikita, at walang nakakaalam kung saan ito nanggaling o kung saan ito pupunta. Gayon din sa gawain ng Banal na Espiritu sa puso. Hindi ito maaaring maipaliwanag pa kundi sa mga pagkilos ng hangin. Maaaring hindi masabi ng isang tao ang eksaktong oras o lugar, o matunton ang lahat ng mga pangyayari sa proseso ng pagkahikayat; ngunit ito ay hindi nagpapatunay na siya ay hindi nahikayat. Sa pamamagitan ng isang ahensyang hindi nakikita gaya ng hangin, si Kristo ay patuloy na kumikilos sa puso."—*The Desire of Ages*, p. 172.

c. Paano ang banal na pagkilala isinasaayos sa puso? Isaias 30:21; Jeremias 42:3; Mateo 16:17.

"Unti-unti, marahil nang hindi namamalayan ng tumatanggap, ang pag-unawa ay nagagawa na umaakay upang mailapit ang kaluluwa kay Kristo. Ang mga ito ay maaaring matanggap sa pamamagitan ng pagninilay-nilay sa Kanya, sa pamamagitan ng pagbabasa ng Banal na Kasulatan, o sa pamamagitan ng pakikinig sa salita mula sa mga buhay na mangangaral. Pagdaka, habang ang Espiritu ay dumarating nang may mas tuwirang pagsusumamo, ang kaluluwa ay malugod na isinusuko ang sarili mismo kay Jesus. Ang marami ay tinatawag ito na biglaang pagkahikayat; ngunit ito ay resulta ng mahabang pagsusumamo ng Espiritu ng Diyos—isang mapagtiis, mahabang proseso."—Ibid.

"Hayaan ang inyong mga puso na lumambot at masupil ng Espiritu ng Diyos. Hayaang matunaw ang mga kaluluwang nababalot ng yelo sa ilalim ng paggawa ng Banal na Espiritu."—*Letters and Manuscripts,* vol. 12, Liham 53, 1897.

## 3. KATIBAYAN NG BAGONG KAPANGANAKAN — Mar, Peb 4

a. Paano ang panloob na mga pagkilos ng Banal na Espiritu nahahayag sa panlabas? Galacia 5:22–25.

"Bagaman ang hangin mismo ay hindi nakikita, ito ay gumagawa ng mga epekto na nakikita at nararamdaman. Kaya ang gawain ng Banal na Espiritu sa kaluluwa ay naihahayag mismo ng sarili sa bawat kilos niya na nakadarama ng makapagliligtas nitong kapangyarihan. Kapag ang Espiritu ng Diyos ay sinakop ang puso, binabago nito ang buhay. Ang mga masasamang kaisipan ay inaalis, ang masasamang gawa ay tinalitakuran; ang pag-ibig, pagpapakumbaba, at kapayapaan ang pumapalit sa galit, inggit, at alitan. Ang kagalakan ang pumapalit sa lugar ng kalungkutan, at sa mukha ay sumisinag ang liwanag ng langit."—*The Desire of Ages*, p. 173.

b. Kailan natatanggap ng isang tao ang pagpapala ng pagbabago? Roma 10:9, 10; 1 Juan 1:9.

"Walang sinuman ang nakakakita ng kamay na nagbubuhat ng pasanin, o nakakakita ng liwanag na bumababa mula sa mga looban sa itaas. Ang pagpapala ay dumarating kapag sa pamamagitan ng pananampalataya ang kaluluwa ay isinusuko ang sarili mismo sa Diyos. Pagkatapos ang kapangyarihang iyon na walang mata ng tao ang nakakakita ay lumilikha ng isang bagong pagkatao sa wangis ng Diyos."—Ibid.

"Kung ang paghubog at pagsasaayos ng Banal na Espiritu ay nasa inyong puso araw-araw, kayo ay magkakaroon ng banal na pananaw upang maunawaan ang katangian ng kaharian ng Diyos. Si Nicodemus ay tinanggap ang mga aral ni Kristo at naging isang tunay na mananampalataya."—Testimonies to Ministers, pp. 369, 370.

c. Paano inilalarawan ni Kristo ang prosesong ito? Mateo 13:33.

"Ang lebadura na nakatago sa harina ay kumikilos nang hindi nakikita na nagdadala sa buong masa sa ilalim ng proseso ng pagpapaalsa nito; gayon ang lebadura ng katotohanan ay kumikilos nang lihim, tahimik, tuluy-tuloy, upang baguhin ang kaluluwa. Ang mga likas na hilig ay pinalalambot at sinusupil. Ang mga bagong kaisipan, bagong damdamin, bagong motibo, ay ipinupunla. Isang bagong pamantayan ng pag-uugali ang binubuo—ang buhay ni Kristo. Ang isipan ay nababago; ang mga kakayahan ay napupukaw sa pagkilos sa mga bagong antas. Ang tao ay hindi pinagkalooban ng mga bagong kakayahan, kundi ang mga kakayahan na mayroon na sila ay pinababanal. Ang konsensya ay ginigising. Tayo ay pinagkalooban ng mga katangian ng pagkatao na nagpapangyari sa atin na gawin ang paglilingkod sa Diyos."—*Christ's Object Lessons,* pp. 98, 99.

## 4. ISANG PANGKARANIWANG PAGLALARAWAN

Miy, Peb 5

a. Paano inilarawan ni Jesus ang Kanyang pagkapako sa krus na malapit nang mangyari? Juan 3:14, 15.

"[Sinipi ang Juan 3:14, 15.] Dito ang lugar kung saan alam na alam ni Nocodemus. Ang simbolo ng itinaas na ahas ay ginawang malinaw sa kanya ang misyon ng Tagapagligtas. Nang ang bayan ng Israel ay namamatay mula sa kamandag ng mga mababangis na mga ahas, ang Diyos ay inutusan si Moises na gumawa ng isang ahas na tanso, at inilagay ito sa itaas sa gitna ng kapisanan. Pagkatapos ay ipinaabot ang salita sa buong kampo upang ang lahat na titingin sa ahas ay mabubuhay. Ang bayan ay alam na alam na ang ahas mismo ay walang kapangyarihang tumulong sa kanila. Ito ay simbolo ni Kristo. Kung paanong ang larawan na ginawa sa wangis ng pumapatay na mga ahas ay itinaas para sa kanilang pagpapagaling, gayundin ang Isa na ginawa 'na naganyong lamang salarin' ay magiging kanilang Manunubos. Roma 8:3. Karamihan sa mga Israelita ay itinuturing na ang paglilingkod sa paghahain mismo ay may kagalingan sa sarili upang sila ay mapalaya sa kasalanan. Ang Diyos ay nais na ituro sa kanila na wala itong halaga tulad ng ahas na tanso. Ito ay upang akayin ang kanilang mga kaisipan sa Tagapagligtas. Kahit na para sa pagpapagaling ng kanilang mga sugat o sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, wala silang magagawa para sa kanilang sarili kundi ipakita ang kanilang pananampalataya sa Kaloob ng Diyos. Dapat silang tumingin at mabubuhay."—*The Desire of Ages*, pp. 174, 175.

b. Sa kabila ng probisyon, bakit ang ilan ay namatay? 1 Corinto 10:9; Hebreo 3:12.

"Karamihan sa mga Israelita ay walang nakitang tulong sa lunas na itinakda ng Langit. Ang mga patay at namamatay ay nasa paligid nila, at alam nila na, kung walang tulong ng Diyos, ang kanilang sariling kapalaran ay tiyak; ngunit patuloy silang nagdalamhati sa kanilang mga sugat, sa kanilang mga sakit na nararamdaman, sa kanilang tiyak na kamatayan, hanggang sa maubos ang kanilang lakas, at ang kanilang mga mata ay nanlilisik, kahit na sila ay mayroong agarang kagamutan."—*Patriarchs and Prophets*, p. 432.

c. Kung nais nating maligtas, saan tayo dapat tumingin? Hebreo 6:19, 20.

"Ang nakamamatay na epekto ng kasalanan ay maaaring maaalis lamang sa pamamagitan ng probisyon na ginawa ng Diyos. Ang mga Israelita ay nailigtas ang kanilang buhay sa pamamagitan ng pagtingin sa itinaas na ahas. Ang pagtinging iyon ay nagpapahiwatig ng pananampalataya. Sila ay nabuhay dahil sila ay nanampalataya sa salita ng Diyos, at nagtiwala sa mga pamamaraan na ibinigay para sa kanilang kag-alingan. Kaya't ang makasalanan ay maaaring tumingin kay Kristo, at mabubuhay. Siya ay tumatanggap ng kapatawaran sa pamamagitan ng pananampalataya sa nagbabayad-salang hain. . . . Si Kristo ay may kapangyarihan at katangian sa Kanyang Sarili upang pagalingin ang nagsisising makasalanan."—Ibid., p. 431.

## 5. PANATILIHING ANG ATING MGA MATA AY NAKATITIG — Huw, Peb 6

a. Anong aral ang naunawaan ni Nicodemus nang maglaon na kinakailangan nating matutunan—at laging isasaisip? Efeso 2:8; Lucas 13:20, 21.

"Kadalasan ang tanong ay lumilitaw, Bakit, kung gayon, may napakaraming, nag-aangking nananampalataya sa salita ng Diyos, na sa kanila ay hindi nakikita ang pagbabago sa mga pananalita, sa espiritu, at sa pag-uugali? Bakit napakaraming hindi makatiis sa pagsalungat sa kanilang mga layunin at mga plano, na nagpapakita ng hindi banal na ugali, at ang mga pananalita ay mabagsik, mapagmataas, at malupit? Nakikita sa kanilang mga buhay ang parehong pag-ibig sa sarili, ang parehong makasariling kaluguran, ang parehong mainiting ulo at padalos-dalos na pananalita, na nakikita sa pamumuhay ng makasanlibutan. Nariyan ang parehong maramdaming pagmamataas, ang parehong pagpapasakop sa likas na hilig, ang parehong baluktot na pag-uugali, na para bang ang katotohanan ay lubos na hindi nila nalalaman. Ang dahilan ay hindi sila nahikayat. Hindi nila ipinasok ang lebadura ng katotohanan sa puso. Hindi ito nagkaroon ng pagkakataon na gawin ang gawain nito. Ang kanilang likas at nilinang na mga hilig sa kasamaan ay hindi naipasakop sa nagpapabagong kapangyarihan nito. Ang kanilang pamumuhay ay naghahayag ng kawalan ng biyaya ni Kristo, isang kawalan ng pananampalataya sa Kanyang kapangyarihan na baguhin ang pag-uugali.

" 'Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ng Diyos.' Roma 10:17. Ang Banal na Kasulatan ay ang dakilang ahensya sa pagbabago ng pag-uugali. Si Kristo ay nanalangin, 'Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan.' Juan 17:17. Kung pag-aaralan at susundin, ang salita ng Diyos ay kikilos sa puso, na sinusupil ang bawat hindi banal na katangian. Ang Banal na Espiritu ay dumarating upang ipakilala ang kasalanan, at ang pananampalataya na umuusbong sa puso ay kumikilos sa pamamagitan ng pag-ibig kay Kristo, na iniaayon tayo sa katawan, sa kaluluwa, at sa Espiritu ayon sa Kanyang sariling wangis. Pagkatapos ang Dios ay maaari tayong magamit upang gawin ang Kanyang kalooban. Ang kapangyarihang ibinigay sa atin ay gumagawa mula sa kalooban hanggang sa panlabas, na umaakay sa atin na ipaalam sa iba ang katotohanang naipaabot sa atin."—Christ's Object Lessons, pp. 99, 100.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Peb 7

1. Ano ang pangunahing katangian ng mga Pariseo noong panahon ni Kristo?
2. Ipaliwanag kung paano tayo muling nababago ayon sa wangis ni Kristo.
3. Paano ang pagbabago ng puso naipapakita?
4. Ipaliwanag ang simbolo ng itinaas na ahas.
5. Paano ang talinghaga ng lebadura ipinapahayag ang paglago sa biyaya ng Diyos?

SABBATH, PEBRERO 15, 2025

LEKSIYON 7

# Si Hesus at si Juan Bautista

**SAULUHING TALATA:** “Siya’y kinakailangang dumakila, nguni’t ako’y kinakailangang bumaba” (Juan 3:30).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 721–729.

“Si Juan Bautista ay ipinahayag ng ating Tagapagligtas na pinakadakila sa mga propeta. Subali’t napakalaking pagkakaiba ng pananalita ng taong ito ng Diyos at ng karamihang nag-aangking mga ministro ng krus. Nang siya ay tinanong kung siya ba ang Kristo, ipinahayag ni Juan na ang kanyang sarili ay hindi karapat-dapat kahit na magtanggal lamang ng mga pangyapak ng kanyang Panginoon.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 224.

## 1. ISANG SULIRANIN SA MGA DISIPULO

Lin, Peb 9

a. Anong tanong ang lumitaw sa mga alagad ni Juan at ng mga Judio? Juan 3:25.

“Ang mga alagad ni Juan ay tumingin nang may paninibugho sa lumalawak na katanyagan ni Jesus. Sila ay nakatayong handang punahin ang Kanyang gawain, at ito ay hindi nagtagal bago sila nakahanap ng pagkakataon. Isang tanong ang lumitaw sa pagitan nila at ng mga Hudyo kung ang bautismo ay nakakatulong upang linisin ang kaluluwa mula sa kasalanan; sila ay nanindigan na ang bautismo ni Jesus ay talagang naiiba sa bautismo ni Juan. Hindi nagtagal sila ay nakipagtalo sa mga alagad ni Kristo tungkol sa uri ng mga salita na angkop gamitin sa pagbautismo, at sa huli ay tungkol sa karapatan ng huli na magbautismo sa lahat.”—*The Desire of Ages*, p. 178.

b. Paano ipinahayag ng mga alagad ni Juan ang kanilang pagka-inggit sa gawain ni Cristo—at anong marangal na sagot ang ibinigay niya? Juan 3:26, 27.

“Si Juan ay may likas na taglay ng mga pagkakamali at kahinaan na karaniwan sa sangkatauhan, ngunit ang paghipo ng banal na pag-ibig ang nagpabago sa kanya. Siya ay nanahan sa isang kapaligiran na hindi nahawahan ng pagkamakasarili at hangarin, at malayo sa masamang samyo ng paninibugho. Siya ay hindi nagpakita ng simpatya sa pagkayamot ng kanyang mga alagad, kundi ipinakita kung gaano niya kaliwanag na naunawaan ang kanyang kaugnayan sa Mesiyas, at kung gaano niya kasayang tinanggap ang Isa na ipinaghanda niya ng daan.”—Ibid., p. 179.

## 2. ANG MISYON NI JUAN

Lun, Peb 10

a. Paano ipinakita ni Juan na nauunawaan niya ang kanyang misyon? Juan 3:28, 29.

"Si Juan ay kinatawanan ang kanyang sarili bilang kaibigan na nagsilbing mensahero sa pagitan ng mga magkatipan, na naghahanda ng mga bagay para sa kasalan. Nang ang kasintahang lalaki ay tinanggap na ang kanyang kasintahang babae, ang misyon ng kaibigan ay natupad na. Siya ay nagalak sa kaligayahan ng mga pagsasamang kanyang tinulungan. Kaya si Juan ay tinawagan upang pangasiwaan ang mga tao tungo kay Jesus, at ito ay kanyang kagalakan na masaksihan ang tagumpay ng gawain ng Tagapagligtas."—The Desire of Ages, p. 179.

b. Ilarawan ang gawain ni Juan—at nang atin. Juan 1:23, 29.

"Nakatingin nang may pananampalataya sa Manunubos, si Juan ay umabot sa sukdulan ng pagpapakasakit sa sarili. Hindi niya hinangad na akitin ang mga tao sa kanyang sarili, kundi iangat ang kanilang mga kaisipan nang mas mataas at mas mataas pa, hanggang sa sila ay makaabot sa Kordero ng Diyos. Siya mismo ay naging isang tinig lamang, isang sumisigaw sa ilang. Ngayon na may kagalakan ay tinanggap niya ang katahimikan at ang dilim, upang ang mga mata ng lahat ay mabaling sa Liwanag ng buhay.

"Yaong mga tapat sa kanilang pagkatawag bilang mga mensahero ng Diyos ay hindi maghahangad ng karangalan para sa kanilang sarili. Ang pag-ibig sa sarili ay dadaigin ng pag-ibig kay Kristo. Walang pakikipagpaligsahan ang makakasira sa mahalagang layunin ng ebanghelyo. Tatanggapin nila na ang kanilang gawain ay magpahayag, tulad ng ginawa ni Juan Bautista, 'Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.' Juan 1:29. Itataas nila si Jesus, at kasama Siya ang sangkatauhan ay itataas. 'Sapagka't ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal; Ako'y tumatahan sa mataas at banal na dako na kasama rin niya na may pagsisisi at pagpapakumbabang-loob, upang bumuhay ng loob ng nagpapakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi." — Ibid., pp. 179, 180.

"Huwag ninyong hanapin ang inyong sariling kasiyahan at kaginhawahan, kundi sikapin ninyong malaman at gawin ang kalooban ng Diyos. Hayaang magtanong ang bawat isa, Hindi ko ba maituturo ang ilang kaluluwa sa Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan? Hindi ko ba kayang aliwin ang ilang nalulungkot? Hindi ba ako maaaring maging paraan ng pagliligtas ng ilang kaluluwa sa kaharian ng Diyos? Kinakailangan natin ang malalim na pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa ating mga puso, na hindi lamang natin sinisiguro para sa ating sarili ang mapuputing damit, kundi upang maimpluwensyahan natin ang iba upang ang kanilang mga pangalan ay maipasok sa aklat ng buhay, na hindi kailanman mapapawi."—Historical Sketches, p. 140.

## 3. ANG KALOOB NG ESPIRITU

Mar, Peb 11

a. Paano ang karamihan sa mga tao tumugon sa mensahe ni Kristo? Juan 3:32.

---

"Ang mga disipulo ni Juan ay ipinahayag na ang lahat ng tao ay lumalapit kay Cristo; ngunit sa mas malinaw na pananaw, sinabi ni Juan, 'Walang taong tumatanggap ng Kanyang patotoo;' kaya kakaunti ang handang tanggapin Siya bilang Tagapagligtas mula sa kasalanan. Ngunit 'siya na tumanggap ng Kanyang patotoo ay naglagay dito ng kanyang tatak, na ang Diyos ay totoo.' Juan 3:33, R.V." – *The Desire of Ages*, p. 181.

b. Kanino ipinagkaloob ang kaloob ng Banal Espiritu? Juan 3:34.

---

"Tayo ay maaari lamang tanggapin ang liwanag ng langit kung handa tayong mawalan ng laman sa sarili. Hindi natin maaaring makilala ang katangian ng Diyos, o matatanggap si Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya, maliban kung papayag tayong dalhin sa pagkabihag ang bawat pag-iisip sa pagsunod kay Kristo. Sa lahat ng gumagawa nito ang Banal na Espiritu ay ibinibigay nang walang sukat. Kay Kristo ay 'nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman.' Colosas 2:9, 10, R.V."—Ibid.

c. Paano ang susi sa pagtanggap ng mas malaking sukat ng Banal na Espiritu higit pang ipinahayag sa Kasulatan? Juan 14:15–17; Gawa 5:32.

---

---

"Tayo ay hindi lamang dapat magsabing, 'Nananampalataya ako,' kundi isinasagawa ang katotohanan. Ito ay sa pamamagitan ng pag-alinsunod sa kalooban ng Diyos sa ating mga pananalita, sa ating pagkilos, sa ating pag-uugali, na pinatutunayan natin ang ating kaugnayan sa Kanya. Sa tuwing tatalikuran ng isang tao ang kasalanan, na siyang paglabag sa kautusan, ang kanyang buhay ay dadalhin sa pagsang-ayon sa kautusan, sa ganap na pagsunod. Ito ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang liwanag ng salita na maingat na pinag-aaralan, ang tinig ng konsensya, ang mga pagsisikap ng Espiritu, ay nagbubunga sa puso ng tunay na pag-ibig para kay Kristo, na ibinigay ang Kanyang sarili na buong hain upang tubusin ang buong pagkatao, katawan, kaluluwa, at espiritu. At ang pag-ibig ay ipinakikita sa pagsunod. Ang hanay ng pagkakaiba ay magiging malinaw at natatangi sa pagitan ng mga umiibig sa Diyos at tumutupad sa Kanyang kautusan, at sa mga hindi umiibig sa Kanya at nagwawalang-bahala sa Kanyang mga tuntunin."—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 92.

## 4. ANG KAHALAGAHAN NG BAUTISMO

Miy, Peb 12

a. Bakit napakahalagang maunawaan ang hakbang na ginagawa natin para kay Cristo kapag nagpasiya tayong magpabautismo? Juan 3:36.

“Hiwalay kay Kristo, ang bautismo, tulad ng ibang paglilingkod, ay isang walang kabuluhang anyo.”—The Desire of Ages, p. 181.

“Hindi na kinakailangan ng pagtatalo kung ang bautismo ni Kristo o ni Juan ay nakapaglilinis mula sa kasalanan. Ang biyaya ni Kristo ang nagbibigay buhay sa kaluluwa.”—Ibid.

“Sa pamamagitan lamang ni Kristo maaaring matamo ang walang-kamatayan. Sinabi ni Jesus: ‘Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; nguni’t ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay.’ Juan 3:36. Bawat tao ay maaaring magkaroon ng napakahalagang pagpapalang ito kung susundin niya ang mga kondisyon. Ang lahat ng ‘mga nagsisipagtiyaga sa mabubuting gawa sa paghanap ng kaluwalhatian at puri at ng di pagkasira, ay ang buhay na walang hanggan:.’ Roma 2:7.”— The Great Controversy, p. 533.

“Ang bautismo ay isang pinakataimtim na pagtalikod sa sanlibutan. Yaong mga nabautismuhan sa tatlong pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu, sa mismong pagpasok ng kanilang buhay Kristiyano ay ipinapahayag sa publiko na kanilang tinalikuran ang paglilingkod kay Satanas at nagiging mga kaanib ng maharlikang sangbahayan, mga anak ng makalangit na Hari.”—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 91.

b. Ipaliwanag ang nakagugulat na mga salita ni Juan Bautista na naghayag ng lalim ng pangako sa totoong-buhay na ipinahihiwatig ng bautismo? Lucas 3:7, 8 .

“Si Juan ay inilagay ang palakol sa ugat ng punong kahoy. Sinaway niya ang kasalanan, na walang takot sa mga kahihinatnan, at inihanda ang daan para sa Kordero ng Diyos.

“Si Herodes ay naapektuhan habang siya ay nakikinig sa makapangyarihan at tuwirang patotoo ni Juan, at may matinding pagnanais na itinanong niya kung ano ang dapat niyang gawin upang maging kanyang alagad. Nalalaman ni Juan ang katotohanan na malapit na niyang pakasalan ang asawa ng kanyang kapatid, habang nabubuhay pa ang asawa nito, at matapat na sinabi kay Herodes na ito ay hindi matuwid.”—Early Writings, p. 154.

“Si Juan Bautista ay hinarap ang kasalanan nang may hayagang pagsaway sa mga taong may hamak na hanapbuhay at sa mga taong may mataas na antas. Ipinahayag niya ang katotohanan sa mga hari at mahal na tao, pakinggan man nila ito o tanggihan. Siya ay nagsasalita nang personal at tuwiran.”—Selected Messages, bk. 2, p. 149.

## 5. ISANG MATALINONG PAMAMARAAN — Huw, Peb 13

a. Nang maunawaan na ang mga Pariseo ay nagsisikap na lumikha ng Suliranin sa pagitan ni Juan at Niya mismo, ano ang ginawa ni Jesus? Juan 4:1–3.

"Alam ni Jesus na [ang mga Pariseo] ay magsisikap na lumikha ng pagkakabaha-bahagi sa pagitan ng Kanyang sariling mga alagad at ng kay Juan. Alam niya na ang bagyo ay nagtitipon na tatangayin ang isa sa mga pinakadakilang propetang ibinigay sa sanlibutan. Sa pagnanais na iwasan ang lahat ng pagkakataon ng hindi pagkakaunawaan o pagtatalo, tahimik Niyang itinigil ang Kanyang mga gawain, at umalis sa Galilea. Tayo rin, bagama't matapat sa katotohanan, ay dapat na subukang iwasan ang lahat ng maaaring humantong sa pagtatalo at maling pagkaunawa. Sapagkat sa tuwing bumabangon ang mga ito, nagreresulta ito sa pagkawala ng mga kaluluwa. Sa tuwing may mga pangyayaring nagaganap na nagbabantang magdulot ng pagkakabaha-bahagi, dapat nating tularan ang halimbawa ni Jesus at ni Juan Bautista."—The Desire of Ages, p. 181.

b. Ano ang dapat nating matutunan mula sa pagkilos ni Juan upang pakalmahin ang suliranin? Juan 3:30.

"Tulad ng mga alagad ni Juan, marami ang nakadarama na ang tagumpay ng gawain ay nakasalalay sa unang manggagawa. Ang atensyon ay nakatuon sa tao sa halip na sa Dios, ang paninibugho ay pumapasok, at ang gawain ng Diyos ay napipinsala. Ang isa na sa gayon ay labis na pinararangalan ay natutuksong pahalagahan ang pagtitiwala sa sarili. Hindi niya nauunawaan ang kanyang pagtitiwala sa Diyos. Ang mga tao ay natuturuang umasa sa tao para sa patnubay, at sa gayon sila ay nahuhulog sa pagkakamali, at naaakay palayo sa Diyos.

"Ang gawain ng Diyos ay hindi upang taglayin ang paglalarawan at katangian ng tao. Paminsan-minsan ang Panginoon ay magdadala ng iba't ibang pamamaraan, na kung saan ang Kanyang layunin ay pinakamabuting maisasakatuparan. Mapalad sila na handang magpakumbaba, na nagsasabi kasama ni Juan Bautista, 'Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba.' "—Ibid., p. 182.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Peb 14

1. Bakit ang mga alagad ni Juan ay naninibugho sa gawain ni Kristo?
2. Ano ang ipinahayag ni Juan sa kaniyang mga alagad?
3. Para sa anong layunin ang kaloob ng Banal na Espiritu ipinagkaloob?
4. Paano ang bautismo ginaganap ang tunay na layunin nito?
5. Ano ang ginawa ni Jesus at ni Juan nang maunawaan nila ang panganib ng isang suliranin sa pagitan ng kanilang mga alagad?

SABBATH, PEBRERO 22, 2025

LEKSIYON 8

# Si Hesus at ang Babaeng Samaritana

**SAULUHING TALATA:** "Datapuwa't ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni't ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan" (Juan 4:14).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 4, pp. 384–387.

"Siya na nagsisikap na pawiin ang kanyang uhaw sa mga bukal ng sanlibutang ito ay umiinom lamang upang mauhaw muli. Kahit saan ang mga tao ay hindi nasisiyahan. Sila ay may hinihangad na isang bagay upang matugunan ang pangangailangan ng kaluluwa. Isa lamang ang makakatugon sa hangaring iyon. Ang kinakailangan ng sanlibutan, 'Ang ninanais ng lahat na bansa,' ay si Kristo."—The Desire of Ages, p. 187.

## 1. SI JESUS SA SICAR

Lin, Peb 16

a. Sa Kanyang paglalakbay sa Galilea, saan huminto si Jesus at ang Kanyang mga alagad? Juan 4:5, 6.

"Habang si Jesus ay nakaupo sa tabi ng balon, Siya ay nanghina dahil sa gutom at uhaw. Ang paglalakbay mula umaga ay mahaba, at ngayon ay tumama na sa Kanya ang init ng araw sa tanghaling tapat. Ang Kanyang pagkauhaw ay nadagdagan ng pag-iisip ng malamig, nakakaginhawang tubig na napakalapit, ngunit hindi Niya maabot; sapagka't wala siyang lubid o banga ng tubig, at ang balon ay malalim. Ang kalagayan ng pagiging tao ay nasa Kanya, at Siya ay naghihintay na may dumating upang kumuha."—The Desire of Ages, p. 183.

b. Sino ang dumating sa balon, at anong tulong ang hiniling ni Jesus sa kaniya—at ano ang dapat nating matutunan mula rito? Juan 4:7.

"Ang poot sa pagitan ng mga Judio at mga Samaritano ay humadlang sa babae na mag-alok ng kabaitan kay Jesus; subali't naghahanap ang Tagapagligtas ng susi sa pusong ito, at sa pamamaraan na dulot ng banal na pag-ibig, Siya ay humingi, hindi nag-alok, ng kabutihang loob. Ang alok ng isang kabaitan ay maaaring tanggihan; ngunit ang tiwala ay pumupukaw ng tiwala. Ang Hari ng langit ay lumapit sa itinakwil na kaluluwang ito, humihingi ng paglilingkod sa kanyang mga kamay. Siya na gumawa ng karagatan, na kumokontrol sa tubig ng malalaking kalaliman, na nagbubukas ng mga bukal at mga daluyan ng lupa, ay nagpapahinga mula sa Kanyang pagkapagod sa balon ni Jacob, at umaasa sa kabutihang-loob ng isang dayuhan para sa kaloob ng kahit na inuming tubig lamang."—Ibid., p. 184.

## 2. IBANG URI NG TUBIG

Lun, Peb 17

a. **Paano tinawag ni Jesus ang pansin ng babae sa kaloob na kaligtasan? Juan 4:10.**

---

"Ang tubig na tinutukoy ni Kristo ay ang paghahayag ng Kanyang biyaya sa Kanyang salita; Ang Kanyang Espiritu, ang Kanyang pagtuturo, ay isang kapaki-pakinabang na bukal sa bawat kaluluwa. Ang bawat iba pang pinagmumulan kung saan sila pupunta ay magpapatunay na hindi makakasapat. Ngunit ang salita ng katotohanan ay parang malamig na batis, na kinakatawanan bilang tubig ng Lebanon, na laging nagbibigay-kaluguran. Kay Kristo ay ang kapuspusan ng kagalakan magpakailanman."—Testimonies to Ministers, p. 390.

b. **Ano ang tugon ng babae sa alok ni Kristo? Juan 4:11, 12.**

---

"Ang pag-unawa ng babae ay hindi agad naintindihan ang pakahulugan ni Kristo; inakala niyang Siya ay nagsasalita tungkol sa balon na nasa harapan nila."—The Spirit of Prophecy, vol. 2, pp. 140, 141.

c. **Paano tinukoy ni Jesus ang pagkakaiba ng isang uri ng tubig sa iba pa—at paano rin tayo pinagpala ng mensaheng ito? Juan 4:13, 14; Pahayag 22:17.**

---

"Dapat nating pahalagahan ang pag-ibig at pagpapasalamat, dapat tayong tumingin kay Jesus at mabago ayon sa Kanyang wangis. Ang resulta nito ay lalago sa pagtitiwala, pag-asa, pagtitiis, at lakas ng loob. Tayo ay iinom ng tubig ng buhay na sinasabi ni Kristo sa babaeng Samaritana. Sinabi niya: 'Kung napagkikilala mo ang kaloob ng Dios, at kung sino ang sa iyo'y nagsasabi, Painumin mo ako; ikaw ay hihingi sa kaniya, at ikaw ay bibigyan niya ng tubig na buhay. . . . Ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni't ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan.' Ang tubig na ito ay kumakatawan sa buhay ni Kristo, at ang bawat kaluluwa ay dapat magkaroon nito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng buhay na kaugnayan sa Dios. Kasunod ang mapalad, mapagkumbaba, at mapagpasalamat na pagtitiwala ang magiging mananatiling prinsipyo sa kaluluwa. Ang hindi nananampalatayang pagkatakot ay aalisin bago ang buhay na pananampalataya. Pagnilayan natin ang katangian Niya na unang umibig sa atin."—*Testimonies to Ministers*, p. 226.

## 3. TUBIG NA BUHAY

Mar, Peb 18

a. Paano ipinakita ng babaeng Samaritana na hindi pa rin niya nauunawaan ang mga salita ni Kristo? Juan 4:15.

“Ang banal na biyaya na Siya lamang ang makapagbibigay, ay gaya ng tubig na buhay, naglilinis, nagpapaginhawa, at nagpapasigla sa kaluluwa.

“Hindi ipinarating ni Jesus ang ideya na ang isang lagok lamang ng tubig ng buhay ay sapat na sa tumatanggap. Siya na nakatikim ng pag-ibig ni Kristo ay patuloy na maghahangad ng higit pa; ngunit wala siyang mahahanap na iba pa. Ang kayamanan, karangalan, at kasiyahan ng sanlibutan ay hindi nakakaakit sa kanya. Ang patuloy na sigaw ng kanyang puso ay, Higit pa ng nagmumula sa Iyo. At Siya na naghahayag sa kaluluwa ng pangangailangan nito ay naghihintay upang matugunan ang gutom at uhaw nito. Bawat mapagkukunan ng tao at pinagtitiwalaan ay mabibigo. Ang mga balon ay mawawalan ng laman, ang mga lawa ay matutuyo; ngunit ang ating Manunubos ay isang hindi nauubusang bukal. Maaari tayong uminom, at muling uminom, at patuloy na makakahanap ng bagong mapagkukunan. Siya na tinatahanan ni Kristo ay may bukal ng pagpapala sa kanyang sarili— ‘isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan.’ Mula sa pinagmumulan na ito ay maaari siyang kumuha ng kalakasan at biyaya na sasapat para sa lahat ng kanyang mga pangangailangan.” – *The Desire of Ages*, p. 187.

b. Tulad ng babaeng Samaritana at ng mga naninirahan sa ilang sa Exodus, paano natin madalas na hindi napapansin ang nakakamanghang biyaya na dumadaloy mula kay Kristo? Awit 78:15, 16, 19, 20 (unang bahagi); 114:7, 8.

“Si Moises ay pinalo ang bato, subali’t iyon ay ang Anak ng Diyos na natatalukbungan ng ulap na haligi, na nakatayo sa tabi ni Moises, at nagpapadaloy ng nagbibigay-buhay na tubig. Hindi lamang si Moises at ang mga matatanda, kundi ang buong kapisanan na nakatayo sa malayo, ang nakakita ng kaluwalhatian ng Panginoon; subali’t kung ang ulap ay maaalis, sila ay mamamatay sa pamamagitan ng matinding liwanag Niya na nakatahan doon.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 298.

“Ang magiliw na presensya ni Kristo sa Kanyang salita ay palaging nagpapahayag sa kaluluwa, na kumakatawan sa Kanya bilang balon ng tubig na buhay upang paginhawahin ang nauuhaw na kaluluwa. Pribilehiyo natin ang magkaroon ng buhay, nananatiling Tagapagligtas. Siya ang pinagmumulan ng espirituwal na kapangyarihang ipinupunla sa atin, at ang Kanyang impluwensya ay dadaloy sa mga pananalita at pagkilos, na pinasisigla ang lahat ng nasa saklaw ng ating impluwensya, na nagdudulot sa kanila ng mga mithiin at hangarin para sa kalakasan at kadalisayan, para sa kabanalan at kapayapaan, at para sa kagalakang iyon na hindi magdudulot ng kalungkutan. Ito ang resulta ng isang nananahang Tagapagligtas.”—Testimonies to Ministers, p. 390.

a. Anong bagong paksa ang pinasimulan ni Jesus sa Kanyang pakikipag-usap sa babaeng Samaritana—at paano siya tumugon? Juan 4:16, 17 (unang bahagi).

---

“Si Jesus ay biglang ibinaling ang pag-uusap. Bago ang kaluluwang ito maaaring matanggap ang kaloob na nais Niyang ipagkaloob, dapat siyang dalhin sa pagkakilala ng kanyang kasalanan at ng kanyang Tagapagligtas. ‘Sinabi niya sa kanya, Humayo ka, tawagin mo ang iyong asawa, at pumarito ka.’ Sumagot siya, ‘Wala akong asawa.’ Sa gayon siya ay umasang maiwasan ang lahat ng pagtatanong sa puntong iyon. 187.

b. Paano ni Jesus dinagdagan ang kanyang sagot—at ano ang ipinaaalaala nito sa atin tungkol sa lahat ng nalalaman Niya tungkol sa bawat isa sa atin? Juan 4:17 (huling bahagi), 18; Awit 139:7, 8, 11, 12.

---

“Ang kadakilaan ng Diyos ay hindi natin kayang unawain. ‘Ang Kanyang luklukan ay nasa langit’ (Awit 11:4); ngunit sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Siya ay naroroon sa lahat ng dako. Siya ay may malalim na kaalaman sa, at personal na interes sa, lahat ng mga gawa ng Kanyang kamay.”—Education, p. 132.

“Ang mga anghel sa langit ay sinusuri ang gawaing iniatang sa ating mga kamay; at kung saan nagkaroon ng paglihis mula sa mga alituntunin ng katotohanan, ang ‘nagkukulang’ ay nakasulat sa mga talaan.”—*Child Guidance*, p. 155.

“Ang kautusan ng Diyos ay umaabot sa mga damdamin at motibo, gayundin sa panlabas na mga kilos. Inihahayag nito ang mga lihim ng puso, sinisinagan ng liwanag ang mga bagay bago ibaon sa kadiliman. Nalalaman ng Diyos ang bawat iniisip, bawat layunin, bawat plano, bawat motibo. Sa mga aklat ng langit ay nakatala ang mga kasalanang nagawa sana kung nagkaroon ng pagkakataon. Dadalhin ng Diyos ang bawat gawa sa paghuhukom, kasama ang bawat lihim na bagay. Sa pamamagitan ng Kanyang kautusan ay sinusukat Niya ang pag-uugali ng bawat tao. Tulad ng pagkopya ng pintor sa *canvas* ng mga detalye ng mukha, gayon ang mga detalye ng ugali ng bawat isa ay kinokopya sa mga aklat ng langit. Ang Diyos ay may matuwid na larawan ng ugali ng bawat tao, at ang larawang ito ay inihahambing Niya sa Kanyang kautusan. Inihahayag niya sa tao ang mga depekto na sumisira sa kanyang buhay, at nananawagan sa kanya na magsisi at talikuran ang kasalanan.”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1085.

## 5. SI JESUS AY IPINAHAYAG ANG KANYANG SARILI BILANG TAGAPAGLIGTAS — Huw, Peb 20

a. Ano sa huli ang naunawaan ng babae sa balon tungkol kay Jesus? Juan 4:19. Ang pagkakilala bang ito ay sapat na?

---

"Ang nakikinig ay nanginig. Isang mahiwagang kamay ang bumubukas sa mga pahina ng kasaysayan ng kanyang buhay, ipinapakita kung ano ang inaasahan niyang panatilihing nakatago magpakailanman. Sino Siya na nakakabasa ng mga lihim ng kanyang buhay? Dumating sa kanyang pag-iisip ang tungkol sa walang hanggan, ng hinaharap na paghuhukom, kapag ang lahat ng nakatago sa ngayon ay mahahayag. Sa liwanag nito, ang konsensya ay nagising.

"Siya ay wala nang maitatanggi; ngunit sinubukan niyang iwasan ang lahat ng pag-banggit ng paksang hindi nagugustuhan. Sa taimtim na paggalang, sinabi niya, 'Ginoo, napaghalata kong Ikaw ay isang propeta.' Pagkatapos, sinusubukang pigilin ang pananalig, siya ay bumaling sa mga punto ng panrelihiyong pagtatalo. Kung ito ay isang propeta, tiyak na mabibigyan Niya siya ng tagubilin hinggil sa mga bagay na ito na matagal nang pinagtatalunan."—*The Desire of Ages,* pp. 187, 188.

b. Nang ang babae ay magpakita ng pag-asa sa pagdating ng Mesiyas, ano ang sinabi sa kanya ni Jesus? Juan 4:25, 26.

---

"Ang paanyaya ng ebanghelyo ay hindi dapat limitahan, at ipahayag lamang sa piling iilan, na, sa palagay natin, ay bibigyan tayo ng karangalan kung tatanggapin nila ito. Ang mensahe ay dapat ibigay sa lahat. Saanman ang mga puso ay nakabukas upang tanggapin ang katotohanan, si Kristo ay handang turuan sila. Ipinahayag Niya sa kanila ang Ama, at ang pagsambang katanggap-tanggap sa Kanya na nakakabasa ng puso. Para sa mga gayon Siya ay hindi gumagamit ng mga talinghaga. Sa kanila, gaya ng babae sa balon, sinabi Niya, 'Ako na nagsasalita sa iyo ay Siya nga.' "—*The Desire of Ages*, p. 194.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Peb 21

1. Bakit si Jesus ay hindi kailanman gumawa ng himala para sa Kanyang sariling kapakanan?
2. Anong pamamaraan ang ginamit ni Jesus upang akayin ang Samaritana sa ebanghelyo?
3. Ano ang sinabi ng Guro tungkol sa tubig ng buhay?
4. Bakit binanggit ni Kristo ang personal na buhay ng babaing Samaritana?
5. Magbigay ng isang pangako na nauugnay sa pagdating ng Mesiyas.




# Handog sa Unang Sabbath

Sabbath, Marso 1, 2025



## “Children of Character” Education Center in Romania

“Ang maagang edukasyon ng mga kabataan sa pangkalahatan ang humuhubog sa kanilang mga pag-uugali para sa buhay.”—Testimonies for the Church, vol. 3, p. 135.

Ang Kinasihan ay nagsasabi tungkol sa isang nakapagpapatibay na karanasan kapag ang “mga pagtitipon ng mga bata, o Bible kindergarten, ay nagawa ang mabuting gawain. Ang mga aral na ibinibigay ay inuulit ng mga bata sa kanilang mga tahanan, at ang mga ina ay nagpapakita ng kanilang interes sa pamamagitan ng paghahanda sa mga bata nang maayos para sa paaralan. Karamihan ay mga anak ng mga magulang na hindi sa ating pananampalataya.”—*Evangelism,* p. 583.

Ang “Children of Character” Education Center ay itinatag noong 2019 sa Fagaras, isang bundok na lungsod sa Romania. Ang mga bata sa pagitan ng edad na 2 at 5 ay maayos na hinuhubog dito. Bilang karagdagan sa mga gawain na ayon sa kanilang edad, natututo sila ng mga kuwen-to sa Bibliya, manalangin, umawit at gawin nilang kaibigan ang Diyos. Bata pa man sila, nauunawaan na nila na ang Diyos ang may kontrol at natututo silang humingi sa Kanya ng tulong sa kanilang mga suliranin. Ang kanilang pag-uugali ay hinuhubog araw-araw. Sa biyaya ng Diyos makikita natin ang mga kapansin-pansing pagbabago sa buhay ng maliliit na batang ito. Para sa hinaharap, nais naming turuan ang mga hindi napapahintulutan dahil sa materyal na sitwasyon.

Sa unang taon kami ay nagsimula sa 12 anak; sa ikaapat na taon nagkaroon kami ng 32 anak, 31 sa kanila ay mula sa labas ng iglesia. Sa kasalukuyan, ang gawain ay ginagawa sa 4 na silid na ibinigay ng Romanian Union Headquarters, ngunit ang mga ito ay nagpapatunay na masikip dahil ang mga nagpapatala ay lampas sa aming kakayahan. Sa pamamagitan nito, nauunawaan natin na nais ng Diyos na ipagpatuloy natin at paunlarin ang kahanga-hangang gawaing ito at sa gayon ay makipag-ugnayan sa pinakamaraming bata at kanilang pamilya hangga’t maaari. Kaya, noong 2021, isang kapirasong lupa ang binili sa labas ng lungsod at nakuha namin ang mga kinakailangang permit para simulan ang pagpapagawa. Ngayon ang pundasyon ay inilatag na. Lubos kaming nagpapasalamat sa Diyos dahil naantig ang inyong mga puso—ng mga nagsponsor ng proyekto hanggang sa yugtong ito at sa inyo na saganang gagawa nito ngayon. Sa iyong kaloob, kayo ay magbibigay ng pagkakataon sa mga batang hindi nakakakilala sa Diyos na lumapit sa Kanya at tumanggap ng Kristiyanong edukasyon. Kami ay nagsusumamo sa iyong mabuting kalooban at nakatitiyak na hindi kayo mananatiling walang malasakit, kundi tutulungan kami upang dalhin ang proyektong ito sa isang matagumpay na pagtatapos at isama din kami sa inyong mga panalangin.

*Your brothers and sisters from of the Romanian Union*

# Ang Kapanganakan ng isang Misyonero

**SAULUHING TALATA:** "Hindi baga sinasabi ninyo, May apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani? narito, sa inyo'y aking sinasabi, Itanaw ninyo ang inyong mga mata, at inyong tingnan ang mga bukid, na mapuputi na upang anihin" (Juan 4:35).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 182–187.

"Si Jesus ay nagsimulang wasakin ang pader sa pagitan ng Hudyo at Gentil, at ipangaral ang kaligtasan sa sanlibutan. Bagama't Siya ay isang Hudyo, Siya ay malayang nakipaghalubilo sa mga Samaritano, na itinatakwil ang mga pang-Pariseong kaugalian ng Kanyang bansa."—The Desire of Ages, p. 193.

## 1. BAGONG BUHAY, BAGONG PANGUNAHING ALALAHANIN — Lin, Peb 23

a. Nang makilala si Jesus bilang ang Mesiyas, ano kaagad ang ginawa ng babaing Samaritana? Juan 4:28, 29.

"Ang babae ay napuspos ng kagalakan habang siya ay nakikinig sa mga salita ni Cristo. Ang kahanga-hangang paghahayag ay halos nangingibabaw. Iniwan ang kanyang palayok, siya ay bumalik sa lungsod, upang dalhin ang mensahe sa iba. Alam ni Jesus kung bakit siya nawala. Ang pag-iwan sa kanyang palayok ng tubig ay nagsasalita nang walang alinlangan tungkol sa epekto ng Kanyang mga salita. Ito ay ang taimtim na pagnanais ng kanyang kaluluwa upang makakuha ng buhay na tubig; at nakalimutan niya ang kanyang sadya sa balon, nakalimutan niya ang pagkauhaw ng Tagapagligtas, na nilayon niyang bigyan. Na may pusong nag-uumapaw sa kagalakan, nagmadali siya sa kanyang paglakad, upang ibigay sa iba ang mahalagang liwanag na kanyang natanggap."—The Desire of Ages, p. 191.

b. Ano ang ginawa ng mga naninirahan sa Sicar nang marinig nila ang patotoo ng kanilang kapwa mamamayan? Juan 4:30.

"Ang mga salita [ng babae] ay umantig sa kanilang puso. May bagong sigla sa kanyang mukha, pagbabago sa kanyang buong anyo. Sila ay nagnanais na makita si Jesus."—Ibid.

## 2. ANG PAG-AANI AT ANG MGA MANG-AANI — Lun, Peb 24

a. **Nang makita ni Jesus na dumarating ang mga naninirahan sa Sicar, ano ang Kanyang sinabi sa Kanyang mga alagad? Juan 4:35–38.**

---

" 'Ang umaani,' sabi Niya, 'ay tumatanggap ng upa, at nagtitipon ng bunga sa buhay na walang hanggan; upang ang naghahasik at ang umaani ay mangagalak kapuwa. At dito totoo ang kasabihang iyon, Isa ang naghahasik, at iba ang umaani.' Dito itinuro ni Kristo ang sagradong paglilingkod na pananagutan sa Diyos ng mga tumatanggap ng ebanghelyo. Sila ay magiging Kanyang buhay na mga kinatawan. Hinihingi Niya ang kanilang indibidwal na paglilingkod. At maging tayo man ay naghahasik o nag-aani, tayo ay gumagawa para sa Dios. Ang isa ay inihahasik ang buto; ang iba ay nagtitipon sa pag-aani; at kapuwa ang manghahasik at ang mang-aani ay tatanggap ng kabayaran. Sila ay magkasamang nagagalak sa gantimpala ng kanilang pagpapagal."—The Desire of Ages, pp. 191, 192.

b. **Ano ang epekto ng patotoo ng babae tungkol kay Cristo—at ano ang maaari nating matutunan sa epekto nito? Juan 4:39.**

---

"Kapag tayo ay kaisa kay Kristo, nasa atin ang pag-iisip ni Kristo. Ang kadalisayan at pag-ibig ay sumisinag sa pag-uugali, ang kaamuan at katotohanan ang kumokontrol sa buhay. Ang mismong anyo ng mukha ay nababago. Si Kristo kapag nananahan sa kaluluwa ay nagpapakita ng nagpapabagong kapangyarihan, at ang panlabas na aspeto ay nagdadala ng patotoo sa kapayapaan at kagalakan na nananaig sa kalooban. Tayo ay uminom sa pag-ibig ni Kristo, gaya ng sanga na kumukuha ng sustansya mula sa puno. Kung tayo ay inihugpong kay Kristo, kung sa bawat hibla tayo ay kaisa sa Buhay na Puno, tayo magbibigay ng katibayan ng katunayan sa pamamagitan ng pagbunga ng masaganang kumpol ng buhay na bunga. Kung tayo ay nakaugnay sa Liwanag, tayo ay magiging mga daluyan ng liwanag, at sa ating mga pananalita at gawa tayo ay magpapakita ng liwanag sa sanlibutan. . . .

"Sa pamamagitan ng pagtingin tayo ay mababago; at sa pagninilay-nilay natin sa mga kasakdalan ng banal na Huwaran, nanaisin nating maging lubusang magbago, at mabago na ayon sa wangis ng Kanyang kadalisayan. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos ang pagbabago ay nagaganap sa pag-uugali, at ang anak ng poot ay nagiging anak ng Diyos. Siya ay dumadaan mula sa kamatayan tungo sa buhay; siya ay nagiging espirituwal at nakikilala ang mga espirituwal na bagay. Ang karunungan ng Diyos ay sumisinag sa kanyang isipan, at nakikita niya ang mga kamangha-manghang bagay mula sa Kanyang kautusan. Habang ang isang tao ay nahihikayat sa katotohanan, ang gawain ng pagbabago ng pag-uugali ay nagpapatuloy."—*Selected Messages*, bk. 1, pp. 337, 338.

## 3. ANG PRESENSYA NI JESUS SA SAMARIA — Mar, Peb 25

a. a. Anong kahilingan ang ginawa ng mga Samaritano kay Jesus—at bakit? Juan 4:40.

---

b. Ilarawan ang resulta ng panahon ni Kristo sa Samaria. Juan 4:41.

---

"Sa mga salitang ipinahayag sa babae sa balon, ang mabuting binhi ay naihasik, at gaano kabilis natamo ang pag-aani. Ang mga Samaritano ay dumating at nakinig kay Jesus, at nananampalataya sa Kanya. Dumagsa sa Kanya sa balon, sila ay nagtanong sa Kanya ng mga tanong, at sabik na tinanggap ang Kanyang mga paliwanag sa maraming bagay na malabo sa kanila. Habang sila ay nakikinig, ang kanilang kalituhan ay nagsimulang maalis. Sila ay parang mga tao na nasa matinding kadiliman na naghahanap ng biglaang sinag ng liwanag hanggang sa magsimula ang umaga. Ngunit sila ay hindi nasiyahan sa maikling pakikipag-usap na ito. Sila ay sabik na makarinig pa, at ang kanilang mga kaibigan ay mapakinggan din ang nakakamanghang gurong ito. Inanyayahan nila Siya sa kanilang lungsod, at pinakiusapan Siya na manatili sa kanila. Sa loob ng dalawang araw Siya ay nanatili sa Samaria, at marami pa ang nanampalataya sa Kanya."—The Desire of Ages, p. 192.

"Ang Diyos ay inihayag ni Kristo sa Kanyang mga alagad sa paraang nagsasagawa sa kanilang mga puso ng isang natatanging gawain, tulad ng kung gaano na Siya katagal na nagsusumamo sa atin na hayaan Siyang gumawa sa ating mga puso. Marami ang, sa labis na pagsasaalang-alang sa mga teorya, ay nakakalimutan ang buhay na kapangyarihan ng halimbawa ng Tagapagligtas. Nawawala sa kanilang paningin Siya tulad ng isang mapagpakumbaba, mapagtanggi sa sariling manggagawa. Ang kinakailangan nila ay pagmasdan si Hesus. Araw-araw ay kinakailangan natin ang bagong paghahayag ng Kanyang presensya."—*Reflecting Christ*, p. 302.

c. Ano ang ipinahayag ng maraming Samaritano pagkatapos nilang tanggapin si Jesus bilang ang Mesiyas? Juan 4:42.

"Ang mga Pariseo ay winalang halaga ang pagiging simple ni Jesus. Hindi nila pinansin ang Kanyang mga himala, at humingi ng tanda kung Siya nga ang Anak ng Diyos. Subali't ang mga Samaritano ay hindi humingi ng anumang tanda, at si Jesus ay hindi gumawa ng mga himala sa kanila, maliban sa paghahayag ng mga lihim ng kanyang buhay sa babae sa balon. Ngunit marami ang tumanggap sa Kanya. Sa kanilang bagong kagalakan ay sinabi nila sa babae, 'Ngayon ay sumasampalataya kami, hindi dahil sa iyong pananalita: sapagka't kami rin ang nakarinig sa Kanya, at nalalaman naming ito nga ay ang Cristo, ang Tagapagligtas ng sanglibutan.', pp. 192, 193.

## 4. ANG KAPANGYARIHAN NG HULA

Miy, Peb 26

a. Sa anong hula ibinatay ng mga Samaritano ang kanilang pananampalataya sa ipinangakong Mesiyas? Genesis 49:10.

---

"Ang mga Samaritano ay nananampalataya na ang Mesiyas ay darating bilang Manunubos, hindi lamang ng mga Judio, kundi ng sanglibutan. Ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ni Moises ay inihula Siya bilang isang propetang sinugo ng Diyos. Sa pamamagitan ni Jacob ay ipinahayag na sa Kanya tatalima ang mga bansa; at sa pamamagitan ni Abraham, at pagpapalain sa Kanya ang lahat ng mga bansa. Sa mga banal na kasulatang ito ibinatay ng mga tao sa Samaria ang kanilang pananampalataya sa Mesiyas. Ang katunayan na ang mga Hudyo ay nagkamali sa pagpapakahulugan sa mga sumunod na propeta, na nag-uugnay sa unang pagdating ng kaluwalhatian ng ikalawang pagparito ni Kristo, ang nagbunsod sa mga Samaritano na iwaksi ang lahat ng mga sagradong kasulatan maliban sa mga ibinigay sa pamamagitan ni Moises. Ngunit habang inaalis ng Tagapagligtas ang mga maling pagpapaliwanag na ito, marami ang tumanggap sa mga huling hula at mga salita ni Kristo Mismo patungkol sa kaharian ng Diyos." – The Desire of Ages, p. 193.

b. Ano ang matututunan natin ngayon mula sa katunayan na ang mga Samaritano ay kahanga-hangang bukas sa katotohanan? Ecclesiastes 11:4, 5.

---

---

"Sa buong sanlibutan ang mga lalaki at babae ay nanabik na nakatingin sa langit. Ang mga panalangin at pagluha at mga pagtatanong ay umaakyat mula sa mga kaluluwang nananabik sa liwanag, para sa biyaya, para sa Banal na Espiritu. Marami ang nasa tabi na ng kaharian, naghihintay lamang na matipon." – The Acts of the Apostles, p. 109.

c. Ano ang magiging kalagayan ng bawat isa kapag tunay nilang tinanggap si Kristo? Magbigay ng mga halimbawa. Marcos 5:18–20; 7:31–37.

---

---

"Ang Espiritu [ni Kristo] ay pagbubutihin sa tao ang lahat na magpaparangal sa pag-uugali at magpapadakila sa likas. Bubuohin nito ang tao para sa kaluwalhatian ng Diyos sa katawan at kaluluwa at espiritu. . . . At ang mga kaluluwang napasama na naging mga instrumento ni Satanas ay mababago pa rin sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Kristo na maging mga mensahero ng katuwiran, at susuguin ng Anak ng Diyos upang sabihin sa kanila kung anong 'mga dakilang bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong kinahahabagan ka Niya. .' "—The Desire of Ages, p. 341.

## 5. CRISTIANONG MISYONERO

Huw, Peb 27

a. Anong mga aral ang matututunan natin mula sa babaing Samaritana? 1 Juan 1:1–3; 2 Corinto 5:14 (unang bahagi).

“Nang matagpuan niya ang Tagapagligtas, ang babaeng Samaritana ay dinala ang iba sa Kanya. Pinatunayan niya ang kanyang sarili na isang mas magaling na misyonero kaysa sa Kanyang sariling mga alagad. Ang mga alagad ay walang nakita sa Samaria na nagpapahiwatig na iyon ay isang napakagandang bukid. Ang kanilang mga isipan ay nakatutok sa isang dakilang gawaing dapat gawin sa hinaharap. Hindi nila nakita na sa kanilang paligid mismo ay may aanihing dapat tipunin. Ngunit sa pamamagitan ng babae na kanilang hinamak, ang buong lungsod ay nadala upang makinig sa Tagapagligtas. Dinala niya ang Liwanag kaagad sa kanyang mga kababayan.

“Ang babaeng ito ay kumakatawan sa paggawa ng praktikal na pananampalataya kay Kristo. Bawat tunay na disipulo ay ipinapanganak sa kaharian ng Diyos bilang isang misyonero. Siya na umiinom ng buhay na tubig ay nagiging bukal ng buhay. Ang tumatanggap ay nagiging tagabigay. Ang biyaya ni Kristo sa kaluluwa ay parang bukal sa disyerto, na bumubukal upang paginhawahin ang lahat, at ginagawang ang mga handa ng mamatay ay maging sabik na uminom ng tubig ng buhay.” – *The Desire of Ages*, p. 195.

b. Paano ang karanasang ito pinasisigla tayo ngayon? Ecclesiastes 11:6 .

“Hindi natin kinakailangang pumunta sa ibang bansa upang maging mga misyonero para sa Diyos. Sa paligid natin ay mga bukirin na ‘mapuputi na upang anihin,’ at sinuman ang nagnanais ay maaaring tipunin ang ‘bunga tungo sa buhay na walang hanggan.’ Ang Diyos ay nanawagan sa karamihan sa Battle Creek na namamatay na sa espirituwal na katamaran na pumunta kung saan kinakailangan ang kanilang paggawa sa Kanyang layunin. Lisanin ang Battle Creek, kahit na ito ay nangangailangan ng salaping sakripisyo. Pumunta sa isang lugar upang maging pagpapala sa iba. Pumunta kung saan maaari ninyong palakasin ang ilang nanghihinang iglesia. Gamitin ang mga kakayahang ibinigay sa inyo ng Diyos.”—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 187.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Peb 28

1. Ano ang ginawa ng babae nang makita niyang si Jesus ang tanging Tagapagligtas?
2. Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng mga bukid na mapuputi upang anihin.
3. Ilang araw si Jesus nanatili sa mga Samaritano?
4. Anong patotoo ang ibinigay ng mga Samaritano tungkol kay Jesus?
5. Ano ang mangyayari sa mga tao sa sandaling tanggapin nila si Jesus sa kanilang buhay?

SABBATH, MARSO 8, 2025

LEKSIYON 10

# Si Hesus at ang Anak ng Mahal na Tao

**SAULUHING TALATA:** "Ngayon sa makapangyarihang gumawa ng lubhang sagana ng higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa atin, ay sumakaniya nawa ang kaluwalhatian sa iglesia at kay Cristo Jesus sa buong panahon magpakailan man. Siya nawa." (Efeso 3:20, 21).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 9, pp. 107, 108, 164–166.

"Hindi dahil nakikita o nararamdaman natin na pinakikinggan tayo ng Diyos ay dapat tayong sumampalataya. Dapat tayong magtiwala sa Kanyang mga pangako. Kapag lumalapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya, ang bawat kahilingan ay pumapasok sa puso ng Diyos. Kapag humihingi tayo ng Kanyang pagpapala, dapat tayong sumampalataya na tatanggapin natin ito, at pasalamatan Siya na natanggap natin ito. Pagkatapos ay gawin natin ang ating mga tungkulin, na nakatitiyak na ang pagpapala ay maisasakatuparan kapag kinakailangan na natin ito."—*The Desire of Ages*, p. 200.

## 1. PAGKUHA NG PANSIN

Lin, Mar 2

a. **Matapos makasama ang mga Samaritano ng dalawang araw, saan si Jesus pumunta—at sino ang naakit sa balitang ito? Juan 4:43–46.**

"Ang balita ng pagbabalik ni Kristo sa Cana ay kumalat sa buong Galilea, na nagdulot ng pag-asa sa mga naghihirap at nababagabag. Sa Capernaum ang balita ay kumuha ng atensyon ng isang Hudiong mahal na tao na isang pinuno sa paglilingkod sa hari."—The Desire of Ages, p. 196.

b. **Bakit ang pinuno pumunta upang makita si Jesus? Juan 4:47.**

"Ang anak na lalaki ng pinuno ay naghihirap sa isang sakit na tila wala ng lunas. Ang mga manggagamot ay isinuko na siya upang hayaang mamatay; subali't nang marinig ng ama ang tungkol kay Jesus, siya ay nagpasiyang humingi ng tulong sa Kanya."—Ibid., p. 197.

## 2. ISANG PAGPAPAHIWATIG NG PAG-AALINLANGAN — Lun, Mar 3

a. Ilarawan kung paano inihayag ni Kristo ang panloob na paghihirap ng puso ng mahal na tao na naghanap sa Kanya upang pagalingin ang kanyang anak sa Capernaum. Juan 4:48.

---

"Ang bata ay talagang mahina, at, nakakatakot, na maaaring hindi na maabutang buhay hanggang sa kanyang pagbabalik; ngunit nadama ng mahal na tao na dapat niyang ilahad nang personal ang kalagayan. Siya ay umaasa na ang mga panalangin ng isang ama ay maaaring pukawin ang pagkahabag ng Dakilang Manggagamot.

"Pagdating sa Cana, nakita niya na marami ang nakapalibot kay Jesus. Na may pusong nababalisa siya ay tumuloy sa harapan ng Tagapagligtas. Ang kanyang pananampalataya ay nanghina nang makita niya ang isang lalaking nakasuot ng simple, maalikabok at pagod sa paglalakbay. Siya ay nag-alinlangan na magagawa ng Taong ito ang kanyang ipinunta ng nais niyang hilingin sa Kanya; gayunpaman, nakahanap siya ng pagkakataon na makipag-usap kay Jesus, sinabi ang kanyang layunin, at nakiusap sa Tagapagligtas na samahan siya sa kanyang tahanan. Ngunit nalaman na ni Hesus ang kanyang kalungkutan. Bago ang pinuno umalis sa kanyang tahanan, nakita na ng Tagapagligtas ang kanyang dalamhati.

"Ngunit alam din Niya na ang ama, sa kanyang sariling isipan, ay gumawa ng mga kondisyon hinggil sa kanyang paniniwala kay Jesus. Maliban kung pagbigyan ang kanyang kahilingan, hindi niya Siya tatanggapin bilang Mesiyas. . . .

"Sa kabila ng lahat ng katibayan na si Jesus ang Kristo, ang humihiling ay deter-minadong gawin ang kondisyon ng kaniyang paniniwala sa Kanya sa pagbigay ng kaniyang sariling kahilingan." — *The Desire of Ages,* pp. 197, 198.

b. Kapag tinutukso na maghanap ng mga tanda, ano ang dapat nating alalahanin? Mateo 12:38, 39.

"Si Cristo ay nasasaktan na ang Kanyang sariling bayan, na pinagkatiwalaan ng mga Sagradong Aral ng Dios, ay nabibigong pakinggan ang tinig ng Diyos na nagsasalita sa kanila sa Kanyang Anak."—Ibid., p. 198.

"Ang bayan ng Dios ay humihingi ng tanda, gaya noong mga araw ni Kristo. Pagkatapos ay sinabi sa kanila ng Panginoon na walang tanda ang ibibigay sa kanila. Ang tanda na makikita ngayon at kailanman ay ang paggawa ng Banal na Espiritu sa isipan ng guro, upang gawing kahanga-hanga ang Salita hangga't maaari. Ang Salita ng Diyos ay hindi isang patay, walang siglang teorya, kundi espiritu at buhay. Si Satanas ay walang ibang nais kundi alisin ang mga isipan sa Salita, maghanap at umasa ng isang bagay na wala sa Salita na mararamdaman nila."—Selected Mes-sages, bk. 2, p. 95.

## 3. MAGKAKASALUNGAT NA MGA PAG-UUGALI — Mar, Mar 4

a. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng mga Hudyo at mga Samaritano tungkol sa kanilang pananampalataya kay Jesus. Marcos 6:2–6; Juan 4:40–42.

"Gaano kasabik ang mga Pariseo na patunayan na si Kristo ay isang manlilinlang! Gaano nila binabantayan ang Kanyang bawat salita, na nagsisikap na ipahayag nang mali at ipaliwanag ng mali ang lahat ng Kanyang mga salita! Ang kapalaluan at maling palagay at pagnanasa ang nagsara sa bawat daan ng kaluluwa laban sa patotoo ng Anak ng Diyos. Kapag malinaw Niyang sinaway ang kanilang kasamaan at ipinahahayag na ang kanilang mga gawa ay nagpapatunay na sila ay mga anak ni Satanas, sila ay nagagalit na tinatalikuran ang paratang, na nagsasabi, 'hindi baga magaling ang aming pagkasabi na ikaw ay isang Samaritano, at mayroon kang demonio?' "—Selected Messages, bk. 1, p. 70.

"Ang Tagapagligtas ay inihambing itong nagtatanong na walang pananampalataya sa simpleng pananampalataya ng mga Samaritano, na hindi humihingi ng himala o tanda. Ang Kanyang salita, ang walang hanggang katibayan ng Kanyang pagka-Diyos, ay may nakakakumbinsing kapangyarihan na umaabot sa kanilang mga puso."—The Desire of Ages, p. 198.

"Bagaman si [Jesus] ay isang Hudyo, Siya ay malayang nakikisalamuha sa mga Samaritano, itinatakwil ang mga pang-Pariseong kaugalian ng mga Judio patungkol sa hinamak na bayang ito-. Siya ay natulog sa ilalim ng kanilang mga bubungan, kumain sa kanilang mga dulang, at nagturo sa kanilang mga lansangan."—*The Acts of the Apostles*, p. 19.

b. Ilarawan ang karanasan ng marami na nagpapahayag ng pangkasalukuyang katotohanan sa nag-aangking bayan ng Diyos sa buong kapanahunan. Jeremias 20:8–11.

"Ang lahat ng mga argumento na ipinipilit laban kay Kristo ay itinatag sa kasinungalingan. Gayon din sa kalagayan ni Esteban, at ni Pablo. Ngunit ang pinakamahina at pinaka-hindi mapagkakatiwalaang mga pahayag na ginawa sa maling panig ay may impluwensya, dahil napakaraming mga puso ang hindi napabanal, na nag-nanais na ang mga pahayag na iyon ay totoo. Ang mga iyon ay laging nananabik na iugnay sa anumang inaakalang mali o pagkakamali ng mga nagsasalita sa kanila ng hindi kasiya-siyang katotohanan.

"Hindi tayo dapat magtaka kapag ang mga masasamang haka-haka ay buong kasakimang kinukuha bilang walang alinlangang mga katotohanan ng mga taong may gana para sa kasinungalingan. Ang mga sumasalansang kay Kristo ay paulit-ulit na malilito at patatahimikin sa pamamagitan ng karunungan ng Kanyang mga salita; gayunpaman ay masigasig pa rin nilang pinakikinggan ang bawat bali-balita, at nakakakita ng ilang pagdadahilan upang Siya ay muling tanungin ng mga magkakasalungat na tanong."—Selected Messages, bk. 1, pp. 70, 71.

## 4. ISANG KAHILINGAN NG MAY KAPAKUMBABAAN — Miy, Mar 5

a. Nang ang pananampalataya ng mahal na tao ay nanghawakan kay Kristo, paano niya inulit ang kanyang kahilingan? Juan 4:49.

"Tulad ng isang pagkislap ng liwanag, ang mga salita ng Tagapagligtas sa mahal na tao ang nagbukas ng kanyang puso. Nakita niya na ang kanyang mga motibo sa paghahanap kay Jesus ay makasarili. Ang kanyang nag-aalinlangang pananampalataya ay ipinakita sa kanya sa tunay na katangian nito. Sa matinding pagkabalisa ay naunawaan niya na ang kanyang pagdududa ay maaaring makapinsala ng buhay ng kanyang anak. Alam niya na siya ay nasa presensya ng Isang nakakabasa ng mga iniisip, at kung kanino ang lahat ng bagay ay posible. . . . Ang kanyang pananampalataya ay nanghawakan kay Kristo gaya ng ginawa ni Jacob, nang, nakipagbuno sa Anghel, siya ay sumigaw, 'Hindi kita bibitawan, hanggang hindi mo ako mabasbasan.' Genesis 32:26."—The Desire of Ages, p. 198.

b. Ano ang dapat nating matutunan sa ginawa ni Jesus sa halip na pumunta sa tahanan ng mahal na tao? Juan 4:50.

"Si Jesus ay may mas malaking kaloob na ipagkakaloob. Ninanais niya, na hindi lamang pagalingin ang bata, kundi gawin ang punong kawal at ang kanyang sambahayan na mga kabahagi sa mga pagpapala ng kaligtasan, at magpaningas ng liwanag sa Capernaum, na malapit nang maging bukid ng Kanyang sariling mga paggawa. Ngunit ang mahal na tao ay dapat maunawaan ang kanyang pangangailangan bago niya hangarin ang biyaya ni Kristo. Ang tagapangasiwang ito ay kumakatawan sa marami sa kanyang bansa. Sila ay interesado kay Jesus mula sa makasariling motibo. Sila ay umaasang makakatanggap ng ilang natatanging pakinabang sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, at ipinapangako nila ang kanilang pananampalataya sa pagkakaloob ng pansamantalang biyaya; ngunit sila ay walang nalalaman sa kanilang espirituwal na sakit, at hindi nila nakikita ang kanilang pangangailangan ng banal na biyaya. . . .

"Ang Tagapagligtas ay hindi maaaring lumayo sa kaluluwang kumakapit sa Kanya, na nagsusumamo ng matinding pangangailangan nito. 'Yumaon ka ng iyong lakad,' sabi Niya; 'buhay ang anak mo.' Ang mahal na tao ay umalis sa harapan ng Tagapagligtas na may kapayapaan at kagalakan na hindi pa niya naramdaman noon. Hindi lamang siya naniwala na ang kanyang anak ay maibabalik, kundi may malakas na pananalig siya ay nagtiwala kay Kristo bilang ang Manunubos."—Ibid., pp. 198, 199.

"Lahat tayo ay naghahangad ng agaran at direktang mga sagot sa ating mga panalangin, at natutuksong panghinaan ng loob kapag ang sagot ay naaantala o dumating sa isang hindi inaasahang anyo. Subali't ang Diyos ay napakatalino at napakabuti upang sagutin ang ating mga panalangin palagi sa tamang oras at sa paraang nais natin. Siya ay gagawa ng higit pa at mas mabuti para sa atin kaysa sa matupad ang lahat ng ating mga naisin. . . . Ang mga karanasang ito na sumusubok sa pananampalataya ay para sa ating kapakinabangan."—*The Ministry of Healing*, pp. 230, 231.

## 5. LUNAS AT KALIGTASAN

Huw, Mar 6

a. Sa anong paraan ni Jesus pinagaling ang anak ng mahal na tao? Juan 4:51–53. Anong kaganapan ang ipinaaalaala nito? Efeso 3:20, 21..

"Sa mismong sandali nang ang pananampalataya ng ama ay naghawakan sa katiyakan, 'Buhay ang anak mo,' ang banal na pag-ibig ay humipo sa naghihingalong anak."—*The Desire of Ages*, p. 199.

"Sa oras ding iyon ang mga bantay sa tabi ng naghihingalong bata sa tahanan sa Capernaum ay nakakita ng biglaan at mahimalang pagbabago. Ang anino ng kamatayan ay inalis sa mukha ng naghihirap. Ang pamumula dahil sa lagnat ay napalitan ng banayad na pamumula ng bumabalik na kalusugan. Ang malabong mga mata ay lumiwanag ng may kaalaman, at ang kalakasan ay bumabalik sa mahina at payat na katawan. Walang mga palatandaan ng kanyang karamdaman ang nananatili sa bata. Ang kanyang nag-iinit na kalamnan ay naging malambot at mahalumigmig, at siya ay mahimbing na nakatulog. Iniwan siya ng lagnat sa katindihan ng init ng araw. Ang pamilya ay namangha, at napakalaki ng kagalakan."—Ibid.

b. Paano si Jesus tumutugon sa sinumang humihingi ng tulong? Mateo 11:28–30.

"Ang Tagapagligtas ay hindi maaaring lumayo sa kaluluwang kumakapit sa Kanya, na nagsusumamo ng matinding pangangailangan nito."—Ibid., p. 198.

"Nararamdaman mo ba na dahil ikaw ay isang makasalanan ay hindi ka makakaasa na makatanggap ng pagpapala mula sa Diyos? Tandaan na si Kristo ay naparito sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan. Wala tayong maipagmamalaki sa Diyos; ang pagsusumamo na maaari nating ipakiusap ngayon at magpakailanman ay ang ating lubos na walang magawang kalagayan, na gumagawa ng isang pangangailangan ng Kanyang tumutubos na kapangyarihan. Sa pagtalikod sa lahat ng pagtitiwala sa sarili, maaari tayong tumingin sa krus ng Kalbaryo at sabihin: " 'Sa aking kamay wala akong mahalagang madadala; Sa Iyong krus lamang ako ay umaasa.' "—The Ministry of Healing, p. 65.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mar 7,

1. Bakit ang mga propeta sa pangkalahatan ay hindi tinatanggap sa sarili nilang mga bayan?
2. Anong mga salita ng mahal na tao ang nagpahayag ng kanyang kawalan ng pananampalataya?
3. Ano ang naging reaksiyon ni Kristo sa kawalan ng pananampalataya ng mga tao?
4. Sino ang nagpakita ng higit na pananampalataya kay Jesus—ang mga Judio o ang mga Gentil?
5. Ano ang ipinangako ni Jesus sa lahat ng tumatanggap sa Kanyang paanyaya?

# Si Jesus at ang Paralitiko sa Bethesda

**SAULUHING TALATA:** "Datapuwa't sinagot sila ni Jesus, Hanggang ngayo'y gumagawa ang aking Ama, at ako'y gumagawa" (Juan 5:17).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 1, pp. 560–567.

"Ang gawain ni Kristo sa pagpapagaling sa maysakit ay ganap na naaayon sa kautusan. Pinararangalan nito ang Sabbath."—The Desire of Ages, p. 207.

## 1. ANG NAKAPAGPAPAGALING NA MGA TUBIG — Lin, Mar 9

a. Para sa anong layunin ang maraming may kapansanan pumupunta sa Jerusalem? Juan 5:2, 3.

b. Anong paniniwala mayroon ang maraming mga tao tungkol sa tangke sa Bethesda? Juan 5:4.

"Sa ilang mga panahon, ang tubig ng tangkeng ito ay kinakalawkaw, at karaniwang pinaniniwalaan na ito ay resulta ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan, at sinuman ang unang lumusong sa tubig pagkatapos na kinalawkaw, ay gagaling sa anumang sakit na mayroon siya. Daan-daang mga nagtitiis ang dumadalaw sa lu-gar; subali't napakarami ng tao kapag ang tubig ay nakakalawkaw na sila ay su-musugod, na natatapakan ang mga lalaki, babae, at mga bata, na mas mahina pa kaysa sa kanilang mga sarili. Marami ang hindi makalapit sa tangke. Marami sa mga nagtagumpay na maabot ito ay namamatay sa tabi nito. Ang mga silungan ay itinayo sa paligid ng lugar, upang ang mga maysakit ay maprotektahan mula sa init ng araw at sa ginaw ng gabi. May ilan na nagpapalipas ng gabi sa mga portiko nito, gumagapang sa gilid ng tangke araw-araw, sa walang kabuluhang pag-asa ng kaginhawahan."—*The Desire of Ages,* p. 201.

c. Paano nagsimula ang pakikipag-ugnayan ni Jesus at sa isang lalake sa tangke? Juan 5:5–7.

## 2. IBA'T IBANG URI NG PAGKAPARALISA — Lun, Mar 10

a. Anong imposibleng utos ang ipinagawa ni Jesus sa paralitiko na gawin—at ano ang mga resulta? Juan 5:8, 9 (unang bahagi).

---

"Hindi hinihiling ni Jesus sa nagdadanas na ito na manampalataya sa Kanya. Sinabi lang Niya, 'Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.' Ngunit ang pananampalataya ay pinanghahawakan ng lalaki ang salitang iyon. Ang bawat ugat at kalamnan ay nanginginig sa bagong buhay, at ang maayos na pagkilos ay dumating sa kanyang baldadong mga paa. Walang alinlangan na isinaayos niya ang kanyang kalooban na sundin ang utos ni Kristo, at lahat ng kanyang kalamnan ay tumutugon sa kanyang kalooban. Tumindig sa kanyang mga paa, nakita niya ang kanyang sarili na isang masiglang tao.

"Si Jesus ay hindi nagbigay sa kanya ng katiyakan ng banal na tulong. Maaaring huminto ang lalaki sa pagdududa, at mawala ang kanyang nag-iisang pagkakataong gumaling. Subali't naniwala siya sa salita ni Kristo, at sa pagsagawa nito ay tumang-gap siya ng kalakasan."—*The Desire of Ages*, pp. 202, 203.

b. Sa anong espirituwal na kalagayan matatagpuan ng mga taong hiwalay kay Kristo ang kanilang sarili? Isaias 1:5, 6; Roma 7:24.

---

"Sa pamamagitan ng kasalanan tayo ay nahiwalay sa buhay ng Diyos. Ang ating mga kaluluwa ay naparalisado. Sa ating sarili ay wala na tayong kakayahang mamuhay ng banal na pamumuhay tulad sa taong walang kakayahang lumakad. Marami ang nakakaunawa ng kanilang kawalan ng kakayahan, at naghahangad para sa espirituwal na buhay na magdadala sa kanila sa pakikipagkaisa sa Diyos; sila ay nagsisikap na walang kabuluhan upang matamo ito."—Ibid., p. 203.

c. Ano lamang ang tanging lunas para sa ganitong kalagayan? Gawa 9:34.

"Ang Tagapagligtas ay yumuyuko sa pagbili ng Kanyang dugo, na nagsasabi nang may hindi maipaliwanag na awa at habag, 'Ibig mo bagang gumaling?' Inaanyayahan ka niyang tumindig nang may kagalingan ng katawan at kapayapaan. Huwag mong hintayin na maramdaman mong ikaw ay magaling na. Manampalataya ka sa Kanyang salita, at ito ay matutupad. Ilagay ang iyong kalooban sa panig ni Kristo. Kalooban na paglingkuran Siya, at sa pagkilos ayon sa Kanyang salita ay tatanggap ka ng kalakasan. Anuman ang masasamang gawain, ang pangunahing pagnanasa na dahil sa mahabang pagpapakabuyo ay nabigkisan kapwa ang kaluluwa at ka-tawan, Si Cristo ay may kakayahan at nananabik na magligtas. Siya ay magbibigay ng buhay sa kaluluwang 'patay sa mga pagsalangsang.' Efeso 2:1. Palalayain niya ang bihag na hawak ng kahinaan at kasawian at mga tanikala ng kasalanan."—Ibid.

### a. Paano tayo tinutulungan ni Kristo na makapanagumpay? Efeso 2:1–6.

“Ang tao ay likas na hilig na sundin ang mga mungkahi ni Satanas, at siya ay hindi maaaring magtagumpay na labanan ang napaka-tinding kalaban maliban kung si Kristo, ang makapangyarihang Mananagumpay, ay nananahan sa kanya, gina-gabayan ang kanyang mga hangarin, at binibigyan siya ng kalakasan. . . . Si Satanas ay higit na nalalaman kaysa ng bayan ng Diyos ang kapangyarihan na maaari nilang taglayin sa kanya kapag ang kanilang lakas ay na kay Kristo. Kapag sila ay ma-pagpakumbabang nagsusumamo sa makapangyarihang Mananagumpay para sa tulong, ang pinakamahina na mananampalataya sa katotohanan, na umaasa nang matatag kay Kristo, ay maaaring matagumpay na maitaboy si Satanas at ang lahat ng kanyang hukbo.”—Testimonies for the Church, vol. 1, p. 341.

“Tayo ay dapat matuto tungkol kay Kristo. Dapat nating malaman kung ano Siya sa Kanyang mga tinubos. Dapat nating maunawaan na sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya ay pribilehiyo natin na makabahagi ng kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang na nasa sanglibutan dahil sa masasamang pita. Pagkatapos tayo ay nalilinis mula sa lahat ng kasalanan, sa lahat ng mga depekto ng pag-uugali. Hindi natin dapat panatilihin ang isang masamang hilig. . . .

“Habang nakikibahagi tayo sa banal na likas, ang minana at nalilinang na mga hilig sa pagkakamali ay naaalis sa pag-uugali, at tayo ay ginagawang buhay na kapangyarihan para sa kabutihan. Laging natututo sa banal na Guro, araw-araw na nakikibahagi sa Kanyang likas, tayo ay nakikipagtulungan sa Diyos sa pagdaig sa mga tukso ni Satanas. Ang Dios ay gumagawa, at ang tao ay gumagawa, upang ang tao ay maging kaisa ni Kristo gaya ni Kristo na kaisa ng Diyos. Kung gayon tayo ay uupong kasama ni Kristo sa sangkalangitan. Ang isipan ay mamamalagi sa kapayapaan at katiyakan kay Jesus.”— The Review and Herald, Abril 24, 1900.

### b. Ilarawan ang kapayapaang dulot ng kalakasang nagmumula kay Kristo. Roma 8:3–6.

“Ang bawat bata ay nabubuhay ayon sa buhay ng kanyang ama. Kung kayo ay mga anak ng Diyos, ipinanganak sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, kayo ay nabubuhay sa buhay ng Diyos. . . . [At] upang ang buhay naman ni Jesus ay mahayag sa ating lamang may kamatayan.’ (2 Corinto 4:11). Ang buhay na iyon sa iyo ay magbubunga ng parehong pag-uugali at magpapakita ng parehong mga gawa na tulad ng ginawa ito sa Kanya. Sa gayon ikaw ay may pagkakaayon sa bawat tuntunin ng Kanyang kautusan; sapagkat ‘ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa.’ Awit 19:7, margin. Sa pamamagitan ng pag-ibig ‘ang katuwiran ng kautusan’ ay ‘matutupad sa atin, na hindi nagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu.’ Roma 8:4.”—*Thoughts From the Mount of Blessing,* p. 78.

## 4. ANG GALIT NG MGA PARISEO

Miy, Mar 12

a. Hindi pinapansin ang biyayang ipinagkaloob sa paralitiko, bakit ang mga Pariseo ay nagalit? Juan 5:9 (huling bahagi), 10..

"Habang [ang napagaling na paralitiko] ay nagmamadali sa kanyang paglakad nang may matatag, malayang paghakbang, na nagpupuri sa Diyos at nagagalak sa kanyang bagong natagpuang kalakasan, nakilala niya ang ilan sa mga Pariseo, at agad na sinabi sa kanila ang tungkol sa kanyang kagalingan. Siya ay nagulat sa malamig na pakikinig ng mga ito sa kanyang kwento.

"Sa pagtungo ng mga noo ay pinatigil nila siya, tinanong kung bakit niya binubuhat ang kanyang higaan sa araw ng Sabbath. Mahigpit nilang ipinaalaala sa kaniya na hindi matuwid ang buhatin ang mga pasanin sa araw ng Panginoon. Sa kanyang kagalakan ay nakalimutan ng lalaki na iyon ay Sabbath; gayon ma'y hindi siya nakadama ng paghatol sa pagsunod sa utos ng Isang may gayong kapangyarihan mula sa Diyos. Matapang siyang sumagot, 'Ang nagpagaling sa akin, ang siya ring sa akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.' Tinanong nila kung sino ang gumawa nito, ngunit hindi niya masabi. Alam na alam ng mga pinunong ito na Isa lamang ang nagpakita sa Kanyang sarili na kayang gawin ang himalang ito; ngunit sila ay nagnanais ng tuwirang patunay na iyon ay si Jesus, upang kanilang hatulan Siya na lumalabag sa Sabbath. Sa kanilang paghatol ay hindi lamang Niya nilabag ang kautusan sa pagpapagaling sa taong maysakit sa Sabbath, kundi gumawa ng kalapastanganan sa pag-utos sa kanya na buhatin ang kanyang higaan."—The De-sire of Ages, pp. 203, 204.

b. Ano ang ginawa ng mga Hudyo sa Sabbath? Mateo 23:4.

"Ang mga Hudyo ay Labis na binaluktot ang kautusan na ginawa nila itong pamatok ng pagkaalipin. Ang kanilang walang kabuluhang mga kahilingan ay naging kawikaan sa ibang mga bansa. Lalo na ang Sabbath ay nabakuran sa pamamagitan ng lahat ng pamamaraan ng walang kabuluhang mga paghihigpit. Ito ay hindi naging kaluguran sa kanila, ang pinabanal ng Panginoon, at pinarangal. Ang mga eskriba at Pariseo ay ginawa ang pangingilin nito bilang isang hindi matiis na pasanin. Ang isang Hudyo ay hindi pinahintulutang magsindi ng apoy o magsindi man lang ng kandila sa araw ng Sabbath. Dahil dito ang mga tao ay umaasa sa mga Gentil para sa maraming paglilingkod na ipinagbabawal ng kanilang mga tuntunin na gawin nila para sa kanilang sarili. Hindi nila naipapakita na kung ang mga gawaing ito ay napakasama, ang mga nag-uutos sa iba upang gawin ang mga ito ay may kasalanan na parang sila mismo ang gumawa ng gawain. Inisip nila na ang kaligtasan ay para sa mga Hudyo lamang, at ang kalagayan ng lahat ng iba pa, na wala nang pag-asa, ay hindi na mapapabuti pa. Subali't ang Diyos ay walang ibinibigay na mga utos na hindi makakayang sundin ng lahat. Ang Kanyang mga kautusan ay hindi nagpapahitulot sa hindi makatuwiran o makasariling mga paghihigpit."—Ibid., p. 204.

## 5. ANG SABBATH AT ANG LAYUNIN NITO

Huw, Mar 13

a. Paano si Jesus nauugnay sa kautusan ng Diyos at sa Sabbath? Isaias 42:21.

“Si Jesus ay naparito upang ‘dakilain ang kautusan, at gawing marangal.’ Hindi niya babawasan ang kadakilaan nito, kundi itataas ito. . . . Siya ay naparito upang palayain ang Sabbath mula sa mga mabibigat na hinihiling na ginawa itong isang sumpa sa halip na isang pagpapala.”—The Desire of Ages, p. 206.

b. Ano ang dapat at hindi dapat gawin sa Sabbath? Exodo 20:8–11.

“Sa mga napipighati sa tangke [si Kristo] ay pinili ang may pinakamakubhang ka-lagayan kung kanino gagamitin ang Kanyang kapangyarihang magpagaling, at inutusan ang lalaki na buhatin ang kanyang higaan sa buong lungsod upang ipahayag ang dakilang gawain na ginawa sa kanya. Ito ay hahantong sa tanong kung ano ang matuwid na gawin sa Sabbath, at magbubukas ng daan para sa Kanya na patunayan ang mga paghihigpit ng mga Hudyo tungkol sa araw ng Panginoon, at ipahayag ang kanilang mga tradisyon na walang bisa.

“Si Jesus ay sinabi sa kanila na ang gawain ng pagpapaginhawa sa mga naghihirap ay naaayon sa kautusan ng Sabbath. Ito ay naaayon sa gawain ng mga anghel ng Diyos, na palaging bumababa at umaakyat sa pagitan ng langit at lupa upang maglingkod sa naghihirap na sangkatauhan. . . .

“At ang tao ay mayroon ding gawaing dapat gawin sa araw na ito. Ang mga kinakailangan sa buhay ay dapat asikasuhin, ang maysakit ay dapat pangalagaan, ang mga pangangailangan ng mahihirap ay dapat matustusan. Siya ay hindi aariing walang sala kung sino ang nagpapabaya sa pagpapaginhawa ng naghihirap sa Sabbath. Ang banal na araw ng kapahingahan ng Diyos ay ginawa para sa tao, at ang mga gawa ng may pagkahabag ay ganap na naaayon sa layunin nito. Ang Dios ay hindi ninanais na ang Kanyang mga nilalang ay maghirap ng isang oras sa sakit na maaaring maibsan sa Sabbath o kahit sa ibang araw.”—Ibid., pp. 206, 207.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mar 14

1. Anong paniniwala ang laganap tungkol sa tangke sa Bethesda?
2. Anong naiibang kalagayan ang nakatawag ng pansin ni Kristo?
3. Paano ang ating espirituwal na pagkaparalisa mapapagaling?
4. Ano ang labis na ikinagalit ng mga Judio tungkol sa mahimalang pagpapagaling?
5. Anong mga gawain ang naaayon sa kautusan ng Sabbath?

# Ang Kapamahalaan ng Anak

**SAULUHING TALATA:** "Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili: At binigyan niya siya ng kapamahalaang makahatol, sapagka't siya'y anak ng tao." (Juan 5:26, 27).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 123–129.

"Ang aking kapamahalaan, sabi [ni Jesus], para sa paggawa ng gawaing isinasakdal ninyo sa Akin, ay Ako ang Anak ng Diyos, na kaisa Niya sa likas, sa kalooban, at sa layunin. Sa lahat ng Kanyang mga gawa ng paglikha at pro-bidensya, Ako ay nakikipagtulungan sa Diyos."—*The Desire of Ages,* p. 208.

## 1. KAPANTAY NG DIYOS — Lin, Mar 16

a. Maliban sa pagpapagaling ng paralitiko sa Sabbath, ano pa ang dahilan kung bakit napopoot ang mga Judio kay Jesus? Juan 5:17, 18.

---

"Si Jesus ay nag-aangkin ng kapantay na karapatan ng Diyos. . . .

"Ang buong bansa ng mga Hudyo ay tinatawag ang Diyos na kanilang Ama, kung kaya't hindi sila dapat magagalit kung si Cristo ay inilalarawan ang Kanyang sarili na nakatayo sa parehong kaugnayan sa Diyos. Subali't inaakusahan nila Siya ng pamumusong, na nagpapakita na nauunawaan nila Siya na ginagawa ang pag-aangkin na ito sa pinakamataas na kahulugan."—The Desire of Ages, pp. 207, 208.

b. Paano pinagtibay ni Kristo ang kapamahalaan ng mga utos ng Diyos nang higit sa mga tradisyon ng tao? Mateo 15:1–9, 13.

---

"Itong mga kalaban ni Kristo ay walang mga pangangatuwiran upang labanan ang mga katotohanang dinadala Niya sa kanilang budhi. Sila ay maaari lamang banggitin ang kanilang mga kaugalian at mga tradisyon, at ang mga ito ay tila mahina at walang laman kapag inihahambing sa mga argumento na kinukuha ni Jesus mula sa salita ng Diyos at sa walang humpay na pag-ikot ng kalikasan."—Ibid., p. 208.

## 2. PAKIKIPAG-KAISA SA AMA

Lun, Mar 17

a. Paano ni Jesus ipinaliwanag ang Kanyang kaugnayan sa Ama? Juan 5:19, 20.

b. Anong kapamahalaan at kapangyarihang nauukol sa Ama ang ipinahayag ni Cristo na taglay din Niya? Juan 5:21–23.

"Ang mga saserdote at mga pinuno ay iniangkop ang kanilang sarili bilang mga hukom upang hatulan ang gawain ni Kristo, ngunit ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang kanilang hukom, at hukom ng buong sangkalupaan. Ang sanglibutan ay ipinagkatiwala kay Kristo, at sa pamamagitan Niya ay dumating ang bawat pag-papala mula sa Diyos para sa nangahulog na lahi. Siya ang Manunubos bago at pagkatapos ng Kanyang pagkakatawang-tao. Nang sandaling nagkaroon ng kasalanan, mayroon agad ng isang Tagapagligtas. Siya ay nagbigay ng liwanag at buhay sa lahat, at ayon sa sukat ng liwanag na ibinigay, bawat isa ay hahatulan. At Siya na nagbigay ng liwanag, Siya na sumusunod sa kaluluwa nang may magiliw na pagsusumamo, na nagsisikap na makuha ito mula sa kasalanan tungo sa kabanalan, ay isang tagapagtanggol at hukom."–*The Desire of Ages*, p. 210.

c. Ilarawan ang pagbabago sa ugali na nangyayari habang nauunawaan natin na si Kristo ang ating hukom. Roma 2:1–3; Mateo 7:1.

"Siya na nagpapakabuyo sa isang mapamunang espiritu ay nagkakasala ng mas malaking kasalanan kaysa sa isa na kanyang inaakusahan, sapagkat hindi lamang niya ginagawa ang parehong kasalanan, kundi idinadagdag dito ang pagmamataas at pagiging mapamuna.

"Si Kristo ang tanging tunay na pamantayan ng pag-uugali, at siya na nagtatakda ng kanyang sarili bilang pamantayan para sa iba ay inilalagay ang kanyang sarili sa lugar ni Kristo. At dahil 'ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol;' (Juan 5:22), sinumang mangahas na hatulan ang mga motibo ng iba ay muling inaagaw ang kaukulang karapatan ng Anak ng Diyos. Ang mga nais maging hukom at kritiko ay inilalagay ang kanilang sarili sa panig ng anticristo, 'Na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios o sinasamba; ano pa't siya'y nauupo sa templo ng Dios, na siya'y nagtatanyag sa kaniyang sarili na tulad sa Dios..'

2 Tesalonica 2:4."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* p. 125, 126.

"Hindi natin mababasa ang puso. Ang ating mga sarili ay may mga depekto, tayo ay hindi karapat-dapat na umupo sa paghatol sa iba. Ang mga taong may hangganan ay maaaring humatol lamang mula sa panlabas na anyo. Sa Kanya lamang na nakakaalam ng mga lihim na pinagmumulan ng pagkilos, at nakikitungo nang magiliw at mahabagin, ay ipinagkakaloob na magpasya sa kaso ng bawat kaluluwa."—Ibid., p. 124.

## 3. ANG NAPAKAHALAGANG KATIYAKAN

Mar, Mar 18

### a. Anong katiyakan ang ibinibigay sa bawat matapat na mananampalataya kay Kristo? Juan 5:24.

“Sa bawat utos at sa bawat pangako ng salita ng Diyos ay ang kapangyarihan, ang mismong buhay ng Diyos, kung saan maaaring matupad ang utos at maisakatuparan ang pangako. Siya na sa pamamagitan ng pananampalataya ay tumatanggap ng salita ay tumatanggap ng mismong buhay at katangian ng Diyos.”—*Christ’s Object Lessons*, p. 38.

“Ang dakilang gawain na ginawa para sa makasalanan na may batik at bahid ng kasamaan ay ang gawain ng pag-aaring ganap. Sa pamamagitan niya na nagsasalita ng katotohanan siya ay ipinahahayag na matuwid. Ang Panginoon ay ibinibilang sa mananampalataya ang katuwiran ni Kristo at ipinahahayag siyang matuwid sa harapan ng sansinukob. Inililipat niya ang kanyang mga kasalanan kay Jesus, ang kinatawan ng makasalanan, kahalili, at katiyakan. Kay Kristo ay inilalagay Niya ang kasalanan ng bawat kaluluwang sumasampalataya. ‘Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin: upang tayo’y maging sa kaniya’y katuwiran ng Dios’ (2 Corinto 5:21). . . .

“Bagaman bilang mga makasalanan tayo ay nasa ilalim ng paghatol ng kautusan, gayunpaman si Kristo sa pamamagitan ng Kanyang pagsunod na ibinigay sa kautusan, ay inaangkin para sa nagsisising kaluluwa ang merito ng Kanyang sariling katuwiran. Upang matamo ang katuwiran ni Kristo, kinakailangang malaman ng makasalanan kung ano ang pagsisisi na gumagawa ng isang lubusang pagbabago ng pag-iisip at espiritu at pagkilos. Ang gawain ng pagbabago ay dapat magsimula sa puso, at ipakita ang kapangyarihan nito sa pamamagitan ng bawat kakayahan ng pagkatao; ngunit ang tao ay hindi kayang simulan ang gayong pagsisisi na gaya nito, at maaaring maranasan ito nang mag-isa sa pamamagitan ni Kristo, na umakyat sa itaas, ay dinala niyang bihag ang pagkabihag, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.”—*Selected Messages,* bk. 1, pp. 392, 393.

### b. Anong mga banal na kaukulang karapatan ang inihayag ni Kristo na taglay Niya? Juan 5:25–29.

“Dahil natikman na Niya ang mga pinakalatak ng paghihirap at tukso ng tao, at nauunawaan ang mga kahinaan at kasalanan ng mga tao; sapagkat alang-alang sa atin Siya ay matagumpay na napaglabanan ang mga tukso ni Satanas, at makikitungo nang matuwid at magiliw sa mga kaluluwa kung kanino nabuhos ang Kanyang sariling dugo upang iligtas—dahil dito, ang Anak ng tao ay itinalaga upang magsagawa ng paghatol.” *The Desire of Ages,* p. 210.

“Si Kristo ay pinagkalooban ng kapangyarihan upang magbigay ng buhay sa lahat ng mga nilalang.”—*Selected Messages,* bk. 1, p. 249.

## 4. SI JESUS, ANG PANGUNAHING PAKSA NG KASULATAN — Miy, Mar 19

a. Paano ipinaliwanag ni Jesus ang dahilan ng kawalan ng pananampalataya ng mga Judio? Juan 5:37, 38.

"Sa halip na humingi ng tawad sa gawang kanilang inerereklamo, o ipaliwanag ang Kanyang layunin sa paggawa nito, si Jesus ay binalingan ang mga pinuno, at ang inaakusahan ay naging nag-aakusa. Sinaway niya sila dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, at sa kanilang kamangmangan sa mga Kasulatan. Ipinahayag niya na tinanggihan nila ang salita ng Diyos, yayamang tinanggihan nila Siya na isinugo ng Diyos."—*The Desire of Ages,* p. 211.

b. Bakit ang mga Judio ay nabigong unawain ang Kasulatan? Juan 5:39, 40.

"Sa bawat pahina, kasaysayan man, o tuntunin, o propesiya, ang mga Banal na Kasulatan sa Lumang Tipan ay nililiwanagan ng kaluwalhatian ng Anak ng Diyos. Hanggang sa ngayon ang banal na institusyon, ang buong sistema ng Hudaismo ay isang siksik na propesiya ng ebanghelyo. Kay Kristo 'ang pinatotohanan ng lahat ng mga propeta.' Gawa 10:43. Mula sa pangakong ibinigay kay Adan, hanggang sa linya ng patriarka at ayon sa batas na ekonomiya, ang maluwalhating liwanag ng langit ay ginawang malinaw ang mga yapak ng Manunubos. Ang mga tagakita ay natanaw ang Bituin sa Bethlehem, ang Shiloh na darating, habang ang mga bagay sa hinaharap ay dumadaan sa harapan nila sa mahiwagang pagkakasunodsunod. Sa bawat paghihirap ang kamatayan ni Kristo ay ipinapakita. Sa bawat usok ng insenso ang Kanyang katuwiran ay umaakyat. Sa bawat pakakak ng kapistahan ang Kanyang pangalan ay ipinagbibigay-alam. Sa nakakakilabot na hiwaga ng kabanal-banalan ang Kanyang kaluwalhatian ay nananahan.

"Ang mga Hudyo ay taglay ang Kasulatan sa kanilang pag-aari, at inakala na sa kanilang panlabas na kaalaman lamang sa salita ay magkakaroon sila ng buhay na walang hanggan. Ngunit sinabi ni Jesus, 'kayo'y walang salita niya na nananatili sa inyo.' Sa pagtanggi kay Kristo sa Kanyang salita, tinanggihan nila Siya nang personal. 'Ayaw kayong magsilapit sa Akin,' sabi Niya, 'upang kayo'y magkaroon ng buhay.'

"Ang mga pinunong Judio ay pinag-aralan ang mga turo ng mga propeta hinggil sa kaharian ng Mesiyas; ngunit ginawa nila ito, hindi sa taimtim na pagnanais na malaman ang katotohanan, kundi sa layuning makahanap ng katibayan upang mapanatili ang kanilang mapaghangad na pag-asa. Nang si Kristo ay dumating sa paraang salungat sa kanilang inaasahan, hindi nila Siya tinanggap; at upang bigyang-katwiran ang kanilang mga sarili, sinubukan nilang patunayan Siya na isang manlilinlang. Kapag minsang itinakda nila ang kanilang mga paa sa landas na ito, nagiging madali para kay Satanas na palakasin ang kanilang pagsalungat kay Kristo. Ang mismong mga salita na dapat sana ay tanggapin bilang katibayan ng Kanyang pagka-Diyos ay binigyang-kahulugan laban sa Kanya. Sa gayon ang katotohanan ng Diyos ay ginawa nilang kasinungalingan."—Ibid., pp. 211, 212.

## 5. ANG KALUWALHATIAN NG DIYOS

Huw, Mar 20

a. Ano ang umakay sa mga Judio na tanggihan si Jesus at maghanap ng mga huwad na guro? Juan 5:41–44.

"Sinabi ni Jesus, 'Hindi ako tumatanggap ng kaluwalhatian mula sa mga tao.' Hindi ang impluwensya ng Sanhedrin, hindi ang kapahintulutan nila ang Kanyang ninanais. Hindi Niya tatanggapin ang karangalang mula sa kanilang pagsang-ayon. Siya ay pinagkalooban ng kaluwalhatian at kapamahalaan ng Langit. Kung ninais Niya ito, ang mga anghel sana ay darating upang sambahin Siya; ang Ama ay muling magpapatotoo sa Kanyang kabanalan. Ngunit para sa kanilang sariling kapakanan, para sa kapakanan ng bansa na kung saan sila ang mga pinuno, ninais Niya na makilala ng mga Judiong pinuno ang Kanyang katangian, at tanggapin ang mga pagpapalang dala Niya sa pagparito.

" 'Naparito Ako sa pangalan ng Aking Ama, at ayaw ninyo akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling pangalan, ay siya ninyong tatanggapin.' Si Jesus ay dumating sa pamamagitan ng kapamahalaan ng Dios, taglay ang Kanyang larawan, ginaganap ang Kanyang salita, at hinahanap ang Kanyang kaluwalhatian; gayon ma'y hindi Siya tinanggap ng mga pinuno sa Israel; ngunit kung iba ang dumating, na nagtataglay ng katangian ni Kristo, ngunit pinakikilos ng kanilang sariling kalooban at hinahanap ang kanilang sariling kaluwalhatian, sila ay tatanggapin. At bakit? Sapagkat siya na naghahangad ng kanyang sariling kaluwalhatian ay nananawagan sa pagnanais na iangat ang sarili sa iba. Sa gayong mga panawagan ang mga Hudyo ay maaaring tumugon. Tatanggapin nila ang huwad na guro dahil pinapupurihan ang kanilang kapalaluan sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa kanilang minamahal na mga opinyon at tradisyon. Subali't ang aral ni Kristo ay hindi naaayon sa kanilang mga ideya. Ito ay espirituwal, at nangangailangan ng pagtitiis sa sarili; kaya nga hindi nila ito tatanggapin. Hindi nila kilala ang Diyos, at sa kanila ang Kanyang tinig sa pamamagitan ni Kristo ay tinig ng isang dayuhan.

"Hindi ba't ang parehong bagay ay nauulit sa ating kapanahunan? Hindi ba marami, maging ang mga pinuno ng relihiyon, na pinatitigas ang kanilang mga puso laban sa Banal na Espiritu, na ginagawang imposible para sa kanila na makilala ang tinig ng Diyos? Hindi ba nila tinatanggihan ang salita ng Diyos, upang mapanatili nila ang kanilang sariling mga tradisyon?"—*The Desire of Ages*, pp. 212, 213.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mar 21

1. Anong kapamahalaan at karapatan ang inaangkin ni Kristo?
2. Anong ugnayan ang laging umiiral sa pagitan ni Jesus at ng Ama?
3. Anong nagbibigay-buhay na kapangyarihan ang taglay ni Kristo?
4. Ipaliwanag ang Juan 5:39.
5. Ilarawan ang resulta ng pagtanggi ng bansang Judio kay Jesus bilang Mesiyas.

SABBATH, MARSO 29, 2025 **LEKSIYON 13**

# Si Jesus ay Pinakain ang Maraming mga Tao

**SAULUHING TALATA:** "Datapuwa't sinabi sa kanila ni Jesus, Hindi kailangang sila'y magsialis; bigyan ninyo sila ng makakain." (Mateo 14:16).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 6, pp. 341–348.

"Madalas na tayo ay nag-aatubili, ayaw ibigay ang lahat ng mayroon tayo, natatakot na gumamit at gamitin para sa iba. Ngunit inutusan tayo ni Jesus, 'Bigyan ninyo sila ng makakain.' Ang Kanyang utos ay isang pangako; at sa likod nito ay ang parehong kapangyarihan na nagpakain sa maraming tao sa tabi ng dagat."—The Desire of Ages, p. 369.

## 1. NAGUGUTOM NA MGA KALULUWA — Lin, Mar 23

a. Bukod sa mga alagad, sino pa ang sumama kay Jesus nang Siya ay tumawid sa dagat ng Galilea bago ang Paskuwa? Juan 6:1, 2.

---

"Si Kristo ay nagpapahinga sa isang nakatagong lugar kasama ang Kanyang mga alagad, subali't ang pambihirang panahon ng mapayapang katahimikan na ito ay malapit nang masira. Ang mga alagad ay nag-akala na sila ay nagpahinga kung saan hindi sila magagambala; ngunit nang hindi matagpuan ng karamihan ang banal na Guro, nagtanong sila, 'Nasaan Siya?' Napansin ng ilan sa kanila ang direksyong pinuntahan ni Kristo at ng Kanyang mga alagad. Marami ang pumunta upang salubungin sila, habang ang iba ay sumunod sa pamamagitan ng kanilang mga bangka sa tubig. Ang Paskuwa ay malapit na, at, mula sa malayo at malapit, ang mga pangkat ng mga manlalakbay na patungo sa Jerusalem ay nagtipon-tipon upang makita si Jesus. Nadagdagan ang kanilang bilang, hanggang sa natipon ang limang libong mga lalaki bukod pa sa mga babae at mga bata. Bago pa si Kristo makarating sa baybayin, napakaraming tao ang naghihintay sa Kanya. Ngunit Siya ay dumaong nang hindi namamalayan ng mga ito, at gumugol ng kaunting panahon na hiwalay sa mga alagad."—*The Desire of Ages*, p. 364.

b. Ilarawan ang espirituwal na kalagayan ng mga taong nagtitipon. Marcos 6:34.

## 2. PANGANGALAGA SA ATING MGA PANGANGAILANGAN — Lun, Mar 24

a. Ano ang magiliw na pinansin ni Jesus na kinakailangan ng mga tao—at paano Niya ginamit ang pagkakataong ito upang subukin ang pananampalataya ng Kanyang alagad na si Felipe? Juan 6:3–6.

"Mula sa gilid ng burol [si Jesus] ay tumingin sa kumikilos na karamihan, at ang Kanyang puso ay naantig sa pagkahahabag. Siya man ay nagambala, at naagawan ng Kanyang pagpapahinga, hindi Siya nayamot. Nakita Niya ang isang mas malaking pangangailangan na kumukuha ng Kanyang atensyon habang pinagmamasdan Niya ang mga taong dumarating at paparating pa. Siya ay 'nahabag sa kanila, sapagkat sila ay gaya ng mga tupang walang pastol.' Umalis sa Kanyang pahingahan, nakahanap Siya ng isang maginhawang lugar kung saan Siya ay makapaglilingkod sa kanila. Hindi sila nakatanggap ng tulong mula sa mga pari at mga pinuno; subali't ang nakapagpapagaling na tubig ng buhay ay umaagos mula kay Kristo habang Siya ay nagtuturo sa karamihan ng daan ng kaligtasan. . . .

"Ang araw sa kanila ay tila langit sa lupa, at sila ay lubos na walang kamalay-malay kung gaano na katagal mula nang sila ay kumain ng kahit ano.

"Ang araw ay mahabang lumipas. Ang araw ay lumulubog na sa kanluran, ngunit ang mga tao ay nananatili. Si Jesus ay buong araw na nagpagal nang walang pagkain o pahinga. Siya ay namumutla dahil sa pagod at gutom, at ang mga alagad ay nakiusap sa Kanya na huminto sa Kanyang pagpapagal. Subali't hindi Siya makaalis ng Kanyang sarili sa maraming tao na nagpupumilit sa Kanya. . . .

"Siya na nagturo sa mga tao ng paraan upang magkaroon ng kapayapaan at kaligayahan ay nag-iisip din sa kanilang mga temporal na pangangailangan tulad ng kanilang espirituwal na pangangailangan. Ang mga tao ay napagod at nanghihina. May mga ina na may mga sanggol sa kanilang mga bisig, at maliliit na bata na nakakapit sa kanilang mga laylayan. Marami ang nakatayo ng mahabang oras. . . .

"Marami ang nagmula sa malalayo, at walang kinain mula umaga. Sa mga kalapit na bayan at nayon ay maaari silang makabili ng pagkain. . . . Ngunit sinabi ni Jesus, 'Bigyan ninyo sila ng makakain,' at pagkatapos, lumingon kay Felipe, nagtanong, 'Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito?' Ages, pp. 364, 365.

b. Ano ang reaksyon ni Felipe? Juan 6:7.

"Si Felipe ay tumingin sa parang dagat ng mga ulo, at inisip kung gaano ka-imposibleng magbigay ng pagkain upang matugunan ang mga pangangailangan ng gayong karaming tao. Siya ay sumagot hindi magkakasiya sa kanila ang dalawang daang denariong tinapay upang hati-hatiin upang makakain ng kaunti ang bawa't isa."—Ibid.

## 3. ANOMAN ANG MAYROON

Mar, Mar 25

a. Anong impormasyon ang ibinigay ni Andres kay Jesus—at ano ang iniutos ng Panginoon sa mga alagad na gawin? Juan 6:8–10.

"Si Jesus ay nagtanong kung gaano karaming pagkain ang makikita sa mga kasamahan. 'May isang batang lalaki rito,' sabi ni Andres, 'na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang isda; datapuwa't gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan?' Inutusan ni Jesus na ang mga ito ay dalhin sa Kanya. Pagkatapos ay inutusan Niya ang mga alagad na paupuin ang mga tao sa damuhan na may bilang na limampu o isang daan, upang mapanatili ang kaayusan, at upang masaksihan ng lahat kung ano ang Kanyang gagawin." – The Desire of Ages, p. 365.

b. Ipaliwanag ang mga hakbang na ginawa ni Kristo sa pagpaparami ng pagkain—at anong mga aral ang matututunan natin dito. Mateo 14:19; Marcos 6:37–41; Juan 6:11.

"Si Jesus ay hindi sinikap na akitin ang mga tao sa Kanya sa pamamagitan ng pagbibigay-kasiyahan sa pagnanais ng karangyaan. Sa malaking karamihan na iyon, na pagod at gutom pagkatapos ng mahaba, kapana-panabik na araw, ang simpleng upa ay isang katiyakan kapwa ng Kanyang kapangyarihan at ng Kanyang magiliw na pangangalaga sa kanila sa mga karaniwang pangangailangan ng buhay. Ang Tagapagligtas ay hindi ipinangako sa Kanyang mga tagasunod ang mga karangyaan ng sanlibutan; ang kanilang kalagayan ay maaaring mahadlangan ng kahirapan; ngunit ang Kanyang salita ay ipinangako na ang kanilang pangangailangan ay matustusan, at Kanyang ipinangako ang higit na mabuti kaysa sa makalupang kayamanan—ang nananatiling kaaliwan ng Kanyang sariling presensya."—*The Ministry of Healing,* pp. 47, 48.

"Sa himalang ito, si Kristo ay tumanggap mula sa Ama; Ibinahagi Niya sa mga alagad, ang mga alagad sa mga tao, at ang mga tao sa isa't isa. Kaya lahat ng kaisa kay Kristo ay tatanggap mula sa Kanya ng tinapay ng buhay, at ipapamahagi ito sa iba. Ang Kanyang mga alagad ang itinalagang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ni Kristo at ng mga tao."—Ibid., p. 49.

c. Anong aral sa tunay na paglilingkod dito tayo ay pinaaalalahanan? Isaias 61:6.

"Ang mga alagad ay dinala lahat ng mayroon sila kay Jesus; ngunit hindi Niya sila inanyayahan na kumain. Inutusan Niya silang pagsilbihan ang mga tao. Ang pagkain ay dumami sa Kanyang mga kamay, at ang mga kamay ng mga alagad, na umaabot kay Kristo, ay hindi naubusan. Ang kaunting nakahanda ay sapat para sa lahat. Nang mapakain na ang karamihan, ang mga alagad ay kumain kasama ni Jesus ng mahalagang pagkain na ibinibigay ng langit."—Ibid.

## 4. ANG KAGANDAHAN NG PAGBABAHAGI

Miy, Mar 26

a. Ano ang dapat nating matutunan mula sa mahalagang tagubiling ibinigay ni Jesus pagkatapos pakainin ang karamihan? Juan 6:12, 13.

"Nang matipon ang mga bakol na may pinagputol-putol na tinapay, ang mga tao ay naisip ang kanilang mga kaibigan sa bahay. Nais nilang makibahagi sila sa tinapay na pinagpala ni Kristo. Ang mga laman ng mga bakol ay ipinamahagi sa sabik na karamihan, at dinala sa palibot ng buong lupain."—*The Desire of Ages,* p. 368.

"Si Jesus ay inutusan ang Kanyang mga alagad, 'Pulutin ninyo ang mga pinagputol-putol na lumabis, upang walang anomang masayang.' Juan 6:12. Ang mga salitang ito ay nangangahulugan ng higit pa sa paglalagay ng pagkain sa mga bakol. Ang aral ay may dalawang bahagi. Walang anomang dapat masayang. Hindi natin dapat hayaang makalampas ang mga temporal na kapakinabangan. Huwag nating pabayaan ang anumang bagay na makakatulong sa tao. Hayaang tipunin ang lahat ng bagay na makakatulong sa mga pangangailangan ng mga nagugutom sa mundo. Sa parehong pag-iingat ay dapat nating pahalagahan ang tinapay mula sa langit upang matugunan ang mga pangangailangan ng kaluluwa. Sa bawat salita ng Diyos tayo ay mabubuhay. Walang bagay na sinalita ng Diyos ang dapat masayang. Wala ni isang salita na may kinalaman sa ating walang hanggang kaligtasan ang dapat nating pabayaan. Walang kahit isang salita ang mahuhulog na walang saysay sa lupa."—*The Ministry of Healing*, p. 48.

b. Kahit na mukhang mahirap o imposible, anong Kristianong katangian ang hinihiling na ating linangin? Isaias 58:6–8; 1 Pedro 4:9.

"Sa bawat hindi inaasahang pangyayari tayo ay dapat humingi ng tulong sa Kanya na may walang hanggang mapagkukunan sa Kanyang kapangyarihan. . . .

"Habang nakikita natin ang mga pangangailangan ng mga dukha, ng mga walang alam, mga naghihirap, gaano kadalas na ang ating mga puso ay nalulugmok. Tayo ay nagtatanong, 'Ano ang pakinabang ng ating mahinang lakas at munting mga mapagkukunan upang matustusan ang matinding pangangailangang ito? Hindi ba tayo maghihintay sa isang taong may higit na kakayahan na manguna sa gawain, o sa ilang samahan na mangangasiwa nito?' Sabi ni Kristo, 'Bigyan ninyo sila ng makakain.' Gumamit ng pamamaraan, panahon, kakayahan, na mayroon tayo. Dalhin kay Hesus ang inyong mga tinapay na sebada.

"Bagaman ang inyong mga mapagkukunan ay maaaring hindi sasapat upang pakainin ang libu-libo, maaaring sapat ito upang mapakain lamang ang isa. Sa kamay ni Kristo maaari nilang pakainin ang marami. Tulad ng mga alagad, ibigay kung ano ang mayroon tayo. Si Cristo ay pararamihin ang kaloob. Gagantimpalaan Niya ang matapat, ang simpleng pagtitiwala sa Kanya. Ang tila kakaunting panustos ay magpapatunay ng isang masaganang piging."—Ibid., pp. 49, 50.

## 5. ANG ATING MAYLALANG AT TAGAPAGTAGUYOD

Huw, Mar 27

### a. Anong kahanga-hangang katangian ng Diyos ang hindi natin dapat makalimutan? Awit 37:25, 26; Filipos 4:19.

"Ang biyaya ng Diyos sa maliit na bahagi ang gumagawa ditong sapat sa lahat. Ang kamay ng Diyos ay maaaring paramihin ito ng isang daang ulit. Mula sa Kanyang mga pinagkukunang-yaman Siya ay makapaglalatag ng mesa sa ilang. Sa pamamagitan ng paghipo ng Kanyang kamay ay maaari Niyang paramihin ang kakaunting pagkain at gawin itong sapat para sa lahat. Ang Kanyang kapangyarihan ang nagparami ng mga tinapay at trigo sa mga kamay ng mga anak ng mga propeta. . . .

"Nang inutusan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na bigyan ng makakain ang karamihan, sumagot sila, 'Wala tayo kundi limang tinapay at dalawang isda; malibang kami'y magsiyaon at ibili ng pagkain ang lahat ng mga taong ito.' Lucas 9:13. Ano iyon sa napakaraming tao?

"Ang aral ay para sa mga anak ng Diyos sa bawat kapanahunan. Kapag ang Panginoon ay nagbibigay ng gawain na dapat gawin, huwag huminto upang magtanong sa pagiging makatwiran ng utos o sa maaaring magiging resulta ng kanilang pagsisikap na sumunod. Ang panustos sa kanilang mga kamay ay tila magkukulang sa pangangailangang dapat mapunan; ngunit sa mga kamay ng Panginoon ito ay magpapatunay na higit pa sa sapat. . . .

"Ang lubusang pagkadama ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga binili Niya sa pamamagitan ng pagkaloob ng Kanyang Anak, ang mas malaking pananampalataya sa pasulong na pag-unlad ng Kanyang layunin sa lupa—ito ang malaking pangangailangan ng iglesia ngayon. Huwag hayaang sayangin ang panahon nang sinuman sa pagbubuntong-hininga sa kakapusan ng kanilang nakikitang mga mapagkukunan. Ang panlabas na anyo ay maaaring nakakapanghina ng loob, ngunit ang sigasig at pagtitiwala sa Diyos ay magpapaunlad ng mga mapagkukunan. Ang kaloob na dinadala sa Kanya na may pagpapasalamat at may pananalangin para sa Kanyang pagpapala, ay Kanyang pararamihin tulad ng Kanyang pag-paparami sa pagkaing ibinigay sa mga anak ng mga propeta at sa napagod na karamihan". —*Prophets and Kings,* pp. 241–243.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mar 28

1. Ilarawan ang pag-uugali ng bayan ng Dios sa pakikinig ng mga salita ni Kristo.
2. Paano ang Panginoon tinutustusan ang kanilang mga pisikal na pangangailangan?
3. Ano ang matututunan natin sa pamamaraan ni Kristo na mapanatili ang kaayusan ng karamihan?
4. Ano ang dapat kong alalahanin kailanman inaatasang, "Bigyan ninyo sila ng makakain"?
5. Banggitin ang mga pagkakataon kung kailan ang probidensya ng Diyos para sa iyo ay bukod-tanging naging kapansin-pansin.

# Mga Handog sa Unang Sabbath




## Sabbath, Enero 4

### Multipurpose Center for Health and Education in Paraguay

Ang inyong saganang mga kaloob ay magpapasigla sa kalusugan at pananampalataya ng marami.(see p. 4).



## Sabbath, Pebrero 1

### World Disaster Relief

Ang handog na ito ay magbibigay ng tulong sa mga indibidwal sa mga lugar na naapektuhan ng mga sakuna, sakit, kamatayan, o ng mapaghamong mga kaganapan. (see p. 25).




## Sabbath, Marso 1

### "Children of Character" Education Center

Tumulong upang matapos ang pagtatayo ng bagong pasilidad ng maagang edukasyon para sa maliliit na bata sa Romania (see p. 46).